


# *The Boyish Princess Met The Bubbly Prince*

By KrixZeroEight



Copyright © 2012 by KrixZeroEight's Stories

## **Description:**

☞♥☞ Katulad nang 'The Dream Prince Met The Sadist Princess', ito ay sa mga Side Story nang 'My Double Prince' kaya kung maaari lang ay basahin muna ang 'My Double Prince' pero kung gusto nyo pong ito ang una nyong basahin, GO lang! hindi naman ganoon makakaapekto ang 'My Double Prince' sa daloy nang kwento nito may ibang parts lang na mabababanggit pero wag nyo na lang pakialaman kung hindi nyo alam dahil paniguradong galing yun sa 'My Double Prince'. At isa pa AKING story po ito, LAHAT kasama ang mga plot/story, settings at pati mga character. SALAMAT! ☞♥☞

♥♥♥Vote And Comment kayo every Chapter KUNG GUSTO (walang pilitan)♥♥♥

*...Prologue...*

Boys?

Madaming babaeng kailangan DAW nila nang ganyan for popularities, for love and for securities.

But Me?

Don't Count me in.

I don't need them.

Hindi ko kailangan maging popular, hindi ko kailangan nang love at lalong hindi ko kailangan nang securities,.. dahil kaya kong protektahan ang sarili ko.

Everybody says that 'I'm Boyish' at 'walang magkakagusto sakin', even my friends told me that.

Pero wala akong pakialam.

Sakit lang sa ulo ang mga lalaki.

Sabi nga ni Angel Locsin sa Unofficially Yours: "Bakit pa ko kukuha ng bato, kung ipupukpok ko lang din naman sa ulo ko?"

...Yan ang paniniwala ko dati...

Masakit mang isipin pero katulad ni Angel Locsin,

Nabalewala lahat nang paniniwala ko dati sa mga lalaki...

Nang dumating siya...

Nang dumating siya sa buhay ko...

**SINO BA NAMANG GAG\* ANG SUMIRA NANG PANINIWALA KO!?!?**

Nakakaasar siya, ayos naman lahat nang nasa akin eh, ayos lang ang takbo nang buhay ko pero simula nang makilala ko siya.

Hinahanap ko na yung hinahanap nang mga babae sa lalaki, ang LOVE at SECURITY!

D.MN HIM!! BIG TIME!! -\_\_-+++

Napakakulit niya...

Napakamasiyahin...

Parang bata...

Pero kahit ganon siya, siya lang ang lalaking nagparamdam sakín na hindi lahat nang lalaki ay pare-pareho...

--Kyle Castro

(A/N: kilala nyo pa po ba si 'Kyle' mga MDP Readers? Hahaha ^\_\_^ eh sino ba ang lalaking tinutukoy niya? Gusto niyo bang malaman, bakít hindi niyo na lang basahin ang story niya... Tapos ko na to siguro in 10 days? Or 7? Or more? I don't know, don't ask me such things. Hahahaha ^\_\_^ enjoy reading po sana magustuhan niyo siya katulad nang pagkagusto niyo sa 'My Double Prince' at 'The Dream Prince Met The Sadist Princess',.. ciaooo!! Abangan niyo ang MGA UD ko. MGA kasi marami agad. Hahaha ^\_\_^ ang saya ko noh?)

Next Chapter > Him!

## Chapter 1

>Kyle's POV<

“Hoy Kyle! Nakikinig ka ba?!”, si Claire sabay wagayway nang kamay sa harap nang mukha ko.

“a-ah! ano nga ba ulit yun?” tanong ko.

“hindi ka na naman nakikinig, pinapayuhan po kaya natin si Chloe...”, Claire. (~.~)++++

“sorry. sorry.”, ako.

“oh! soo Chloe. anong balak mong gawin?”, ako.

“balak gawin?”, si Chloe.

“Chloe nakipag-break sa’yo si Chad para lang sa babaeng yun siyempre kailangan nating gumanti, you know?”, si Claire. (+\_\_\_+)

“walang may kasalanan sa nangyari, tanggapin na lang natin”, malungkot na sabi ni Chloe sabay ngiti nang mapait.

Nasa cafeteria kami ngayong tatlo nina Chloe at Claire, magkakaklase kami ngayong 2<sup>nd</sup> year, noon kasing 1<sup>st</sup> year napahiwalay samin ni Claire si Chloe.

Nagtataka ba kayo kung ano pinag-uusapan namin?!

It’s all about sa break-up ni Chloe at Chad. Pssh -\_\_\_-

(A/N: sa mga MDP Readers! Baka maguluhan kayo, 2<sup>nd</sup> year pa lang sila dito kaya hindi pa si Chloe at Andrew, di ba nga 1<sup>st</sup> day ng 2<sup>nd</sup> year ay Broken-Hearted pa si Chloe gawa kay Chad at hindi pa sila ni Andrew!)

Matapang na babae si Chloe, she’s a tough girl pero alam naming dalawa ni Claire na sa loob ni Chloe, may parte sa kanya na gusto niyang iiyak. Nagpagupit pa yan nang buhok niya at bagay talaga sa kanya.

Hinayaan na lang namin na manahimik kasi alam din namin ni Claire na mas makakaganda kay Chloe yung minsang makakapag-isa at nakakapag-isip.

Pumasok na kami sa room naming tatlo!

Sabi ko nga, magkakaklase kami ngayong 2<sup>nd</sup> year kaya iisa lang room namin.

Pagkapasok na pagkapasok pa lang namin nang room ay nakipagkulitan na si Chloe kay Andrew..

Umupo na rin ako sa designated na upuan para sa amin at nasa tabi ako nang bintana napaupo, sa medyo harap ko si Claire at sa likod ko naman sina Chloe at Andrew.

Napa-isip ako, bakit hindi sinisisi ni Chloe si Chad?!

Di ba sinaktan siya ni Chad?!

Di ba niloko siya ni Chad?!

Pero bakit---bakit hindi niya magawang magalit kay Chad?!

He'a at fault.

Boys are so unfair, lagi bang kailangan babae ang nasasaktan pagdating sa relationship.

Dumating na ang magiting na guro namin.

At ang sabi niya ay...

“Blah... Blah... Blah... Blah... is the Blah of Blah Blah Blah Blah....”

Ako nga pala si Kyle Castro, isang normal na High School Student. 2<sup>nd</sup> year ko na ngayon sa Acuin High at Baseball player ako pero minsan lang ako umattend nang practice kasi hindi naman ako active member. Yung kausap ko kanina ang aking True Friends, sina Claire at ang pinapayuhan namin kanina ay si Chloe. Isa lang ang naging dahilan kung bakit ako nandito yun ay dahil kay Claire na Boyfriend ay nag-aaral dito at si Chloe na may gusto kay Chad pero sinaktan lang siya nito. Walang kwenta ang mga lalaki, they are just *BULLSH.T!!* One most important thing about me: I Hate Boys, I'm not allergic or whatsoever, it's just that I don't want to be near them.

Lalo na sa **kanya**, napakakulit niya. Simula na lang nang makilala niya ako ay lagi na lang niya kong kinukulit, hindi ba siya marunong sumuko? Tsk.

-----  
“Chloe! Kyle!, tara!”, Claire.

“saan?”, ako.

“makikipag-date sa sabado!”, si Claire \m/

“Pass ako!”, ako (=.=

Tapos na ang klase namin pero marami pa rin ang kaklase namin na nasa loob nang room.

“dali na!”, pangungulit ni Claire <( >0< )>!!!

“di ba may Boyfriend ka? Hindi ka ba natatakot na makipag-date sa ibang lalaki”, ako -\_\_-

“ehhhh.... I don't care!”, Claire >0<

“kayo na lang ni Chloe”, ako

“ayan ka na naman sa pagiging man hater mo eh!”, Claire

“hindi ka pa ba nagsasawa sa lalaki?! tingnan mo nga yang napala natin nang makipag-group date tayo, di ba sinaktan lang ni Chad si Chloe?”, out of nowhere kong nasabi eh kasi naman.

“KYLE!”, saway ni Claire.

*SH.Z!!*

Nabanggit ko ang isang bagay na dapat hindi mabanggit sa harap ni Chloe.

“Chloe, I'm sorry. hindi ko naman sinasadya na—“ (>.<

“ano ka ba! ayos lang yun, pass na rin muna ako sa date na yan hahaha”, si Chloe

Biglang lumakad si Chloe palabas nang pinto nang room.

“sige alis na ko”, sabi ni Chloe na hindi natingin samin.

Ayaw niyang makita namin na nasasaktan pa rin siya hanggang ngayon.

Lumabas na si Chloe at sumunod naman si Andrew.

Hindi na namin sinundan ni Claire, alam namin kung kailan kami kailangan ni Chloe.

“ikaw kasi!”, si Claire na nagdabog sa upuan <( >0< )>!!!

“alam mo namang ayaw ko eh, bat mo ba ko pinipilit! Ayoko sa lalaki at hindi ko kailangan nang love life, okay?!”, ako habang nag-aayos nang gamit ko -\_\_\_-

Nakarinig ako nang tilian at hiyawan nang mga babae sa labas nang room, ano naman kaya yun?

“I bet na sasabihin mo yan... kung nandito na yung Prince Charming mo!” ^o^

“Prince Charming?”, tanong ko habang nakatingin sa kanya (.~\_~)

At parang tinuturo niya yung labas nang room gamit ang labi niya.

“*S.H.T!*”, napabulong ako.

Don't tell me na nandito na naman siya?

Oh No! Please! Kasisimula pa lang nang 2<sup>nd</sup> Year ko.

Tumingin ako sa labas nang room at nakita ko ang isang lalaki na pinagkakaguluhan nang mga kaklase kong babae.

(O\_\_O”

Siya nga!

Nagmadali akong ayusin ang gamit ko at saka ako naglakad palabas nang kabilang room kung saan walang tao.

“san ka pupunta?!”, rinig kong tanon ni Claire pero hindi ko siya sinagot.

Hindi ako makakadaan sa 1<sup>st</sup> door nang room dahil nandon siya kaya sa 2<sup>nd</sup> door na lang ako lalabas, paniguradong hindi naman niya ako dun makikita dahil maraming babae ang nagkakagulo sa kanya.

Pagkalabas ko nang 2<sup>nd</sup> door ay dumiretso ako sa Fire Exit para hindi ako dumaan kung saan nandoon siya at ang babaeng nagkakagulo sa kanya.

SUCCESS!!! \(\^\_\_^\)/

-----

Nasa labas na ako nang Campus at pauwi na ako.

Hindi tuloy ako nakapag-practice nang Baseball dahil paniguradong pupunta siya sa Field kung saan ako nagpa-practice kapag hindi niya ako nakita sa room kaya naman no choice ako kung hindi umuwi na lang.

Bakit nga ba ako ang nagtatago?!

Hindi ko na rin alam, nasanay na rin ako dahil napakakulit niya talaga kahit na sinabi ko na na wala talaga akong gusto sa kanya.

Naglakad na lang ako hanggang malapit na ako sa Village namin, exercise na rin.

“hey miss!”, Boy 1 na mukhang tambay

“pssst... number naman oh!”, Boy 2

“come on! Don’t be such an old hag”, Boy 3

May tatlong lalaki akong nakita pero nilampasan ko sila, alam kong ako ang tinatawag nila. mas pinapababa nila ang tingin ko sa lalaki.

“come on! just this night, we can make you happy!”, boy 2

Nagdire-diretso lang ako sa paglalakad.

Naramdaman kong sumusunod sila sa akin.

“wag ka nang pa-hard to get, gusto mo rin naman eh”, boy 3

Biglang may kamay na pumatong sa balikat ko kaya napatigil ako sa paglalakad.

Don’t touch me by your filthy hands, *Son of a B.TCH!!* - \_\_\_\_ -

Hinarap ko na silang tatlo at bibigyan ko na sana sila nang lesson na hinding hindi nila makakalimutan pero biglang...

“Don’t touch my girlfriend!”

Napatingin ang 3 lalaki pati ako sa nagsalita.

“Girlfriend mo to?”, Boy 1

“Yes!”, plain na sagot niya ^o^

Iniiwasan ko nga siya kanina but now, here he is... Standing like a Prince charming in front of the villains at the middle of the street.

But sorry! I’m not a Princess.

At isa pa, paano ba niya nalalaman kung nasan ako?! Is he a stalker?!

No let me rephrase it, Is he a Secret Admirer?!

Sabi kasi nina Claire na depende daw sa physical appearance kung stalker o secret admirer ang tawag. (=.=”

At oo, hindi ako malapit sa lalaki pero alam ko kung ano ang gwapo sa hindi.



At siya?! Well, isa lang naman siya sa inaabangan nang mga babae sa school kapag papasok o kakain sa cafeteria bukod kina Chiron at Chad. - \_\_\_ -

“Loko pala to eh, girlfriend mo?! Pano kami maniniwala eh mag-isa siyang naglalakad!” boy 2

“Tsk, I said don’t touch my GIRLFRIEND!”, siya.

Nakahawak pa rin kasi sa si Boy 3 sa balikat ko.

“Eh gago pala to eh!!” boy 3.

Bigla akong binitawan ni Boy 3 at sinugod siya.

...The next thing I knew...

Nakatumba na ang tatlong lalaki.

Naglakad na ako papalayo.

“Wait! Hahatid na kita!”, rinig kong sigaw niya. ^o^

“Hindi na! kaya ko ang sarili ko” - \_\_\_ -

“O-kay!” (. \_ \_)

-----

Naglalakad pa rin ako.

Errrrrr, = \_\_\_ =

Sabi niya ‘o-kay!’, pero bakit siya sumusunod saakin?! - \_\_\_ -

Naglakad pa rin ako at malapit na ako sa bahay pero hindi ko na mapigilan kaya hinarap ko na siya.

“Stalker ka ba?!?”

“Secret Admirer”, siya sabay ngiti ^o^

I know so.

“Wag mo na kong sundan, okay?!?”c= \_\_\_ =

“Sinusundan, may pupuntahan lang naman ako eh at nagkataon na parehas tayo nang dadaanan”

“Fine!”, ako

Nagsakripisyo pa akong umalis sa school nang maaga para makalayo sa kanya pero hindi rin tagumpay dahil kasunod ko na naman siya.

Kung hindi niyo pa alam, ang lalaki ngayon na sumusunod sa akin at ang lalaki kanina sa school na iniwasan ko ay iisa.

Nasa tapat na ako nang bahay.

Kaya tumigil na rin ako sa paglalakad at naramdaman kong tumigil din siya sa paglalakad.

“akala ko ba may pupuntahan ka, bakit ka tumigil dito?!” tanong ko pagkaharap ko sa kanya (-.-) (^^.)

“pupuntahan?! Ah-OO! may pupuntahan nga ako! hahaha”, siya. ^o^

Tumatawa na naman siya na parang 7-years old boy.

“o-kay!, salamat kanina”, kahit na ganto ako ay marunong pa rin akong magpasalamat

Papasok na sana ako nang pigilan niya ako sa wrist ko.

“a-anong sabi mo?”, siya na parang tuwang-tuwa

“salamat”, sabi ko na parang wala lang!

“isa pa!”

“salamat!”

“isa pa!”

“salamat!”

“bakit ba hindi mo ko tinatawag sa pangalan ko, sabihin mo yung pangalan ko saka yung salamat!”

“Papasok na ako!” - \_\_\_ -

Hinigpitan niya yung hawak sa wrist ko.

“Kapalit nang pagligtas ko kanina, sa’yo” (^^.)

“Kahit hindi mo ko niligtas, kaya ko silang tatlo” (=.=

“Pero ako pa rin ang nagligtas sa’yo at hinayaan mo kong iligtas ka!” (^^.)””””

Errmm - \_\_\_ - okay! no choice talaga lagi ako pagdating sa isip bata na masayahin na lalaking to!

“Salamat CIRO!! happy?”, ako

“Happy!” siya sabay ngiti nang malapad. (^ \_\_\_ ^)

Bigla niyang ginulo yung buhok ko.

“Sige! Pasok ka na! bukas ulit!!!”, siya habang patakabong sumisigaw at kumakaway.

Tsk! As if may bukas pa! sisiguraduhin kong sa iba ako dadaan o magpapasundo na lang ako sa driver para wala nang next time.

Pumasok na ako sa gate na binuksan ni manong guard at sumalubong sakín si Kuya Nathan!

“Hindi pa rin siya sumusuko, 1 taon na ata ah!” (.^^) (--.)”

“Susuko rin yan!”

“I don’t think so little princess, hahaha”, si kuya Nathan.

Hinayaan ko na si Kuya Nathan dahil paniguradong lolokohin na naman ako niyan, pumasok na ako sa bahay at umakyat sa kwarto ko.

1 year na nga rin palang ganon ang turing niya sakín,

Si Ciro, isa siya sa mga kaibigan nang Ex ni Chloe na si Chad at boyfriend ni Claire na si Chiron!

Nakilala namin siya sa isang group date nung Grade School pa lang kami, si Claire ang nagyaya sa amin ni Chloe at that time dahil sabi niya ay niyaya daw siya nang isang high school student, si Chiron. Tapos napagdesisyunan nila na group date na lang kaya sumama naman kami ni Chloe, ayaw ko talaga nung una pero pinilit lang ako nung dalawa.

At doon din nakilala ni Chloe si Chad na EX niya ngayon, nag-nose bleed pa si Chloe nang makita ang katawan ni Chad noon!

1 year na pala! Pero parang ang bilis nang panahon..

Napa-isip ako sa sinabi ni kuya nathan! Hindi titigil? MALABO! Magsasawa rin yan at maghahanap nang iba!

-----  
(A/N:

Mga MDP Readers! May advantage kayo dito, kilala niyo na ang mga character ko, kilala niyo pa ba si **Ciro**, ang kabarkada ni **Chiron** at **Chad**?! hahaha :DD ano nga ba ang kinalaman ni **Ciro** sa buhay ni **Kyle**?! Sorry guys! mahina talaga ako pagdating sa Chapter 1 nang kwento eh, kaya bear with me please! Hahaha :DD)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > He's Impossible!!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 2

Nakatingin ako sa masasabi mong isa sa mga sobrang gandang bagay na makikita sa mundo.

Tanging liwanag lang nito ang nagbibigay ilaw sa paligid ko.

Ang ganda nito, puting-puti at bilog na bilog siya ngayon.

Full Moon ata ngayon eh.

“Sweety Baba ka na dyan! Malalate ka na sa Baseball Practice niyo!!”, sigaw ni Kuya Nathan mula sa 2<sup>nd</sup> floor nang bahay.

“Sige kuya! Bababa na!”, ako.

Madaling araw na.

“Nandyan ka na naman! Baka mahulog ka!!”

“Bababa na ako!!”

Tuwing madaling araw, nakasanayan ko na na umakyat sa bubong nang bahay namin para lang makita ang buwan. Lalo na pag Full Moon ito ewan ko pero kakaiba yung feeling ko kapag nakikita ko ang buwan.

Inabangan ko na rin ang sun rise. Ang ganda! Tumatama sa balat ko ang init nang araw.

Bumaba na ako dahil maaga ang practice namin ngayon para sa Baseball.

I’m a lover of baseball, weird ba na babae ako tapos ang hilig ko baseball?

Masaya kasi ang baseball, SOBRA!!

Kahit sabihin na babae ako.

Minsan nga niloloko nila akong Boyish kahit sina Chloe at Claire. tsk. =.=”

Mga naturingang True Friends lagi akong niloloko kesyo ‘babae daw gusto ko’ at ‘wala daw akong hilig sa lalaki’. \*sigh\*

Hindi ko na lang pinapansin, hindi ko naman maide-deny na wala talaga akong hilig sa mga lalaki, simula nang mangyari at makita ko ang mga bagay na yun.

I used to play as a princess and I always wanted my Kuya Nathan to play the role of my Prince when we were young.

I always said that “when I grow up, I’ll marry a Handsome Prince”

But now, it’s different... it’s complicated...

Psshhh~!! (~.~)

So much for this drama! Bumaba na ako sa bubong at pumunta ako sa kwarto ko na nasa 2<sup>nd</sup> floor din nang bahay, hanggang 3<sup>rd</sup> floor kasi ang bahay namin.

Napatingin ako sa wall clock, 5:30 am na!

“Tigilan mo na yang pagakyat-akyat mo sa bubong, baka mahulog ka pa!”, salubong sa kin ni kuya Nathan na kalalabas lang nang kwarto niya.

Magkatapat lang ang kwarto namin.

“hahaha kaya ko ang sarili ko!”

“don’t act as a tough girl little princess”, mahinahong sabi niya.

“kaya ko nga sarili ko, ako pa!”, pagyayabang ko d^\_^b

“Nah!~ I bet sasabihin mo pa ang mga salitang yan pag dumating na ang Handsome Prince mo Sweet!” \^m^/

“hahaha, I don’t need a prince in my life” -\_\_\_-

“look princess, matagal na yun, hanggang ngayon ba magpapa-apekto ka pa rin?”

“Kuya! Let’s not talk about it, mala-late na ko”

“little princess, hanggang kalian ka magkakaganyan”

Hindi ko na siya pinansin, pumasok na ako sa kwarto ko.

Isa sa mga lalaking importante sa akin si Kuya Nathan, ayaw niyang nasasaktan ako sa kahit na anong paraan. Sa pamilya naming, si Kuya Nathan ang madalas kong makasama dahil busy si Mama sa Family Business namin. At si Kuya Nathan ang successor nang business pag nag-graduate na siya, ayokong mangyari yun dahil siguradong mawawalan nang time sakin si Kuya Nathan.

Importante siya sakin pero ayoko lang talagang pinag-uusapan ang bagay na yun.

I don’t need a prince. And that’s it!

-----  
“Whaaaatt?!!! Agaaaiinnn?!!!”, napasigaw ako. As in SIGAW talaga! <(0)>!!!

Napatingin lahat nang kakalse ko sakin pero hindi ko sila pinansin, hindi pa naman nage-start ang klase.

Tapos na rin ang practice naming.

Naglapit sina Claire at Chloe kung saan ako nakaupo.

“bakit ka sumigaw? My poor ears”, si Claire sabay hawak sa tenga niya T^T

“may nangyari ba?”, Chloe.

“a-Ah! Wala naman, ano?! Akala ko kasi may quiz kasi naman t-tingnan mo sila oh” sabay turo ko sa mga kaklase ko “nagre-review na naman”

Tiningnan ako ng masama ng mga kaklase ko nang tinuro ko sila.

(.~\_~) (#\_#) (-\_-) (.@\_@) (&\_&) <--(--)

Okay Dedma lang tayo!

(.~\_~) (#\_#) (-\_-) (.@\_@) (&\_&) (..)

“ano ka ba? walang quiz.”, Chloe.

“mga O.A. lang kaklase natin sa recitation, tatakbo atang valedictorian” ^o^V

“aah! He-he, oo nga!”, ako sabay kamot sa ulo ko. (-.)\

Napakauto-uto talaga nitong dalawang to.

Ang totoo niyan alam ko naming O.A lang mga kaklase naming, at alam kong walang quiz.

Palusot ko lang yun.

Hindi ko pwedeng sabihin sa kanila to noh?!

Baka lokohin na naman nila ako dun,

Ang dahilan nang pag-sigaw ko?

Isang text.

From: 09185505\*\*\*

> Ang galing mo talaga sa practice! Hehe ang cute mo kapag nagpa-practice, buti may dala akong DSLR kanina. At oo nga pala *Loves*, intayin kita kahit anong mangyari mamaya ha? Same time, Same place. <

Yan ang nabasa kong text pagkaopen na pagkaopen nang cellphone ko. @\_@

Hindi ko sina-save ang number pero isa lang ang tumatawag sakín ng '*Loves*' sakín, siya yun at wala nang iba. =\_\_=

Okay lang naman kasi na nanuod siya nang practice, sanay na ako dahil lagi ko siyang nakikita na umaga napasok at pinapanuod ako sa practice pero DLSR?!

Pinicturan niya ba ako?!

*SH.Z!!*

At hindi ba siya nagsasawa, 'iintayin kita kahit anong mangyari'.

Kailan ba siya susuko. >.<”

Bumalik na si Chloe sa tabi ni Andrew dahil magkatabi sila at ganon din si Claire, dumating na kasi ang magiting naming guro kaya umupo na rin ako.

If you're going to ask me to describe him in one word,

Then, he's impossible! Grabe! -\_\_\_-

Siya ba si Kim Possible, at nagagawa niya ang mga bagay na impossible,. Nyahh!~ Korni!

-----  
“Tara sa I'm Yours Bar mamaya”, akit ni Claire \m/

“per---“, hindi ko na natapos ang sasabihin ko.

“Walang lalaki Kyle, okay?! Tayo-tayo lang!!” (.^^) (--.)”

Tinitigan ko siyang mabuti, impossibleng walang lalaking kasama to mamaya eh, baka mamaya isama pa si Chiron eh baka isama naman ni Chiron yung isa.

Magkaibigan kasi yung Boyfriend ni Claire at yung lalaking yun.

(. \_ )” \*death glare\* !!(~~.)



“Okay, hindi na! suko na ko. Hindi na ko magsasama, pssshhh!~”, Claire. (.\_.)

“Okay!”, sabi na nga ba eh meron tong kasama dapat

“Ano Chloe? Call?”, Claire.

“Go ako diyan!”, masayang sagot ni Chloe. (^.^)

“Kyle?”, Chloe.

“Okay! Kung Go kayo eh di Go na rin ako!”, ako (-.-)”

Labas na kami ngayon, at nandito kami sa tapat nang locker room at nag-aayos nang gamit.

“Hey! Chloe, do you have anyone in mind that you like?”, biglang tanong ni Claire kay Chloe out of nowhere.

Napa-isip naman si Chloe. (.^^) (--.)”??

“I don’t have anyone I like, I only want to focus on Club Activities, I’m not interested in any couple relationship”, si Chloe sabay nag-aayos ulit nang gamit niya. (.\_.) (^.^)

“What do you think of Andrew? He suits you”, tanong ko.

“PP...”, bulong ni Chloe na napatigil sa pag-aayos nang tanungin ko.

PP ang tawag niya kay Andrew, short for Perverted Prince.

“Our relationship, doesn’t really like friend relationship”, Chloe.

“How do I say it?”, nag-iisip siya. (--.)”??

“To put in bluntly, we’re enemies, basically just acquaintances”, siya.

“I pity him \*evil laugh\*”, Claire.

At nakita ko si Andrew sa tabi nang Locker Room kung nasaan kami.

At nyahaha >:) para siyang pinagbagsakan nang langit at lupa.

“Then what do you think of Ciro?”

“Right Chloe, what do you think of Ci---“, napatigil ako at napatingin kay Claire.

Sakin pala siya nakatingin, so para sakin pala ang tanong na yun.

“Wala! We’re just stranger, okay?”, sagot ko

“Wiiieeee.. Bulaan, samantalang may nakakita daw kanina sa DLSR niya at ang laman daw ay puno nang picture nang ISA diyan”, si Chloe.

**SH.Z!!**

So totoo nga na pinipicturan niya ako tuwing practice.

Gag\* talaga nun. (~.~)++++

“If I know, nagkakagusto na rin ang ating Boyish Princess kay Ciro no?”, si Claire na may pasundot-sundot pa sa tagiliran ko.

Tiningnan ko lang sila nang seryosong tingin.

“wala.akong.gusto.sa.gag\*ng.yun.okay?”, ako na blanko ang expression - \_\_\_ -

“o-kay, sabi mo eh”, si Claire sabay ayos ulit nang gamit niya pero nangiti-ngiti pa rin siya. (^.^)

Ngayon, alam nyo na ba kung bakit hindi ko sa kanila sinabi ang text nung gag\*ng yun?!

Ihhhh kasi naman, ang kulit-kulit po nang dalawang yan. >0<!!

Hindi sila titigil hangga’t walang nakukuhang sagot.

Umalis na rin kami pagkatapos naming mag-usap at mag-ayos nang gamit sa Locker.

Uuwi na kaming tatlo dahil mamaya ay gigimick kaming tatlo sa paborito naming Bar at kailangan pa naming maligo dahil buong maghapon ang klase namin.

Ayos lang na gumimick kami ngayon dahil sabado naman bukas. \m/

Talking about the whole-class of a high school student, sana College student na lang kami para may vacant time. Tsk. =.=”

-----

“Mag-iingat ka little princess”, si Kuya Nathan na nasa loob nang kwarto ko.

“Yah! Kuya, I’m not a baby anymore” - \_\_\_ -

“hahaha Nah!~ until your man took you away from me, you’ll always be my Little Princess” si Kuya Nathan sabay gulo nang buhok ko (.^^) !!(~.~.)

“Kuya! Ang tagal kong inayos yan, ginulo mo na naman!”, ako. >.<

“Hahaha, eh kasi ang ganda mo ngayon Little Princess”

“Always”

“Mag-ingat ka! Ihahatid ka ni manong kina Claire tapos i-text mo na lang siya pag-uuwi ka na o pag magpapasundo ka na, okay?”

“Yes kuya!” ^o^

Bumaba na ako at sumakay sa kotse, si manong ang magda-drive dahil wala pa naman akong Driver’s License at dahil ang hirap umalis ng ikaw ang magda-drive.

Bihis na rin ako, kahit naman po Boyish ako ay marunong akong mag-ayos sa sarili ko, I mean hindi ako yung literal na ‘boyish’, ayoko lang talaga sa lalaki. Allergic ata ako! Hahaha :))

“Ingat baby!”

Si kuya habang nakaway sa kin.

“Sige kuya!”

Pinaandar na ni manong ang kotse.

8:30pm na at 9:00pm ang usapan naming.

After 15 minutes ay dumating na ako sa bahay nina Claire.

Malawak din ang bahay nina Claire.

Sinalubong niya ako at pinaalis ko na si manong.

“Nasan na si Chloe?”, ako.

“As usual, late na naman sa usapan!”, Claire (~.~)

After 108685876 Years, O.A 25 minutes lang ay dumating na rin si Chloe.

“Nyahaha, surri” ^\_\_^V

“At dahil diyan libre mo kami”, si Claire.

“uWaaa wala akong pera!” ~(T^T)~

“Hahahaha, tara na nga!”, ako.

Umalis na kami, nagsakay kami sa kotse nina Claire at driver nila ang nagda-drive.

“Grabe! Ano yun!”, si Claire na nakaturo sa Autumn Park napadaan kasi kami sa Autumn Park.

Nakakita kami nang maliliit na liwanag sa Autumn Park.

“Sorry, kanina na **pinag-intay** ko kayo ha?!”, Chloe (^.^)

“Sanay na kami”, Claire =.=”

Pinag-intay?!

Pinag-intay?!!!!

> Ang galling mo talaga sa practice! Hehe ang cute mo kapag nagpa-practice, buti may dala akong DSLR kanina. At oo nga pala *Loves*, intayin kita kahit anong mangyari mamaya ha? Same time, Same place. <

**SH.Z!!**

I totally forgot about that one.

‘Intayin kita kahit anong mangyari’

Naalala ko ang sinabi niya.

Hindi kaya

Yung maliliit na ilaw na galling sa Autumn Park ay.

“Manong, paki-stop po nang car”, sabi ko kay manong driver.

“Bakit Kyle?”, si Claire.

“I’m sorry guys, maghanap na lang kayo nang lalaki niyo pero pass muna ako ngayon”, ako habang nag-aayos nang gamit ko.

“Ha?! Bakit naman?!”, pagtatakang tanong ni Chloe.

Binuksan ko ang kotse at bumaba na ako, bineso-beso ko silang dalawa.

“Basta! Sorry”, ako with hand gesture pa.

“Sige manong drive na kayo ulit, girls sorry!”, ako sabay takbo papunta sa Autumn Park.

Medyo malapit lang naman kasi hindi pa nakakalayo ang kotse nang bumaba ako.

Pagkadating ko sa Autumn Park (\*,\*)

Tama ang hinala ko, nagnining-ning ang maliliit na ilaw at nagmumula ito sa mga kandila na nakapalibot sa Autumn Park at sa gitna nito ay may Table na puno nang pagkain at dalawang upuan na magkatapat.

At hindi kalayuan sa lugar na yun ay nakatayo ang isang lalaki, naka-side view siya sa akin. Formal ang suot niya at may hawak na bulaklak.

Ang gwapo niya lalo ngayon. Para siyang Prince Charming na nag-hihintay sa Princess niya.

Pero nagmumukha na siyang tanga kasi kung hindi ako nagkakamali ang *same time* na sinasabi niya ay 8:00pm, ibig sabihin kung 9:30 na ngayon.

*SH.Z!!*

1 and half hour na siyang naghihintay dito at nakatayo na parang tanga sa gitna nang Autumn Park.

Bigla akong napatago sa katabi kong puno dahil titingin sana siya kung san ako nakatayo kanina.

Hindi na niya kailangang sabihin ang exact time at exact place dahil hindi naman ito ang unang beses na ginawa niya to.

Naka-20 na beses na niyang ginawa to, at ni isa dun wala akong sinipot.

Napunta ako pero katulad ngayon, hindi ko siya nilalapitan o hindi ako nagpapakita sa kanya.

Masama ba ako?

Ayoko lang siyang bigyan nang False Hope, sinabi ko na naman sa kanya na ayoko sa kanya eh siguro mga 30 na beses.

Pagkatapos kong sabihin yun, malulungkot siya pero the next day andyan na naman siya at nakatayo sa tapat nang room, iniintay ang paglabas ko. =.=

Napatingin ako sa paligid, parang mas bonga at mas pinaghandaan niya to.

Hindi ko mapigilang makonsensya tuwing magte-text siya nang katulad kanina na 'iintayin kita kahit anong mangyari' kasi nagiintay talaga siya hanggang 12.

At katulad pag sinasabihan ko siyang ayoko sa kanya, malungkot siyang aalis tuwing hindi ako dumadating pero tuwing umaga nang mga 5:30 andyan siya sa Field at nanunuod nang Baseball Practice ko.

He's impossible.

I know right.

Makaka-2 oras na akong nakatayo sa likod nang puno at siya naman ay pabalik-balik, minsan nakatayo minsan naman uupo.

Tiningnan ko siya, nakatalikod naman siya sa akin ngayon.

Ciro, pwede bang hindi na lang ako?

Pwede bang iba na lang?

Pwede bang humanap ka na lang nang babaeng mas higit saakin?

Nakokonsensya na rin ako sa bawat effort na nasasayan ko mula sa'yo.

Lilingon ulit si Giro sakina kaya nagtago ulit ako sa puno.

Bigla akong may naramdaman sa braso ko na nabasa.

Tumingin ako sa langit at pinakiramdaman ko.

*SH.Z!!*

Unti-unting umaambon hanggang sa lumakas na nga nang tuluyan at nagiling ulan.

Ang lakas nang ulan.

Namatay na lahat ng kandila na nakikita ko kanina sa Autumn Park, pero siya...

Bakit hindi siya naalis sa tayo niya.

Tanga ba siya?

Nakatayo pa rin siya sa tabi nang table.

Nabasa na rin ang pagkain na sa tingin ko ay pinahanda pa niya sa isang Professional Chef.

Basang-basa na siya at ang bulaklak na hawak niya.

Hindi ba talaga siya aalis.?

Umupo muna siya sa isang upuan, at may napansin ako.

Parang—parang nahihirapan siyang huminga?

o.O”

May kinuha siya sa bulsa niya nang sobrang bilis at nilagay sa bibig niya.

Humihinga siya nang malalim.

*SH.T!*

Hindi ko na napigilan, kahit ngayon lang.

Tumakbo ako papunta kung saan siya nakaupo kahit na mabasa ako nang ulan.

Nasa tapat ko siya.

Tumingin siya sa akin, at ngumiti habang hawak pa rin niya yung kinuha niya sa bulsa niya.

“GAG\* ka ba?! Ha?!”

“B-bakit?”, hinihinal pa rin siya na parang hirap na hirap huminga.

“Alam mong may sakit ka pero nagpaulan ka pa rin?!”

“Ayoko kasing umalis, baka kasi dumating ka at eto” ngumiti siya, biglang tumayo at niyakap ako “dumating ka nga, hahaha hindi sayang ang effort ko ngayon sayang nga lang na nasira lahat, nabasa na yung mga kandila pati yung pagkain, sorry”

“Sorry?! Ikaw yung nagso-sorry! Your impossible, you know that?! YOU’RE IMPOSSIBLE!!”

“I’ll take that as a compliment, hahaha---“

Bigla siyang nawalan nang balance pero gising siya. O.O”

Sinalo ko siya pero mabigat siya kaya napaupo ako at nakapatong ang ulo niya sa lap ko.

Kailangan naming sumilong, basing-basa na kami at may sakit pa ito.

Wala bang tao dito sa park?!

*SH.Z!*

Lagi nga pala tong private tuwing naghahanda to dito nang mga ganto, siya na ang sobrang yaman.

Naluluha na ko. T^T

Anong gagawin ko?

Ito kasing kasama ko, may pagka-gag\*!!

Magta-taxi na lang kami.

Itatayo ko na sana siya nang bigla niyang hawakan ang kamay ko.

“Bakit?”

“Birthday ko ngayon, buti dumating ka!” tiningnan niya ang wrist watch niya “11:30 na, abot pa! batiin mo ko dali!”, sabi niya na parang bata na humihingi nang laruan. (^.^)

“Mamaya na”, tatayo na sana ulit ako nang hinigpitan niya hawak niya sakin.

Umiling siya.

“Please! Batiin mo ko, kahit ngayon lang”, siya.

Hindi ko na napigilan, tumulo ang luha ko.

“Happy Birthday Gag\*, Happy Birthday Tanga!, Happy Birthday..... Ciro”

“Salamat”

Pinunasan ko ang luha ko kahit hindi pansin dahil nauulanan kami.

Bigla siyang pumikit.

“Uyyy!! Wag mo naman akong iiwan”, ako na inuuga ko siya.

“.....”

“Please!!!... Gag\* naman”

Bigla niyang minulat ang isa niyang mata at hinawakan niya ang pisngi ko.

“Hindi kita iiwan hangga’t hindi mo ko sinasagot nang gusto kong sagot” siya sabay ngiti.

My heart skipped a beat. (>.>)



Bigla siyang tumayo pero ramdam kong hindi niya pa kaya, kaya inalalayan ko siya sa balikat niya.

Pumara ako nang taxi at sumakay na kaming dalawa.

“San po tayo”, tanong ng driver

“Sa---“, hindi ko na natapos umimik.

“Sa Acuin Residence”

Napatingin ako sa kanya.

“Acuin? Sa bahay niyo?!”, tanong ko.

Tumungo lang siya.

“Kailangan pumunta ka sa Hospital” >.<

“Okay na ko”

“pero---“

“Trust me”, hinawakan niya ang kamay ko.

Okay, wala na kong magagawa!

Pinaandar na rin ni manong ang taxi.

Acuin Residence, kung hindi niyo natatanong ay sila ang may ari nang Acuin kung saan kami nag-aaral ngayon.

Kapatid niyang babae ang Principal namin.

30 minutes ay nasa bahay na niya kami.

Bumaba na kami at nagbayad sa taxi driver, agad naman kaming pinapasok nang guard sa bahay nila.

Papasok na kami nang biglang may nagbukas nang pinto nang bahay nila.

“My God! Ciro! Ilang beses mo ba kong pagaalalahanin, at basang-basa...ka...” napatingin siya sa akin “basang-basa kayo” (O.o)”

“Good morning mam”, bati ko

Siya yung principal namin na kapatid ni Ciro, maganda siya at maputi hindi halatang Principal.

“Naku! Don’t call me mam, nagmumukha akong matanda. Call me Ate or Ate April na lang.”

“Ate talaga!”, si Ciro -\_\_\_-

“Pasok kayo pasok Kyle” (^^.)

Kyle?! As far as I know, hindi pa ako nagpapakilala. Kilala niya ako?!

Pumasok naman kami.

“Bakit ba basang-basa kayo? Ha? Ciro?”, Ate April (!~~)

April ang pangalan nang kapatid ni Ciro.

“Ate mahabang kwento at mabuti pa eh---“, si Ciro.

“Oh My God! Ciro!!!”, si Ate April na lumapit kay Ciro o.O”

“Hey! Ya! Ciro, gumising ka!”, ako.

Nahimatay si Ciro sa harap namin ni Ate April.

“Manang!!! Manang!! Tulong!!!”, tawag ni Ate April sa mga katulong.

-----

“Ang sira talaga nang kapatid ko, ginawa niya yun”

“Opo”, ako sabay tungo para kasing feeling ko ako yung may kasalanan. (. \_ \_)”

“Ano ka ba Kyle, hindi ikaw ang may kasalanan. Yung gagong kapatid ko lang talaga” (^.^)

Sinabi ko kay Ate April lahat nang nangyari at hiniga namin si gag\* sa kwarto niya.

Nasa labas kami nang kwarto ni gag\* at hinayaan naming siyang matulog, medyo napagod daw kasi.

“May sakit talaga si ciro, bata pa lang ay nahahirapan na siya sa kondisyon niya dahil sa asthma”

“Asthma?”

“Yes! Meron si Ciro nun, pero minsan na lang siya atakihin. Siguro mga 3 years na rin nang huli siyang atakihin at yun ay nung naglalaro siya nang Basketball kaya pinagbawalan siya nang Doctor nang kahit anong nakakapagod na sports”

He’s Sick?!

Kaya pala sa kanilang tatlo nina Chiron at Chad, siya lang ang walang sports.

Pero hindi halata sa kanya na may ganong sakit pala siya, napaka-isip bata kasi =\_\_\_=

“Sige po, salamat po! Aalis na rin po ako!”

“Naku! Wag na! tumawag na ako sa inyo at sa kapatid mo, at ang sabi ko ay hindi ka makakauwi ngayon”

“Kapatid ko po?”

“Yes! Kasi-ano, ayun! Oo nga pala, di ba nasa akin lahat ng number nang Guardian niyo? ”

Oo nga pala! Pero bakit parang namumula si Ate April, tinatanong ko lang naman kung pano niya nakuha ang number ni Kuya Nathan. -\_\_-

“Dito ka na matulog, okay?”, hinawakan pa ni Ate April ang kamay ko. (>^,^)>

“Manang!! Pahanda nang Guest Room”, sigaw ni Ate April mga nasa baba kasi sila eh nasa 2<sup>nd</sup> floor kami.

-----

“Sige po, salamat po Ate April”

“Wag mo na kong i-PO, okay?” (.^^)

“Sige po”

Tumingin siya sa kin (~~.)!!

“Sige Ate A-April”

\*sigh\*

“Yan hahaha!” \(^,^)/

Parehas talaga sila nang kapatid niya.

Papasok na sana ako sa guest room nang magsalita ulit siya.

“Mahal ka nang kapatid ko”, mahina lang pero sapat para marinig ko.

Napalingon ulit ako sa kanya.

“Ano ulit Ate April?”

“Mahal ka nang kapatid ko, sabi ko”

“Naku! Hindi po! Impossible!” ako with hand gesture >///  
<

“Trust me, kilala ko siya. Sige na pumasok ka na at matulog ka na” (^^.)

Trust me, hindi ako makatanggi pag sinasabi na yang salitang yan. (>0<)!!!

Tinulak niya ako papasok sa Guest Room.

Nakahiga na ako ngayon, nanghiram na rin ako nang damit kay Ate April at naligo dahil nabasa ako nang ulan.

Ang tanga niya, bakit siya ganon? May chance na hindi ako pumunta pero nag-intay pa rin siya and to think na umulan na pero hindi pa rin siya umalis, gag\* talaga nang lalaking yun.

At ang pinakang-nakonsensya ako, no scratch that aaminin ko na ang pinakang-naTOUCH ako ay yung Birthday niya pero mas pinili niyang maghanda sakin kahit nga pang-20 na beses na kong hindi nagpapakita sa kanya kapag nagpre-prepare siya nang ganon.

Pano na lang kung hindi ako pumunta, kung wala ako dun?! Eh wala naming taong nadaan dun kasi nga pina-private niya.

Eh di napahamak pa siya at wala nang mangungulit sakin.

Ano ba tong mga iniisip ko.

May naalala tuloy ako, hindi kaya totoo yung sinabi ni Ate April. >///  
<

Nagpaparamdam lang naman yung gag\*ng yun nitong nakaraang taon pero hindi niya sakin sinasabi nang personal o nang verbal.

Niyakap ko yung unan.

“mahal...niya...ako?”, tanong ko sa sarili ko pero bulong lang. (-.-)??

“Mahal niya ako?”

(\_\_ \_\_.) zZZzz...

-----  
“Inumin mo na nga kasi tong gamot!” (!~~) (^.)

“A-Yo-Ko!”, siya sabay higa sa kama niya.

“Isa” (.-)

“Dalawa, Tatlo, Apat” \m/

“Argh!! Inumin mo na para makauwi na ako!” -\_\_\_-++++

“Kaya ayokong inumin kasi uuwi ka eh” d^\_^b

“Bahala ka dyan! Wag mong inumin kung ayaw mo” =.=’

Inilapag ko na yung gamot niya sa table na nasa tabi nang kama niya.

“Uuwi na ko!”, lalabas na sana ako pero biglang nagsalita siya.

“Okay lang, ikaw lang naman yung dahilan kung bakit ako inatake nang asthma kagabi at naulanan kaya may lagnat ako ngayon” ^o^

Okay! Unti-unting bumalik yung paa ko sa Tabi nang kama niya at kinuha ko ulit ang gamot pati tubig.

“Inumin mo na!”, ako sabay harap sa kanya nang gamut at tubig. (!~~)

“A-Yo-Ko!”, umiiling-iling lang siya na parang bata. (^.) (^.) (^.) (^.)

Bakit ba ako ang kailangan magpainom nang gamut sa taong to?! -\_\_\_-

Of all people!! Why Me!? >0<

Kung hindi lang si Ate April ang nagsabi na ako magpa-inom nang gamut eh di sana kanina pa ko nakauwi.

“Gagawin ko lahat, inumin mo lang ang gamot na to”, ako <( >0< )>!!!

Bigla siyang ngumiti nang pang Evil Smile.

Okay! Parang gusto ko nang bawiin yung sinabi ko.

Tumayo siya sa kama at humarap sakin. (^.) (.-)

“Date”, siya

“ha?”

“Hindi ako iinom nang gamot kung hindi ka mangangako nang date!” bigla siyang nagcross arms at nagpacute. (\*3\*)

*SH.Z!!*

Ang gwapo niya, nakakasilaw pero hindi pwede!

Pero kasi naman, bat ba nagpapacute to?!

Sabihin niyo nga sakín kung makakatangi kayo sa gantong mukha?!

(Picture At The Side) -->

Oh! Tatangi ba kayo, siyempre hindi pero AKO?!

“Sige, uwi na pala ko!”, nilapag ko ulit ang tubig at gamut -\_\_\_-

“Okay lang, ikaw lang naman yung dahilan kung bakit ako inatake nang asthma ----“ (.^^)’

Hindi ko na siya pinatapos.

Ako na ang madaling makonsensya. -\_\_\_-

“Okay! Fine! Date na kung date, kahit san pa yan!”, I surrender.

“YES!!!! WHOOAAHHH!!!!”, siya na lalapit sakín at yayakapin sana ako pero pinigilan ko. (/ \* 3\*)/

“Oh! Inom na nang gamot!”, ako.

Bigla siyang umupo na parang bata na nag-iintay na bigyan siya nang laruan.

“Akala ko ba iinumín mo na to?!”

“Oo nga”

“Oh! Inumin mo na!”

Bigla niyang binuksan ang bibig niya as in yung ganto ^0^

“ha?”, ako na hindi pa rin ma-gets ang ibig niyang sabihin.

Tinuturo-turo niya yung loob nang bibig niya.

“ha?”

“Isubo mo sakín yung gamut” ^()^

Mas nilakihan niya yung bukas nang bibig niya.

“o-kay!”

Suko na talaga ko sa kanya, Grabe! -\_\_\_-

He’s IMPOSSIBLE!!

Really Impossible!

But kinda CUTE?! >////>

Sinubo ko na sa kanya ang gamot niya at pina-inom siya na parang bata.

Humiga siya na may napakalapad na ngiti sa labi. ^\_\_\_\_^

“psshhh!~ makakauwi na rin ako sa wakas!” =.=’

Lalabas na ako nang magsalita ulit siya.

“Kyle!”

Lumingon lang ako sa kanya.

“Date natin ha!”, siya sabay KINDAT?! \*o^

WTH?!

Pumikit na rin siya pagkatapos niyang kumindat.

Lumabas na ako at ihahatid daw ako nang driver nila.

Napasubo pa ata ako.

*SH.Z!*

Wag kaya akong pumunta?!

Pwede naman di ba?! -\_\_\_-

Pero kilala niya talaga ako, alam niyang hindi ako bumabali nang kahit anong sinabi ko.

Okay! That's it, It's Final.

May date ako together with that gag\*!

\*sigh\*

No choice TE!

-----

(A/N:

HuMayGhad! Nyahhaha >:) hindi ko mai-deny na kinikilig ako dito! Lalo na nung nagta-type ako dun sa part na ayaw uminom nang gamut ni Ciro! D.MN!! he's so H-O-T kaya! Tingnan nyo naman dun sa picture nang Chapter 3.4, ang init na nga tapos dadagdag pa siya, eh ano nang nangyari sa mundo, super global warming?! Nyahaha >:) korni pero PROMISE! Crush ko si Ciro, EVAH! Kaya papatayin ko dyan si Kyle tapos darating ako at 'And we live happily ever after')

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > His Feelings!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince



### Chapter 3

>Ciro's POV<

(A/N: Ihhh!!! POV na nang mahal ko, kaya PLEASE! Bawal kiligin)

Sorry Kyle pero kailangan kong gawin to!

Alam ko kasing wala nang ibang paraan, at gagawin ko lahat para lang magkaroon nang kahit konting-konting chance. (^,^)

Kahit chance lang.

Ang totoo niyan wala naman talaga akong lagnat at ayos na ako.

Sinabihan ko lang si ate na sabihin kay Kyle na nagkalagnat ako at siya ang magpa-inom sa akin nang gamot. (^,^)

Alam ko kasing ganon ang ugali niya, madaling makonsensiya, malambing kahit hindi halata, mabait kahit hindi pinapakita.

Matagal na rin naman kasi akong naghihintay.

3 YEARS ATA?!

Yes! It's been 3 years or 3 years and half! Hindi ko na tanda eh,

Pero dalawang bagay lang ang tanda ko.

Ang araw na nakilala ko siya at ang araw na nagbago ako.

Nagbago ako! Yes! Hindi naman ako ganito dati sa babae, kaya rin ata gusto siya ni Ate Camille at naki-ride sa acting na may lagnat ako dahil napansin ni Ate kung ano ang nagawa niya para sa akin.

3 Years? Matagal na nga ata nung una ko siyang nakita pero parang hindi niya ko kilala.

Kilala lang niya ako bilang si Ciro na nakipagGroup-date sa kanila.

Pero siya, kilala ko bilang isang batang babae na matapang pero iyakin, bilang isang batang babae na kayang harapin ang lahat, at bilang isang batang babae na mapagmahal.

Tinitigan ko ang Isang Necklace na may pendant na heart, ang nagmamay-ari nito ang tinutukoy ko.

Si Kyle Castro.

(A.N: alam ko may naguguluhan diyan eh! Masasagot ang tanong niyo, wag atat! :D)

Katulad nang napag-usapan namin, Sabado ang date namin.

1 week na ang nakakalipas simula nang atakihin ako nang asthma, shemay! Sa harap pa talaga ako ni Kyle nagkaganon, pano kung isipin non na ang hina-hina ko. Bad Terp naman oh!

1 week na rin nang ma-corner ko siya sa date.

At ngayon, nagmamaneho na ako papunta sa kanila.

After 30 Minutes ay nakarating na rin ako sa bahay nila.

9:00 am na!

Ready na siguro siya kasi 8:30 usapan naming eh,

Bumaba ako nang kotse ko at nagdoorbell naman ako.

Agad akong pinapasok nang maid nila.

Malaki ang bahay nila, Actually close ang mama ko sa mama ni Kyle.

Parehas lang wala ang magulang naming dahil nasa business mwwting sa ibang bansa.

Talking about the business of our wealthy family.

“Nasa taas po si mam, sir!”, sabi nang maid nila.

“Sige po! Akyat na lang po ako!”

“Sige po sir!”

Katulad nang sinabi ni manang, umakyat ako sa 2<sup>nd</sup> floor at dalawang pinto ang narito, sa left daw ang kay Kyle kaya pumasok na ako.

\*ennnnkkkk\*

Sumilip muna ako para masigurado kung andoon siya at... o.O

“kuya! Sabi nang kumatok muna bago pumasok eh, ang kulit mo ta----“ napalingon sa pinto nang kwarto ang babaeng naka-towel lang ang katawan at basang-basa pa ang buhok.

(\*Q\*)

One word to describe her, Sexy!

“Sexy”, napabulong ako.

“Anong ginagawa mo ditong gag\* KA?!!! LABAS!!!!”, lumapit siya sakín at

\*Boog\*

Isang malakas na straight punch ang nabigay niya sa sikmura ko kaya naman namilipit ang katawan ko. (.\*\*) Q(-\_-Q)

Ang lakas niyang sumuntok.

“JERK!” (!~~)

\*Blag\*

Sinarado niya nang malakas ang pinto na kanina ay binuksan ko.

“Kyle! Ano bang ingay” napatingin sakín ang lalaki “yan???” (--.)’

Kalalabas lang nang lalaki sa right door sa 2<sup>nd</sup> floor, sabi ni manang kwarto daw yun nang kapatid ni Kyle.

Nagkakamot pa siya nang ulo niya pero napatigil nang Makita ako at ang mata ay lumaki. O\_O

“Anong ginagawa mo dito?”

Umayos ako nang tayo ko kahit na masakít talaga yung straight punch na bigay ni Loves.

“Ciro po, nanliligaw kay Kyle”

Inabot ko ang kamay ko para makipag-shake hands.

Tumungo-tungo siya at ngumiti.

“Nathan, kapatid ni Kyle!”, sabay abot nang kamay ko at nakipag-shake hands.

May pagkakahawig sila, malalaman mo agad na magkapatid sila para nga silang kambal eh. Ang gwapo rin niya pero siyempre mas gwapo ako, sorry Dre!

“Mas gwapo ako”, siya. -\_-

Nabasa niya nasa isip ko?! =.=’

“Mind reader?”

“Hindi, madali lang talaga mahulaan ang mga kalahi ko”

“POGI!” sabay na sabi namin at nag-apir pa kami. (.^^)/ \((^^.)

Ayos pasado sa kapatid, hindi na kailangan sa mama kasi close naman sila nang mama ko.  
Nyahaha >:) pwede na!

-----  
“Upo ka”

Umupo naman ako.

Nilapag nang isa nilang maid ang tasa na may lamang kape at umalis na rin.

Nasa sala kami.

Ang tagal kasi ni Loves magbihis eh,

“Ciro, tama?”

“Yes!” ^ \_ ^

“Alam kong mahal mo ang kapatid ko”

“Mahal ko po talaga si---“

“Hindi ko kailangan nang magmamahal sa kanya”

Laglag panga Dre! Hindi pala pasado. (.\_ \_)

Anong ibig niyang sabihin.

“Kuya? Anong ibig mong sabihin?” (.-.)’

“Kuya?! Hindi pa ko pumapayag tawaging kuya maliban kay Little Princess, akala mo pasado ka na?!” (!~~) ( \_ \_.)

“HINDI PA BA?!” >0<

“Until you prove to me something.” (~.~)

“ano yun? Kahit ano!” ^o^

“prove to me na hindi mo siya sasaktan sa kahit na anong paraan kung hindi” pinakita niya yung.

\*Gulp\*

Nakakatakot pala si kuya. TTOTT

Pinakita niya sa kin yung baril na nasa tabi nang bewang niya.

Kahit alam kong hindi ko gagaguhin si Loves, parang nakakatakot pa rin si kuya.

“HAHAHA! Mukha mo! Priceless eh, hahaha. Laruan lang to! Wag kang kabahan!” (^,^)

Pyuh!~ Nakahinga ako nang malalim. (.,.)

“Pero magiging totoo, pag sinaktan mo si Little Princess” (!~~) (^^.)”

\*Gulp\*

“Joke lang ulit! Hahahaha, hindi ako pwedeng makulong dahil maraming babaeng gagawa nang krimen makasama lang ako sa kulungan. Pogi ako eh” sabay lagay nang kamay sa baba na naka-form nang Check yung Pogi sign.

“Buti na lang”, bulong ko.

“Pero ayaw ko siyang masasaktan”

Napatingin ako kay Kuya dahil seryoso ang pagkakasabi niya.

“Marami na siyang naranasan kahit bata pa lang siya, kaya ang laki nang apekto nun sa kanya hanggang ngayon. Ayaw ko na may dumating pang-isang tao na gagawa nang kagaguhan sa kanya”

“Anong ibig mong sabihin, Kuya?”

“Bata pa lang kami, sobrang saya namin. Ako, Si Little Princess, si Mama, at si Papa. Lagi niyang sinasabi na paglaki niya, papakasalan niya ang isang gwapong Prince Charming na katulad ko...”

Ako yun!

“Wag kang feeler!”

Nakalimutan kong mind reader si kuya.

“Naniniwala siya sa Prince Charming, simula nung 3 years or 3 years and a half ago ata, hindi ko na masyadong tanda!”

Yun yung taon na una ko siyang nakita.

“Pero ang masakit para sa kanya ay nang Makita niya si papa...

.  
. .  
. .  
. .

.Kasama nang iba niyang pamilya”

Napatigil ako.

“Alam namin ni mama dati na may iba nang pamilya si Papa na mas nauna sa amin, si Papa mismo ang nagsabi sa amin pero si Little Princess, wala kaming sinabi sa kanya kahit ano. Ayaw namin na malaman niya ang isang malaking bagay na makakasakit lang sa kanya”

“Mas nauna ang iba niyang pamilya kaysa sa inyo?”, tanong ko.

“Oo, walang anak ang unang babae ni Papa kaya nag-ampon lang sila”

“Pano nalaman ni Loves?”

“Loves”, nagtatakang tanong ni Kuya. (.-.)’

“ni Kyle”

“Nakita niya mismo yun sa harap niya, tinawag siyang Papa nang isang hindi niya kilalang batang babae, yun ata yung ampon ni Papa”

“Sinabi niya sa’yo?”

“Kasama niya ako nang oras na nakita niya yun! August ata yun nang makita namin sina papa, pagkatapos nun! Hindi na niya ginusto pang makita si papa,. Tumakbo siya sa labas nang mall nang makita niya si Papa kasama ang iba niyang pamilya, hinabol ko siya pero tuluyan siyang nawala at pagkakita ko sa kanya, umiiyak lang siya nang umiiyak”

Hindi kaya, yun yung araw na nakita ko siya sa tapat nang mall! August din nun kung tama ako.

>Flash Back<

3 and a half year ago. August.

“Papa! Ibili mo naman ako nun”, sabi nang isang batang babae na buhat nang kanyang ama habang tinuturo ang isang malaking Stuff Toy sa loob nang isang store sa mall. (\*,\*)

Actually, hindi na siya bata! Parang 12 Years old na ata siya.

“Alin dun Little Princess?”

“Yun papa! Yun!”, turo pa rin niya sa stuff toy.

Binili naman nung papa niya yung Stuff Toy at tuwang-tuwa siya.

Ang ganda siguro niya paglaki! Ang ganda niyang tumawa, ang masiyahan niya at kitang-kita sa mata niya na mahal na mahal talaga niya ang papa niya.

Biglang tumingin sakín yung yung batang babae.

Nginitian ako at nagulat ako sa sinabi niya.

“Papa”, siya sabay kuhit sa papa niya.

“Ano yun Little Princess?”

“I’ll marry that Prince when I grow up”, sabay turo sa AKIN?! o.O

Napangiti na lang ako bigla nang tumawa siya.

“Sige, dapat katulad ni papa Prince Charming nang Little princess ko ha?”, papa niya.

Nawala ang tingin ko sa mag-ama nang biglang..

“Babe! Nakikinig ka ba?”, sabi ni eRrrmm Erica ata o baka Elaise o Joyce, hindi ko na tanda eh kaya ang tawag ko sakanya ay..

“Sorry, Hon! Ayos lang, bakit?” (^,^)

“Tinatanong ko kung nakikinig ka, ang sagot mo ayos lang! hindi ka nga nakikinig” (.~~)

“Sorry, hon” ako sabay kindat sa kanya. (\*,^)

“Okay lang pala kahit hindi ka na nakikinig!” >////<

Mga babae talaga, isang kindat lang eh.

Itong kasama ko?

Tinatanong niyo kung kilala ko?

Hindi nga eh, kilala niyo ba?

Pero isa lang ang alam ko, siya ang Girlfriend ko for this week.

Seryoso ako sa babae?

Oo naman! Oo MAMATAY NA MANIWALA!

Nah!~ ayokong mag-seryoso sa mga gantong bagay.

Masasaktan ka lang!

Pinagpatuloy ko na ang date at after nun ay nakipag-break na rin ako sa kanya.

Sorry Hon!

--One week Later--

“WHAT?! Nakikipag-break ka na sakin? Akala ko bang mahal mo ko?”, sabi nung Girlfriend ko naman for this week.

Uhhmmm.. iba po siya kay Hon dahil siya naman si.

“Sweetie!, I know. Pero sorry!”

“Bakit ka nakikipag-break sakin?! Sabihin mo nga?!”

Naiyak na siya sa harap ko.

Nasa tapat kami nang isang mall.

At dahil tinanong na niya ko kung bakit ako nakikipag-break! Ito na ang chance para sa Ultimate Famous Break-Up Reason ko!

Nyemas, ihahanda ko na ang mukha ko sa makukuha ko sa babaeng to!

“Sorry sweetie! Naka-naka.. NakaBUNTIS na ako!”, ako sabay yuko.

“What?! Your insane! Grabe! Huwag na huwag ka nang magpapakita sakin, I Hate You Ciro!!”, sigaw niya sabay.

\*SLAAAAP\*

“Goodbye”, sabi niya sabay takbo habang naiyak.



Talagang kailangan may sampal pa bago umalis.

Ouch! My Face! Ito kaya ang puhunan ko.

Napahawak ako sa pisngi kung saan niya ako sinampal.

Hindi lang sampal kung hindi SAMPAL!!

Pshhh!~ Tumingin ako sa salamin nang kotse na nasa harap ko.

Buti hindi bumakat yung kamay nun kung hindi wala akong girlfriend sa susunod na linggo.

Masama ba ugali ko at ganto ako?!

Hmmm.. well, sabi nila masama nga daw ugali ko.

At may nagsasabi na malakas daw ang balik nang karma.

Pssshhh!~ Karma daw, mamatay na naniniwala sa karma!

\m/ Hindi ako yun, sorry!

Papasok na sana ako sa mall nang may makita ako.

Isang batang babae, naka-upo siya sa isa sa mga bench na katapat nang mall at nasa gitna nito ang fountain.

Pero hindi lang siya basta naka-upo!

Nakikita ko na naiyak siya kahit hindi ko kita ang mukha niya, dahil nagalaw yung katawan niya.

Hindi ko alam pero pinagtitinginan na siya nang ibang mga taong nadaan.

At itong tanga kong paa hindi ko namalayan na unti-unti nang nalapit sa kanya.

Ewan ko pero parang sinunod ko naman yung paa ko.

Lumapit ako sa batang naiyak.

“Ito oh!”, abot ko sa kanya nang panyo ko galing sa bulsa ko. (.-)-->

Pero hindi niya ko pinansin at naka-ubob pa rin siya sa braso niya habang naiyak.

Tumuntong ako sa 1<sup>st</sup> line nang bench dahil nasa 3<sup>rd</sup> line siya.

“Wag ka nang umiyak”

**SH.Z!**

Hindi ako marunong magpatahan nang babae, ako pa nga nagpapaiyak sa kanila eh, (-.-)’

Hinaplos-haplos ko yung likod niya.

“Bakit ka naiyak Little Princess?”, ako.

Bigla siyang napatayo at napatingin sakín nang blangko ang mukha pero naiyak pa rin siya.

Nakatayo rin naman ako sa harap niya at hindi ko alam ang gagawin ko.

\*BLAG\* o.O

Napatingin ang lahat nang tao samin.

Itinulak niya akong malakas at dahil nakatayo ako sa bench kaya nang tinulak niya ako ay nahulog ako at napa-upo sa semento

“Little Princess?!!! Walang Prince Charming at walang Princess, hindi sila totoo! Walang totoo!! Walang kwenta ang mga lalaki! WALA!!”, yung batang babae sabay takbo nang naiyak pa rin.

At that time, I didn’t know that Karma already struck me!

Pinanuod ko ang likod nang babaeng umiiyak kanina.

Nasampal ako nang EX ko at tinulak nang sinusubukan kong tulungan.

ATTA great day! (=.=’

Napatingin ako sa tapat ko.

May nakita ako kaya pinulot ko yun.

Isang necklace at may pendant na heart.

Ang lakas pala talaga nang salitang ~KARMA~

>End of Flash Back<

Yun yung araw na una ko siyang nakita.

Simula noon sa simpleng encounter na yun,

Nag-iba ang isang Ciro.

Nag-iba ako.

Hindi na ako nagi-girlfriend kung wala talaga akong nararamdaman, well to tell you the truth.

After nang incident na yun, wala pa akong nagiging girlfriend ulit.

Biglang bumukas ang pinto nang kwarto ni Loves kaya parehas kaming napatingin ni Kuya.

Ang batang babaeng umiiyak noon, dalagang-dalaga na!

Tama ako! Magiging napakaganda niyang babae.

Bumababa siya nang stairs nila at hindi ko maalís ang tingin ko sa kanya. (\*Q\*)

Siya lang ang gusto ko, wala nang iba!

Siya lang ang mamahalin ko, My Princess, My Loves.

Kahit hindi rin ako naniniwala sa Fairy Tale.

\*clears throat\* ehem.

Can I be your Prince Charming?

Naka-simpleng dress lang siya pero parang ang nakikita ko ngayon ay isang Gown at pupunta kaming J.S. at siyempre ako ang escort. Nyemas (\*,\*) di ko mapigilang ma-amaze sa babaeng nakikita ko.

“Ang laway mo” si Kuya.

Napahawak tuloy ako sa tabi nang labi ko.

Wala naman eh, nyeta si Kuya este Nathan talaga!

Pshh!~

Inalalayan ni Nathan si Loves, sana ako na lang.

May binulong si Nathan kay Loves akala mo naman hindi ko rinig eh parang hindi naman bulong yun eh,.

“Now I will give you to your Prince Charmin, hindi na ikaw ang Little Princess ko”, bulong ni kuya kay Loves sabay tawa (^,^)

“Yah! Kuya naman!”, si Loves. (!--)

“hahaha” tumawa kami ni Kuya. (^,^)(^,^)

“Tumawa pa kayo, sige lang!” (~,~)++

Inis na si Loves.

Binigay ni Kuya ang kamay ni Loves sa akin at lumabas na kami saka ko siya pinasakay sa kotse.

Pinagbuksan ko siyempre! Gentleman ako eh,

“Ingatan mo si Little Princess!”, sigaw ni Kuya Nathan ^()^

“I will”, ako.

Pinaandar ko na ang sasakyan ko.

(A/N:

Sorry kung walang kilig scene dito guys! Nyahhaha >:) babawi naman ako sa kasunod na Chapter eh, remember: nagsisimula pa lang ang date nina Gago at Loves. Babala: Baliw ang ang author niyo kaya mag-ingat kayo. \m/)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > Date! \*ehem\*

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 4

>Kyle's POV<

"AYOKO!!!! Baliww!! Mag-isa ka!" <( >0< )>!!!

"Ayaw! Gusto ko kasama ka! At sayang naman binayad ko dito" sabi niya na as usual parang bata. ~(T^T)~

Kumuha ako nang pera sa bulsa ko, naka-pants kasi ako na parang fit.

"Oh ayan! pera! 2000 yan, may 1000 ka pang interest ha?! Sige aalis na ko! ba-bye" ako na naglakad na palayo.

"No!" hinawakan niya ko sa wrist ko "Dito lang tayo! remember it's OUR DATE!" (^,^)

"Eh bat mo ba naman kasi ako dito dinala", tinanggal ko yung kamay niya sa wrist ko -\_\_-

Eh pano naman, sinala niya po ako sa 'Brave Adventurer Park', dito yung parang may mga Rapelling, Zipline at iba pa na talaga namang hindi ko gugustuhing makita and not to mention na subukan ito eh ni hindi ko ninais sa talang buhay ko, pero itong gag\* na to!!

"Ayaw mo ba?", parang malungkot na tanong niya.

"Ayaw!" plain na sagot ko.

"Bakit?" =3

"Eh bat nga ba dito mo ko dinala?" (.~~) ( \_ \_ . )'

"Para. para. " napatingin siya sa malayo "para exciting, alam ko kasing ayaw mo sa mga sweet na katulad nang normal date, ayoko namang ma-bored ka lang sa date kasi gusto kong maging special to para. para sa'yo", siya sabay pout pero hindi pa rin nakatingin saakin. (>3>)

Kailangan ba talaga niyang i-pout yung mapula niyang labi, anong tingin niya hindi ako naaakit. O\_O anong sinabi ko?

Erase\* Erase\*

Kailangan ba talaga niyang i-pout yung mapula niyang labi, anong tingin niya naaakit ako? ayan! tama na!

"Takot kaya ako sa heights!" (-,-)

"Alam ko naman eh,"

"Knowing that fact, dito mo pa rin ako dinala?!"

"Gusto kong i-conquer natin nang sabay yung takot mo!"

"Nah!~ ayoko! aalis na ko, o dalhin mo na lang ako sa movie theatre kung gusto mo pang ituloy ang date mo", tumalikod na ko at naglakad.

Hinawakan niya ako ulit sa wrist para pigilan sa pag-alis.

"Can you-can you, Trust me?"

Ayan na naman yang 'Trust Me' na yan eh, bakit ba lagi na lang lumalambot ang tuhod ko kapag naririnig yan.

"And please, try to remember that this is OUR date, not mine alone", diniinan talaga niya ang OUR.

"Pero kasi--" >.<

"Tara na!" (^,^)

Hindi na niya ako pinagsalita dahil kinaladkad na niya ako sa RAPPELLING!? O\_\_O SH.TZ!

Kokonti lang ang tao ngayon, halos wala na nga eh, pero di ba mostly maraming tao sa mga ganito lalo na't weekend tapos yung mga tao dito parang lahat COUPLE!?.

At dahil nga kokonti lang ang tao kaya... KAMI NA ANG MAGRA-RAPPELING?!

"A-ayoko na ata", ako.

"Trust me"

"Tigilan mo na nga ako sa trust me na yan!" (~~.) (^,^)"

"hehehe"

Nag-akyat kami sa 4th Floor nitong gag\*ng kasama ko, gusto ko nga sa 2nd lang kaso sabi niya mas maganda daw kung mas mataas agad para masaya.

Masayahin ko kaya mukha nito, pssh!~ si na kailangan, laging masaya tong lokong to!

"Sir, anong style po?" tanong nung crew kay gag\*

"Basic lang po"

"Eh siya po, sir?", sabay turo sakin

"Basic lang din po"

"Sabay po ba kayo, sir?"

"Opo!" (^,^)

Basic? Sabay saan?

"Anong basic yun, at sabay saan?", tanong ko kay gag\* (.-)

"Basic style nang rappeling at sabay tayo ibababa, okay?" siya

Tumungo na lang ako (.\_.) (-.-)

Ready na si gag\* at may nakalagay na sa katawan niya para sa rappeling pero ako.

"Ayoko na!" =.=’

"Kyle, trust me" rinig kong sabi ni Ciro gamit ang kanyang oh-so-magnetizing-voice.

"Okay! PAYN!" -\_\_\_-

Isinuot na rin sakín nang crew yung para sa rappeling.

Ngayon ay magkatabi na kami nitong lalaki na to na bababa.

nanginginig na yung kamay ko sa sobrang takot dahil nakikita ko yung taas nang 4th floor.

inay ko po.

Natigil ang panginginig nang kamay ko nang biglang may humawak nang kamay ko.

"Ready?", tanong niya sakín.

Umiling lang ako.

"pag hindi mo nagustuhan to, titigilan na kita, Promise!", siya sabay ngiti

"okay, sir at mam! 1...2...3. SAY...", nagsisimula na kaming alalayan nang Crew.

at sabi nila kapag daw bababa ka ay kailangan kang sumigaw nang.

"RAPPEEEELLLLLIIIIINNGGGGG!!!!" sigaw nang crew sabay. <(>0<)>!!!

"KYAAAAHHHHHH!!!! RAPPEEEELLLIIINNGGGG!!!!", napasigaw ako nang biglang nagpahulog yung gago eh hawak ang kamay ko kaya naman pati ako nahulog din >0<

"RAPPEEEELLLIIINNGGGG!!!!", narinig ko ring sumigaw si gag\*

"Kyaaaaahhhh!!! w0oohoooo!!!" nakapikit ako kanina pero ngayon nakamulat na ako.  
\(^0^)/

Nakababa na ako nang biglang humarap sakin si Ciro.

"nagustuhan mo ba? ayaw mo ba?", tanong agad niya.

"..."

"a--ayaw mo ba, eh di titigil na ko"

"g-gu-gutko"

"ha?"

"GUSTO KO PAAA!!!", unconsciously ko siyang nayakap.

"na-nagustuhan mo?"

"OO sobraaa!! tara sa 5th floor naman at gusto ko ibang style naman!", naglakad na ako.

"Hindi pa ako titigil", narinig kong bulong niya (^,^)

Pasalamat siya nagustuhan ko to! kasi kung hindi, sasabihin ko talaga sa kanyang tumigil na siya pero pwede naman akong magsinungaling at sabihin na hindi ko nagustuhan.

Bakit nga ba?!

Ewan ko rin. -\_\_-

Ang sayaaa! (^,^)

Pumunta na kami sa 5th floor hanggang sa makarating kami sa 10th floor, nasubukan ko na rin ang tinatawag nilang Eagle style sa rappelling, ang sarap! para kang lumilipad kasi ang position mo ay nakadapa habang bumababa.

Sabay pa rin kaming dalawa hanggang ngayon.

Ready na kaming bumaba sa 10th floor dalawa.

"Makinig ka ha?"



Napatingin ako sa kanya nang sabihin niya yun.

Bababa na kasi kami sa 10th floor.

"1...2...3...SAY!.."

Eto na!

"Rappelling!" \ (^0^)/

At nagpahulog na nga kaming dalawa.

"Kyaaaah ^()^ Rappellingggggg!!!!!!", nakamulat ako habang nasigaw. ^()^

Napatigil ako sa pagsigaw nang.

"KYLE CASTRO!!!! MAHAL KITAAAAA!!!!!!!!!!!!!!" o.O''

Napatingin ako sa kanya nang bigla siyang sumigaw.

Para akong nabingi nang mga sandaling yun.

nakapikit siya habang sumisigaw.

Napakalakas nang sigaw niya na parang lalabas na ang lalamunan niya sa bibig niya.

Hindi ko naramdaman ang takot na nararamdaman ko kanina.

Ang daming bagong kakaibang nararamdaman ang naramdaman ko nang marinig ko ang sigaw niya.

Bakit?! bumilis ang tibok nang puso ko.

Parang gusto niyang lumabas sa dibdib ko.

Naramdaman kong nakababa na ako nang lumapat ang paa ko sa lupa.

Agad naman niyang tinanggal ang mga nasa katawan niya.

Tinanggal ko na rin nang kusa ang mga nasa katawan ko.

"A-ah! ta-tara! kain m-muna tayo", nauutal niyang sabi pero hindi siya nakatingin sakín at nakatingin lang siya sa paligid habang NAMUMULA?! >////>

Namumula siya?!

Nahihiya ba siya?!

"A-ah! sige tara na! Gu-gutom na ko eh", ako.

Naglakad kami pero may distansya sa gitna namin.

Yun ba yung sinasabi niya bago kami bumaba na 'makinig ako'?

Pumunta lang kami sa malapit na store at bumili nang makakain, medyo magtatanghali na rin kasi ngayon.

Natapos na kaming kumain at pabalik na kami sa iba pang Activities nang mapadaan kami malapit sa entrance at nakarinig kami nang parang nagtatalo.

"Bakit naman kami hindi pwedeng pumasok miss?" tanong nung lalaki na nakaharap sa isang crew nang lugar na to'

"Sorry po sir, kasi po may nagpa-private po dito ngayon?"

"Eh bakit may mga magcouple sa loob?"

"Kasi po sabi nang nagpa-reserve magpapasok lang daw po kami nang 10 couples, at narinig ko po sa manager namin na para daw po hindi mahalata nang date niya na pina-private niya to"

"Ganon ba miss? naku! ayos lang! ang swerte naman nung babae", sabi nung babae na kasama ni guy.

Umalis na rin sila sakay ng kotse nila nang matapos silang mag-usap.

Pina-private?!

PRIVATE!?

Kaya ba ang unti lang ng tao dito ngayon kasi may nagpa-private nito?

Pero sino ang nagpa-private?

Kaya naman pala hindi nagbayad si gag\* ng pumasok kami at kinausap lang niya yung isang crew.

Ang kapal naman nang mukha niya para sabihing ang mahal ng binayad niya eh libre naman pala to!

Napatingin ako sa kanya pero agad siyang umiwas ng tingin.

Ang pula nang tenga niya sobraa! parang kinagat ng kung ano?

"May sakit ka ba?"

"h-ha? wala ah! bakit?", lumingon siya sakín pero umiwas ulit ng tingin.

"Ang pula kaya nang mukha at tenga mo, kanina pa yan! sigurado ka bang magaling ka na sa lagnat mo?"

mas namula siya kaya nilapat ko ang likod nang kamay ko sa noo niya.

Hindi naman siya mainit.

"Hindi ka naman mainit eh"

Tinabing niya ang kamay ko.

"W-wala to!", tinakluban niya nang bahagya ang mukha niya.

"Bakit nga kasi?"

"Your insensitive, you know that?", tumingin siya sakín.

"Ha? insensitive?! ako?!"

"Wala! tara na nga!", hinila niya ako pabalik sa kung nasan ang mga activities.

Pano naman ako naging insensitive eh tinatanong ko nga kung may sakit ba siya kasi namumula siya!

Ako pa ang nasabihan nang insensitive! psshhh!~ gag\* talaga nito.

At dahil sa sinabihan niya kong insensitive kaya naman hindi ko siya pinansin sa buong maghapon at na-try ko na rin ang Zipline at iba pang activities dito ng mag-isa!

OO! hindi ko na siya sinabay kaya ko na naman na mag-isa eh, bahala siya! huh!

"Uy galit ka ba?", hinawakan niya ko sa wrist ko na naman kasi naglalakad ako.

Hinarap ko siya na blangko ang expression ko.

"Ako? bakít naman ako magagalit?" (~,~)

Tinabing ko ang kamay niya at naglakad na naman nang humarang naman siya sa daan ko.

"Eh bakít hindi mo ko pinapansin?"

"Kailangan ba lagi kitang papansinin?"

Lumakad ako at nilampasan siya pero hinarangan niya ulit ako.

"Pero, bakit hindi mo ko pinapansin at nag-isa ka na lang nag-Zipline?"

"Kailangan ba lagi kitang kasama"

Naglakad ulit ako pero hinawakan niya ko sa wrist ko at hinarap ulit saakin.

"Di ba sabi ko sabay natin ico-conquer fear mo?"

Hindi ko siya pinansin at naglakad ulit ako.

Pero napatigil ako nang marinig ko ang mga sinabi niya.

"Hindi mo na ba ko kailangan kasi nai-conquer mo na yung fear mo", napakalungkot nang pagkakasabi niya.

Napatingin ako sa kanya pero nakikita ko lang ang mukha niya na napakalungkot na nakatingin sa lupa.

"Hindi ko naman--"

"I know"

Naglakad na siya palayo.

SH.TZ!

Okay ako na madaling makonsensya.

Agad ko siyang hinabol kasi mabilis kaya siyang maglakad, at naabutan ko naman siya.

Katulad nang ginawa niya hinarangan ko ang daan niya at agad siyang napatingin saakin.

"Hindi kita ginamit okay, alam ko na yan ang iniisip mo pero hindi totoo yun kasi, actually.. actually.. mas natutuwa ako nung kasama kita kanina sa rappelling, mas enjoy ko at" I paused "mas masaya nung kasama ka, mas.. mas nag-enjoy ako at ramdam ko na hindi ako nag-iisa, SO PWEDE BANG WAG KA NANG MAGALIT?!"

Hindi ko narinig ang kahit anong salita mula sa bibig niya dahil isang napaka-higpit at napaka-init na yakap ang binigay niya saakin.

"Salamat. salamat. salamat na sinabi mo ang mga salitang yan, hindi mo alam kung gano mo ko pinasaya nang marinig ko mula sayo yan" hinigpitan niya yung yakap niya. (^,^)

And for the first time nag-respond ako sa yakap niya.

"Pero kung gusto mo naman pala akong kasama bakit hindi mo ko pinapansin?"

Aalisin ko na sana yung yakap namin pero hinigpitan niya lalo ang yakap.

"Let's stay like this fow a while, so bakit nga hindi mo ko pinapansin?"

Hindi ako umiimik, nakakahiya kasi yung reason ko parang ngayon ko lang naisip na mababaw pala.

"Uy, bakit?"

"Sige, fine! sasabihin ko pero wag mong iisipin na ang babaw ko ha?!"

Naramdaman ko namang tumungo siya.

"Errr kasi naman tama bang sabihin mo ko nang 'insensitive' eh tinatanong nga kita kung bakit ka namumula kasi baka may sakit ka pa tapos ako pa ang insensitive?!"

"Yun lang pala!" (-,-)

"Anong yun lang pala?! babae ako at ang mga babae hindi sinasabihan nang 'insensitive', kayo kaya ang insensitive" (!~~)

"Totoo naman kasing insensitive ka eh, MINSAN!"

"Eh kasi naman tinatanong na nga kita kung bakit ka namumula, oh bakit ka nga pala namumula kanina?" (~~) (\_\_.)

Agad naman siyang napabitaw sa yakap at tumalikod sakin.

Pumunta naman ako sa harap niya.

"Oh hindi mo na naman ako sasagutin"

"Ayan ka na naman kasi sa pagiging insensitive mo eh," >.<

"Insensitive na naman! bahala ka nga!" (~~!) <(\_\_.)

Naglakad na ako pero pinigilan niya agad ako at hinarap sa kanya.

"Can't you see, my face is BLUSHING! it's not just red, it's B-L-U-S-I-N-G! you know that, it's because your so.. your so adorable!, ano tatanungin mo pa ba ko ulit kung bakit?", pagkasabi niya nun ay agad naman siyang tumalikod.

o.O'' Sana pala hindi ko na lang tinanong kasi feeling ko kahit ako namula nang marinig ko.

Nagba-blush din pala ang lalaki? malay ko ba eh si kuya Nathan lang naman ang lalaking lagi kong kasama at hindi ko pa siya nakikitang mag-blush.

>.<

Okay naglalakad na kami at nakasulat saming dalawa ang sakitang A-W-K-W-A-R-D! habang naglalakad.

Medyo magkalayo kasi kaming naglalakad pero sabay naman.

Nagulat na lang ako nang biglang lumapit ang lahat nang couple na nakita namin dito sa aming dalawa kaya naman nagkatabi kaming dalawa.

"Pare thank you!". guy 1. (^^.)

"Dude, thanks a lot", guy 2. (^^.)

"Kanina pa kami nagpaplano kung pano kayo pasalamatn eh", guy 3 sabay tingin saakin.

SALAMAT SAAN?!

"Thank you kuya", sabi ni guy 4 na medyo bata pa rin pero may kasama na siyang girlfriend ata niya. (\*,\*)

"Ang gwapo mo naman kuya, salamat!", girl.

"What?! I'm hotter! tsk", sabi ni guy na kasama ni girl na nagsalita. (-,-)

"Your being rude! nagta-thank you lang ako Hon", girl.

"psssh!~~", guy.

"Ang swerte mo, ang gwapo na nga nitong lalaking kasama mo hindi pa KURIPOT!", sabi ni girl 2 saakin at talang diniinan niya yung 'kuripot' na parang may pinaparinggan siya.

"Hindi ako kuripot no!", sabi ni guy 2 na kasama ni girl 2.

Bakit ba sila nagpapasalamat?!

May ginawa ba ako?! Or rather, may ginawa ba si gag\*?

"Excuse lang po, pero bakit po kayo nagpapasalamat?", tanong ko

Nagtinginan silang lahat sakin maliban kay gag\*

BAKIT?!

"Hindi mo alam?!", sabay-sabay na sabi nang mga babae na kasama nang mga lalaki.

"Ha?! a-anong hindi ko alam?!" (.-)"

"Na siya ang nagpa-private nitong lugar na to ngayon para lang sa'yo?! hindi mo alam girl?!", sabi ni girl 3.

"Tumahimik ka nga ang ingay mo!", suway nang lalaki na kasama ni girl 3. (.-)

"Ang sama mo! i hate you!" girl 3. (~~!)

"Hindi mo ba nakita na hindi niya sinabi na siya nagpa-private nito sa kasama niyang babae", sabay turo kay CIRO?!!! o.O'

"Oopps sorry!" si girl 3 sabay peace sign. (^,^)

Nagpasalamat ulit ang mga couples na lumapit samin at kami na lang natirang dalawa.

Siya ang nagpa-private nito?!

I never imagined na pati ito kaya niyang ipa-private?!

Naglalakad kaming dalawa nang huminto ako.

naramdaman niya sigurong tumigil ako sa paglalakad kaya tumigil din siya.

"B-bakit ka tumigil?", tanong niya sakin.

Hindi pa rin siya makatingin sakin nang maayos.

"I-ikaw ba talaga nagpa-private nito?"

Hindi siya sumagot.

Ibig sabihin totoo.

"Bakit?"

"Kasi gusto ko na. na.. kailangan mo pa ba talagang malaman?"

"Of course, so bakit?" (.-)

"Dahil.. dahil gusto ko na mag-isa lang tayo dito! gusto ko na masolo lang kita sa araw na to! isa to sa mga importanteng araw para sakin!", napakamot siya sa batok niya pagkatapos niyang sabihin yun. (-,-)\

He's SHY?!

"Pero bakit may magcouples dito kung ayaw mo na may kasama tayong iba?"

"Para.. para hindi mo mahalata na ako nagpa-private nito pero yung maiingay naman yun *F.CK!* sinabi sa'yo"

Lumapit ako sa kanya.

"Hindi mo naman kailangang gawin yun eh"

"Pero ginawa ko yun dahil akala ko magugustuhan mo"

"nagustuhan ko naman kaya lang sana sa next time wag ka nang masyadong gumastos, okay? ikaw na nga rin ang nagsabi na hindi ako katulad nang ibang babae kaya okay lang saki ang kahit na ano at kahit na saan, aight?"

Ngumiti bigla siya nang pilya.

"Next time? ibig sabihin may NEXT TIME pa?" (.^^)

>////< Next Time?! Don't tell me na sinabi ko sa kanya na.. na.. @rgh! sinabi ko sa kanya na wag na siyang masyadong gumastos next time, para tuloy sinabi ko na rin na gusto ko nang next time! aHhhh!! Kill me now!!

"E-ewan ko sa'yo bahala ko nga!", naglakad na ako palayo pero sinundan niya ako.

"Kailan naman ang next time na yun?", humarang siya sa daan ko. (^,^)

"Wala! walang next time!", tumatakbo na ko para hindi niya ko maabutan.

"hahaha, come on Loves! just tell me" hinahabol niya pa rin ako habang tumatawa.

Nakakaasar naman oh! Tokneneng naman nang ina mo oh!

Bahala ka diyang gag\* ka.

Ahhh Gag\* mo talaga Ever!!



Nag-ulit kami sa Rappelling na dalawa at Yes! magkasama kami.

Ginamit na naman niya ang kanyang oh-so-adorable-puppy-eyes-pouty-lips technique.

Nag-alis na rin kami sa 'Brave Adventurer Park' at nandito na kami ngayon sa Autumn Park.

Gumagabi na at paalis na rin kami, nag-upo lang kami sandali sa fountain.

Tatayo na sana ako nang bigla niya akong hilahin at paupuin ulit.

"May iba ka pa bang kinatatakutan, pwede natin siyang i-conquer nang sabay katulad nang ginawa natin kanina"

Napatingin ako sa kanya kasi kakaiba ang tono nang boses niya, parang may ibig sabihin.

"Ibang kinatatakutan maliban sa heights? wala na naman eh, dun lang ako natatakot pero ngayon parang hindi na masyado. Salamat ha?"

hindi na siya nagsalita at biglang yumuko.

"Natatakot ka bang masaktan?"

Bigla niya kong tinanong na ikinagulat ko.

Tinatanong niya ko 'kung natatakot ba akong masaktan?'.

Magsasalita na ulit sana ako pero bigla siyang nagpatuloy.

"Pwede bang sabay rin nating i-conquer ang takot mo na masaktan, ang takot mo sa pagmamahal?", marahan niyang hinawakan ang pisngi ko.

Natameme ako sa sinasabi niya.

Hindi ko na alam kung ano ang sasabihin ko, kung ano ang isasagot ko.

Natatakot nga ba akong masaktan?

Natatakot nga ba akong magmahal dahil iniisip kong masasaktan lang ako?

"Alam kong narinig mo ang sinabi ko sa'yo nang una tayong magsama sa rappelling, rinig mo yung sinigaw ko di ba? Loves" huminga siya nang malalim "I lo---"

Yun yung sumigaw siya nang 'I Love You' habang nagpapahulog kami.

Hindi ko na hinayaan pang sabihin niya ang mga kasunod na salita.

"A-ano ba yan ang seryoso mo naman, tara! umuwi na tayo!", bigla akong tumayo.

"Loves, listen---

"Pinapauwi na ko ni kuya nathan, kaya kung hindi pa tayo uuwi, magco-commute na lang ako!!", napataas na ang boses ko.

\*sigh\*

"Okay, let's go"

>Ciro's POV<

"Alam kong narinig mo ang sinabi ko sa'yo nang una tayong magsama sa rappelling, rinig mo yung sinigaw ko di ba? Kyle" huminga ako nang malalim "I lo---

Hindi na niya hinayaan pang sabihin ko ang mga kasunod na salita.

"A-ano ba yan ang seryoso mo naman, tara! umuwi na tayo!", bigla siyang tumayo.

"Loves, listen---

"Pinapauwi na ko ni kuya nathan, kaya kung hindi pa tayo uuwi, magco-commute na lang ako!!", napataas na ang boses niya.

\*sigh\*

"Okay, let's go!"

Hinatid ko na siya sa kanila at sa buong byahe namin ay tanging katahimikan lang ang namamagitan samin.

Bumaba na siya nang kotse at hindi na ako inintay pagbuksan siya nang pinto,

Nasa tapat na kami nang bahay nila.

Bumaba rin ako nang kotse pero agad siyang naglakad papasok nang bahay nila.

Bubuksan na sana niya ang pinto nang may magbukas nito.

Si Kuya!

"Oh princess, ang agap nyo naman ata?" hindi na siya pinansin ni Loves at naiwan siyang nakatayo sa pinto.

Sumandal ako sa sasakyan ko,.

Mali ba na sinabi ko yun?

Mali ba na tinanong ko siya?

Nawala ako sa iniisip ko nang may sumandal din sa kotse sa tabi ko.

"Please, understand her. i'm not asking you a favor, i'm just telling you this"

"I know, pero kuya--"

"Don't call me kuya!"

"Okay, pero Nathan. Mali ba na sinabi ko agad sa kanya ang nararamdaman ko?"

"Hindi ko masasabing mali, maaaring nabigla lang siya sa sinabi mo at hindi niya alam ang gagawin niya that's why i'm telling you to understand her"

"Salamat, kahit anong mangyari hindi ako susuko!"

Nyeta kahit abutin tayo nang 5 taon basta sa kama ang tuloy, este sa altar ang tuloy!

"Dapat talagang hindi ka sumuko, wag mo kong gayahin.. wag kang susuko sa babaeng mahal mo dahil ikaw ang magsisisi sa huli"

Napatingin ako kay Nathan kasi medyo malungkot ang pagkakasabi niya pero nang tumingin ako sa kanya ay nakatingin lang siya sa langit.

Nagtataka ako kung bakit wala pa tong girlfriend, hindi kaya bakla to?

Bakla si Kuya Nathan?!

Lumayo ako nang konti.

\*b00og\* =.= ' Q(-\_-Q)

"Araaay", ako. (-,-)\

"Alam ko iniisip mo, hindi ako bakla dahil kung magbabakla ako maraming magluluksa"

"Hindi daw", bulong ko pero narinig niya ata kaya tinaas ulit ang kamay niya para siguro batukan ulit ako. Q(-\_-Q)

"Oh joke lang! joke lang! Easy!"

Napakapit ako sa ulo ko, ang sakit nang batok ni kuya, mind reader nga pala to!

"Pero kuya" tumingin siya sakin ng masama "Okay, I get it. pero Nathan, nagtataka lang ako kung hindi ka bakla bakit wala ka pang girlfriend hanggang ngayon?"

"ULUL! hindi talaga. bakit wala pa? simple dahil sumuko ako kaya hindi ko siya nakuha, kaya kung ayaw mong magaya sakin, wag kang susuko!"

"sino ang babaeng sinukuan mo, i bet she's beautiful like your sisiter kasi hindi ka pipili nang hindi katulad ng Loves KO!"

"KO? Hindi pa siya iyo kaya walang KO!"

"psssh. Sino nga kasi yung babae?" -\_\_\_-

"Wag na! baka magulat ka pa kapag sinabi ko sa'yo, umuwi ka na! mawala ka na sana!"

Umalis na siya sa pagkakasandal sa sasakyan ko at pumasok na rin ako sa kotse ko.

Susuko? Wala sa bokabularyo ko ang salitang yan! ^\_\_^

-----

(A/N:

Nyahahaha >:D sorry nahirapan akong mag-isip nang mga scene para ditto sa chapter na o! I hope na ayos lang yung kinalabasan niya, medyo natagalan din ako sa chapter na to kasi may pasok na po ngayon kung hindi nyo alam, nyahahah >:D

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > He Is STUPID!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 5

>Kyle's POV<

Isang linggo na ang nakakalipas at balik na ulit kami sa dati naming buhay.

Sa bawat practice ko, nandun siya at may dalang DLSR. Sa bawat labasan namin tuwing klase, mag-iiritan ang mga kaklase ko sa labas ng classroom senyales na nandyan na siya.

Pero may nag-iba kasi ngayon..

"Uuwi ka na?" tanong ni Claire

"Yup! may research paper pa kaya tayo"

"Kyle...", chloe.

Naku ayan na naman po tayo!

"Ay naku Chloe! tigilan mo ko, kung magpapagawa ka na naman ng Research Paper, ayoko na! okay?"

"uWaaa please!! Please!!" ~(TOT)~

"Bakit hindi ka kaya kay Andrew MO magpagawa" (.-)

Napatingin naman kaming tatlo kay Andrew na agad namula.

"Kyle! yan, eh hindi nga gumagawa yan eh", sabay turo pa niya kay Andrew. T^T

"Sige alis na ko, Bye", lumabas na ako sa main door at hindi na sa back door.

Agad namang lumapit ang lalaking pinapalibutan ng mga kaklase ko kanina.

Nakangiti pa rin siya as usual, ^\_\_\_^ isang ngiti na kahit sino ay madadala nito.

"Ako na", sabay kuha niya sa bag ko. (^o^)

"Wag na ako na!"

"Let me, okay?"

Tumungo na lang ako.

Sabay kaming umalis sa napakaraming tao sa tapat ng room pero bago yun ay nakarinig ako nang mga tsismis.

"sila ba?"

"sayang naman!"

"grabee! :>"

"bagay sila"

Bigla namang nilapit ng gag\* ang bibig niya sa tenga ko.

"Bagay daw tayo oh!" (.^^) (--.)

Hinampas ko siya sa balikat niya.

"Ewan ko sa'yo!", naglakad ako ng mabilis.

At narinig ko naman ang tawa niya at tawag niya sa akin.

"Loves, wait lang!" ^()^

Naglakad lang kami pauwi sa bahay ko.

Maraming nagbago, pero hanggang ngayon isang tanong ang hindi ko masagot..

'Pwede bang sabay rin nating i-conquer ang takot mo na masaknan, ang takot mo sa pagmamahal?'

Ang tanong niya sa Autumn Park na hanggang ngayon ay hindi ko alam kung paano at ano ang isasagot ko.

Akala ko nang una, mag-iiba siya nang hindi ko siya sagutin sa tanong niya noon at nang pagtaasan ko siya nang boses pero pagkatapos ng araw na yun ay nakita ko siya sa morning practice namin na nakangiti ng malapad.

Akala ko susuko na siya, pero hindi pa rin pala.

"Loves, date naman ulit tayo?", out of nowhere niyang sinabi.

"ASA ka gag\*!"

"Hahaha, sabi ko nga eh" (.^^)'

"Napakamasiyahin mo no?"

"Hindi rin."

"Eh bakit lagi kitang nakikitang masaya at natawa"

"Kasi kasama kita", siya sabay kindat. (^,^)

WTF?! Kumindat na naman tong loko na to eh. >,<

"Agh! wag ka ngang kumindat" -\_\_-

"Bakit Loves? tumatalab na ba? tumatalab ba?", parang bata niyang tanong na may patalon-talon pa. \m/

"HINDI!", isinigaw ko talaga.

Agad naman siyang tumigil sa pagtatalon at nag-pout >3<

Bakit ba ang hilig nitong mag-pouty lips.

Halikan ko yan eh, siga ka! ikaw rin?! (~.~)+++

ANO KYLE?!

Ano ba yang iniisip mo.

Erase\* Erase\*

Nadadala ka lang ng pouty lips niya, yun lang.

"Loves, hindi ba talaga?", tanong niya habang naka-pouty lips pa rin. \*3\*\*

Lokong to! nang-aakit ka ba? =.=

"Hindi!"

Nyahhaha ang sama ko ba kasi naman parang nung sinabi kong hindi! >:D

Parang malapit na siyang manalo sa lotto tapos nawala pa, Priceless talaga.

"pffft-- hahahhahahaha", hindi ko na mapigilang mapatawa. ^o^

"Ah! don't laugh" -\_\_-

Nagkatinginan kaming dalawa at..

"hahahahahahahah", sabay kaming napatawa sa expression nang mukha namin.

Pero agad nawala ang tawanan namin nang.

"KYLE!!!", boses nang isang lalaki na pamilyar.

Agad kaming napatingin sa lalaki.

Nasa tapat na pala kami nang bahay namin.

Nakita ko si Kuya Nathan pero hindi siya ang tumawag sakín kung hindi si..

"MELO!!!!", sigaw ko sabay yakap sa lalaking tumawag sakín. ^()^

Niyakap rin niya ko.

-----

>Ciro's POV<

Nawala ang tawanan namin nang.

"KYLE!!!", boses nang isang lalaki.

Parehas kaming napatingin sa lalaki.

nasa tapat na pala kami nang bahay nila.

Nakita ko si Nathan pero hindi siya ang tumawag kay Loves.

"Melo!!!!", sigaw ni Loves sabay YAKAP?! o.O sa lalaking tumawag sakanya na katabi ni Nathan.

Niyakap rin siya nung Melo daw?! +\_\_\_+

The Hell?!

Hindi pa ko niyakap ni Loves nang ganun. >.<”

-----

Natapos ang araw ko na iniisip ang Melo na yun.

Don't get me wrong mga Dre! i'm not a homo, iniisip ko lang kung pano ko siya papatayin nang walang makakaalam. -\_\_\_-+++

Isa lang ang nalaman ko tungkol sa Melo na yun...



'Siya ang bestfriend ni Little Princess nang bata pa sila, nag-migrate lang sila Melo pero as you can see bumalik siya', yang ang sinabi sakín ni Nathan.

Bestfriend?!

Eh kung makayakap yung mokong para lang Long-Lost-Girlfriend niya ang Loves KO!

'KO' talaga, akin lang si Loves eh,

^ \_ ^

Pero may isang asungot =\_\_=

Sinipa ko ang nadaanan kong basurahan, pauwi na ko sa bahay nang lakad.

Nag-iinit ang dugo ko kanina matapos makita ang yakapan nila, ang sarap pagpalitin ng mukha nung Melo sa aso namin eh, -\_\_\_-+++

Pwede naman di ba?

di ba papayag naman kayo, di hamak naman na mas gwapo ako dun sa mokong na yun.

Umuwi na ko at naggawa na ko nang plano ko kung pano kikitilin ang buhay nung mokong at nakagawa ako nang Plan A hanggang Plan Z! (~.~)++++

Plan A, ipapabugbog ko.

Plan B, babagsakan ko ang ulo niya ng flower vase mula sa 5th floor.

Plan C, ipapahabol ko sa aso namin.

At maraming iba pa.

=\_\_= Pero pagkatapos kong gawin yun, baka si Loves naman ang gumawa nang plano kung pano kitilin ang buhay ko.

Nah!~ NVM!

-----

\*click\*

\*click\*

Ang ganda talaga ni Loves tuwing nagpa-practice siya, hindi lang pala tuwing nagpa-practice, araw-araw at minu-minuto pala maganda siya. \*Q\*

\*click\*

\*click\*

Stalker mode na naman ako mga Dre! ^\_\_^

Nagpa-practice na naman sina Loves at ang team nila sa field at ako naman si gwapo na may dalang DLSR at kinukuhaan ang bawat galaw niya.

Natapos na ang practice nila dahil may pasok pa kami ngayong umaga.

Palapit na siya sa akin nang nakangiti at lalapit na rin sana ako sa kanya nang biglang may lalaking dumanggil sakin mula sa likod ko.

"ang galing mo talaga", sabi nung lalaking hamapas lupa na bumangga sakin kay Loves.

"salamat", sabi ni Loves sa hampas lupa at ngumiti.

The Efff?!! Ngumingiti siya sa tapat ng Melo na hamapaslupa na yun! =\_\_-+++

"hindi ka pa rin nagbabago", sabi ni hampaslupa

+\_\_+

"siyempre naman!", sagot naman ni Loves

^\_\_^

Naglalakad na sila palapit sakin at sasalubungin ko na sana si Loves, OO si Loves lang!

Pero, NILAMPASAN NILA KO?! o.O

TENGENENGYEN! -\_\_-

Hindi man lang ako tiningnan ni Loves o nginitian.

Tukneneng ng ina mo naman oh! (!~~)

Bakit ba nandito ang lalaki na yan?!

-----

"Ahhhhh!!!!", sigawan nang mga babae sa labas ng classroom ni Loves dahil NANDITO NA NAMAN AKO!! (^,^)

"anong number mo?!!! KUYA??!!!"

"ang gwapooo mooo!!!"

Pero bakit ganon, parang hindi nila ako kilala ngayon.

Araw-araw naman akong nandito.

Lalapit na sa akin ang mga babaeng kaklase ni Loves pero NILAMPASAN NILA AKO?! o.O”

Nilampasan nila ako at nagmamadali ang ibang babae kaya naman naapakan nila ang paa ko at yung iba ay natulak pa ko. =.=”

Napatingin ako sa mga babae na lumampas sa akin at nakita ko na may dinudumog silang isang lalaki. -\_\_\_-

Nyeta!! hanggang dito ba naman agaw eksena pa rin yung hampaslupa na yun. +\_\_+

"ahh! ouch! excuse me, padaan po!", sabi niya sa mga babae pero hindi nagpatinag ang babae.

Pati ba naman sa mga babae na to, balewala na rin ako.

Pero hindi naman yun importante sakín kaya lang si Loves parang hindi man lang ako nakikita simula nang dumating ang hampaslupa na yun.

Nakita ko na palabas na si Loves kaya tatawagin ko na sana siya nang may isang lalaking sumigaw.

"Babe!!!", sigaw nung hampaslupa kay LOVES?!

BABE?!! o.O”

Napatingin naman si Loves sa hampaslupa at parang tumigil ang mga babae nang makita nila si Loves.

"Babe? si Kyle, nitong gwapong lalaki?"

"hindi ba sila ni Papa Ciro?"

Narinig kong bulungan ng mga babae.

Lumapit agad yung hampaslupa kay Loves at INAKBAYAN si Loves?! (~.~)++

Pigilan nyo ko, baka matuloy ko yung Plan A - Plan Z ko!

"Tara na Babes!!!", sinigaw talaga nung hampaslupa na parang sinasabi sa lahat na sila ni Loves!

Nagbulungan ang dalawa at tumungo-tungo na lang si Loves.

"Loves-- i mean Kyle!!!", tawag ko sa kanya.

Agad naman siyang tumingin sakín pati ang hampaslupa.

"sino siya?", tanong naman nung hampaslupa kay Loves habang naka-akbay pa rin.

-\_\_-++++

"Ciro, senpai namin at Ciro si Melo nga pala", pagpapakilala ni Loves saming dalawa.

(A/N: senpai means 'higher year sa school na pinapasukan')

Hindi ko kailangang makilala ang hampaslupa na yan.

"ah! sige-sige! Ciro, una na muna kami", si Loves sabay hila sa hampaslupa na parang nagmamadali.

The Eff?!! >,<

Bakit Ciro ang tawag niya sakín, hindi ako sanay.

Mas gusto ko na tinatawag niya kong 'gag\*'

Naiwan ako na nakatayo sa labas ng room nila at napapaligiran ng mga babae na hanggang ngayon ay hindi matapos sa bulungan nila.

"SHUT UP!! ALL OF YOU!!!", sigaw ko sa mga babae.

\*Blag\*

Sinuntok ko yung Fire Alarm kaya nag-cause ito nang ingay.

Nagkasugat rin ang kamay ko dahil glass ang nakapalibot sa Fire Alarm

"SH.T!!!", sigaw ko.

Umalis ako sa school nang tumutulo ang dugo sa kamay ko.

Hindi ko alam, pero nag-init bigla ang dugo ko nang makita ko ang pag-akbay niya kay Loves at ang pag-rereact ni Loves.

Dumating agad ako sa bahay at nag-aalala si Ate sa kamay ko pero hindi ko siya pinansin dahil dumiretso ako sa kwarto ko.

Binendahan ko na rin yung kamay ko.

\*knock\* \*knock\*

Kanina pa kumakatok ang mga maid ko dahil hindi pa daw ako nakain.

Binuksan ko ang pinto at..

"ANO BA?!! DI BA SABI KO NA HINDI AKO KAKAIN!! ANO BANG---", napatigil ako nang mapansin ko na hindi pala maid ang kumakatok ngayon.

"Pwede ba kong pumasok, Little Brother?" (^,^

"bakit?" -\_\_-

"may sasabihin lang ako sa'yo"

"bukas na!" =.=

"ngayon mo kailangan marinig to!" -\_\_\_- (~~!)

"o-okay", sumigaw na si Ate kaya wala na akong nagawa.

Na-upo ako sa upuan sa tapat ng study table ko at si Ate naman ay sa bedside ko naupo.

"Narinig ko yung ginawa mo sa school ngayon"

"Alam ko"

Kami ang may ari ng school at si Ate ang Principal kaya alam kong alam na niya.

"bakit mo ginawa yun?"

"..."

"bakit ko pa nga ba tinatanong kung alam ko na ang sagot di ba?"

"malakas pala ang karma no?"

"hahaha, ako ang nagsabi sayo niyan dati pero hindi ka nakinig"

"ano bang sasabihin mo, tutulog na ko!"

"Alam mo ba, dati may isang babae sobrang tapang niya at may isang lalaki na nagmamahal sa kanya ng sobra"

"ano bang sasabihin mo?!"

"PATAPUSIN MO KO!!" +\_\_+

"o-okay" (. \_ \_)

"Handang gawin nang lalaki ang lahat para sa babae pero hindi nagpapakita ang babae ng kahit anong appreciation sa lalaki kahit na deep inside ay tuwang-tuwa siya, pero isang araw hindi na siya kinukulit nang lalaki, hindi na siya tinetext at tinatawag na 'Babe'. Siguro nga nagsawa na siya, yun ang iniisip ng babae kaya naman nasaktan siya nang sobra at dun niya nalaman na mali siya na hindi ipakita ang nararamdaman niya sa lalaki ng mas maaga, na hindi niya pinakita na lahat ng bagay na ginagawa ng lalaki ay naa-appreciate niya nang sobra"

"..."

"ang story nila ay hindi katulad ng ibang story, dahil sa story nila ay walang 'second chance'"

"..."

"may nakuha ka ba sa kwento?"

"isa lang ang nalaman ko, TANGA sila pareho dahil dapat hindi sumuko yung lalaki at dapat pinakita agad nung babae na mahal niya pala yung lalaki"

Umiling si ate.

"you don't get the main point in the story"

"ano ba yun?" -\_\_\_-

"may mga tao na mas pinipili na hindi ipakita ang nararamdaman nila dahil natatakot sila"

"ano bang kinalaman ko diyan"

"Sa story, parang ikaw yung lalaki at si Kyle ang babae. Maaaring hindi lang sa'yo pinapahalata ni kyle pero naa-appreciate niya lahat ng ginagawa mo kaya ikaw wag kang basta-basta susuko"

"hindi naman ako nasuko eh"

"bat mo sinasaktan ang sarili mo kung hindi ka nasuko? Ang lalaki hindi nagpapakita nang kahinaan"

"...", napayuko ako sa sinabi ni Ate.

Natamaan ako sa sinabi niya, nagpakita nga ako nang kahinaan kanina nang nagalit ako sa tapat ng room ni Loves.

"wag mong gayahin ang nangyari samin", malungkot na sabi ni ate at tumayo na siya saka ako ako sa noo.

"anong ginawa niyo? nino?"

"wala! matulog ka na!"

Lumabas na si Ate sa kwarto ko at nahiga na rin ako.

Iniiisip ko kung anong pwede kong gawin.

Pero wala akong maisip =\_\_=

-----

Nasa klase ako ngayon pero hindi ako nakikinig.

Break Time na rin pero hindi ako lumalabas ng room.

"hey!", tawag ni Nikko.

Kaibigan ko bukod kay Chiron at Chad.

Tumingin ako sa kanya nang naka-ngiti, parang ganito oh! =\_\_=

Ang ganda ng ngiti ko ngayon no?

"bakit?", tanong ko sa kanya.

"woah! bakit ang ganda ata ng aura mo ngayon?!"

Tiningnan ko siya nang masama. (!~~)

Lokong to!

"joke lang! joke lang! nyahaha alam ko naman kung bakit eh!"

"alam din pala, tatanong-tanong pa", bulong ko.

"pwede kitang tulungan!"

"Ha? Ano?"

Para atang biglang lumaki yung tenga ko sa sinabi niya.

"Tutulungan kita pero ilakad mo naman ako kay Chloe oh!"

Si Chloe, Ex ni Chad!

(A/N: My Double Prince Reader!)

"pssh!~ hindi ko kailangan ng tulong mo!"

"okay, effective pa naman to! sayang panigurado pa naman na pagkatapos nito, magiging kayo na!", si Nikko at nagtatangkang aalis na.

Pinigilan ko siya.

"hindi delikado? siguradong akin na siya?"

Tumungo-tungo naman ang sira-ulo.

"Okay! Deal!" (^,^)

-----

>Kyle's POV<

Ano bang ginagawa nung gag\* na yun sa buhay niya.

Hindi lang siya gag\*, TANGA pa siya!

Sino ba namang tao ang susuntok sa Fire Alarm nang may tamang pag-iisip di ba?

Pasalamat siya na sila ang may ari nito.

"ano daw bang balita kung bakit sinuntok ni Ciro yung fire alarm", tanong ni Claire kay Chloe.

Panong hindi ko malalaman eh pagkapasok na pagkapasok ko pa lang sa room ay sumalubong agad sakín ang mga kahanga-hanga kong mga kaibigan pagdating sa tsismisan, si Claire at Chloe.

"isa lang ang alam kong dahilan, at yun ay IKAW!!", sabay turo ni Chloe sa AKIN?!

Napatingin naman lahat ng tao samin.



"ako? pano naging ako eh wala naman akong ginagawa at pwede bang hinaan mo yang bores mo" (--.)?

"wala ka ba talagang ginagawa?" (.^^)"

"w-wala!"

Actually, meron pero ayaw kong sabihin sa kanila yung ginawa ko pero may dahilan naman eh.

"eh sino yung hottie na kasama mo kahapon?", tanong ni Claire.

Ayan na nga po ang sinasabi ko.

Tukneneng nemen oh oh! -\_\_-

"s-si Melo yun, kilala nyo na siya.. siya yung kababata ko na bestfriend ko na nag-migrate sa ibang bansa dati"

"s-si Melo yun?! sigurado ka?", Claire.

Tumungo-tungo ako.

"kaya pala familiar", si Chloe habang natungo-tungo.

Ako ba talaga ang may gawa nun?!

Pero wala na kong ibang magagawa, baka kasi magkagulo pa kung hindi ko paglalayuin si Melo at yung gag\*.

Ganon din yung nangyari sa practice ko nung isang araw.

>FlashBack<

Nagpa-practice ako ngayon ng Baseball at ramdam ko na kinu-kuhaan na naman ako nung gag\* ng picture, sabi nang tigilan eh napakakulit talaga nung gag\* na yun.

Tapos na ang practice ko at papasok na sana ako.

Nginitian ko yung GAG\* pero nagulat ako nang may isang lalaki na dumanggil kay gag\* at mas nagulat ako nang nakita ko si MELO?!

Anong ginagawa niya dito.

Binaling ko ang ngiti at tingin ko kay Melo at iniwasan kong tingnan si gag\*

"ang galing mo talaga", sabi ni melo

"salamat", sagot ko sabay ngiti.

"hindi ka pa rin nagbabago", Melo (^,^)

"siyempre naman!", ako

Naglalakad na kami malapit kay gag\* at sasalubungin niya sana kami ni Melo pero nilampasan ko siya.

hindi ko manlang siya pinansin o nginitian.

Sorry Gag\*

Baka magkagulo lang kaya hindi muna kita papansinin, Sorry!

>End of FlashBack<

Hindi ko siya pinansin dahil baka malaman niya yung 'promise' namin ni Melo.

Ayoko.

Bakit ko ba kasi ginawa pa ang promise na yun.

Pero bata pa kami nun, kaya lang alam ko na pinanghawakan ni Melo ang pangako na yun.

Pero pagkatapos nang klase ko noon ding araw na yun ay hindi ko na napigilan ang sarili ko na kausapin siya kaya lang EPIC FAIL na naman kasi nandoon pala ng mga oras na yun si Melo.

>FlashBack<

Palabas na ko nang classroom at nag-iiritan na naman ang mga kaklase ko sa labas ng room

Siguradong nandyan na naman si gag\* kaya nairit na naman ang mga kirida kong kaklase, ang sarap lang ilampaso nang mukha nila.

Pssh!~ =\_\_= hindi ako nag-seselos, okay?

Lumabas na ako pero nakita ko si gag\* na nakatayo lang ang nakatingin sa mga babaeng nakapalibot sa isang lalaki.

Pero hindi siya isang normal na lalaki lang, si Melo!

"Babe!!!", sigaw ni Melo. (.^^)

Napatingin naman ako kay Melo at SAKIN SIYA NAKATINGIN?!

Ako ba ang tinawag niyang...

BABE?!! -\_\_\_-“

Napatingin din lahat ng babae na nakapalibot kay Melo sakin.

"Babe? Si Kyle, nitong gwapong lalaki?"

"Hindi ba sila ni Papa Ciro?"

Narinig kong bulungan ng mga babae.

Lumapit agad si Melo sa akin ng makakuha siya ng chance na makaalis sa mga babae.

"Tara na Babes!!!", sinigaw talaga ni Melo na parang sinasabi sa lahat na ako yung babe DAW niya! (.-)

"babe? ako ang babe mo? kailan pa?", tanong ko sa kanya pero bulong lang.

"oo, puh-lease! kahit ngayon lang! gusto kong umalis sa mga masokista mong kaklase", nag-pout pa siya. \*3\*

Sorry Melo kay Gag\* lang natalab ang \*3\* Pouty-Lips Technique na yan.

Anong sinasabi mo Kyle?!

Erase\* Erase\*

Tumango-tango na lang ako.

"Loves-- i mean Kyle!!!", tawag ni GAGO SAKIN?!

Nyeta! nakalimutan kong nandito na nga pala si Gag\*

"sino siya?", tanong naman ni Melo sakin. (--.)

SH.Z!! bawal silang magakakilala, baka may maungkat pa sa nakaraan ko.

\*Jimmy Neutron Mode\*

\*Ting - may lightbulb na nakikita sa ulo ko\*

"Ciro, senpai namin at Ciro si Melo nga pala", pagpapakilala ko sa dalawa.

(A/N: senpai means 'higher year')

"ah! sige-sige! Ciro, una na muna kami", ako sabay hila ko kay Melo dahil nagmamadali ako.

Baka kasi kausapin pa ni Melo si gag\*

Sorry ulit Gag\*!

At First time ko siyang tawagin na 'Ciro' nang hindi niya ko pinipilit.

Parang nakakapanibago. (. \_ \_)"

>End of FlashBack<

Yun nga ba ang naging dahilan kung bakit niya sinuntok ang Fire Alarm, kasi sabi nila pagkaalis daw namin ni Melo nangyari yun.

Hindi ba niya alam na maraming nag-aalala sa kanya, sina Chad, ang ate niya... at ako.

Nawala ang iniisip ko nang biglang may nagtext sakín kaya naman nag-vibrate ang cellphone ko na nasa bulsa ng skirt namin.

Kinuha ko ang cellphone ko at number ni gag\* ang nakita ko, hindi pa rin naka-save ang number niya..

Agad akong napatakbo papunta sa classroom niya nang makita ko ang text niya.

Nakakapagod dahil nasa 4th floor pa ang classroom niya.

May mga kaklase pa siya sa classroom nila dahil last subject na ata nila kasabay lang namin.

Hindi ko inintindi ang sinasabi nila dahil hinanap ko kaagad ang bag ni gag\* at nakita ko naman ito.

Agad akong bumaba ulit sa ground floor at tumakbo.

Nyeta! bakit ba lagi niyang pinapabayaang sarili niya.

Ang lakas ng tibok ng puso ko kasabay ng hingal na hingal na paghinga ko.

'Kyle..medicine..bag..nasa..lumang bodega ako.. tulong--'

Yan ang text na bumungad sakín, naintindihan ko naman ang text niya kaya nagmadali agad ako.

Ang sabi niya ay "kyle, yung medicine ko nasa bag ko at nasa lumang bodega ako, tulong!"

yun siguro ang gusto niyang sabihin.

Bakit ba ang gag\* niya.

Alam naman niyang may sakit siya pero hindi niya dinadala ang inhaler at medicine niya.

Hindi lang siya gag\*, TANGA rin siya! He Is So STUPID!

Nakikita ko na ang lumang bodega at nakikita ko na sarado ito.

Tumakbo ako nang mas mabilis.

bakit ba pati ako ang tinext niya, pwede namang kaklase niya para mas madaling maibigay sa kanya ang medicine niya.

The Eff?!

\*Ennnkkk\* Binuksan ko nang mabilis ang pinto ng lumang bodega.

At nakita ko siya!

SH.Z!

Oh My Ghad!

"GAG\*!!", tawag ko sa kanya at agad akong lumapit kung nasan siya.

(A/N:

Whaa!! TT()TT anong susunod na mangyayari mga kapatid sa pananampalataya, anong nangyari kay papa Ciro?! uWaaa ~(T^T)~ Let's Pray For his Handsome Soul mga kaibigan!

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > He's Jealous?!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 6

"GAG\*!!", tawag ko sa kanya at agad akong lumapit kung nasan siya.

At...

\*PAAAAKK\*

Isang sampal ang ibinigay ko sa kanya.

Bakit?

Kasi nandito siya at nakatayo sa harapan ko na malakas pa sa kabayo.

Eh niloloko lang naman pala ako nito eh, ang ayos-ayos pa nga nang lagay niya na parang wala siyang sakit.

"aray! bakit mo ginawa yun Loves?"

"Loves, Lablabin mo yang mukha mong gag\* ka!"

"bakit? may ginawa ba akong masama sa'yo? Loves?"

"Ano? eh pinatakbo mo lang naman ako sa building natin hanggang dito sa lumang bodega na to! Tapos ayos ka naman pala!" Q(-\_ -Q)

"ayos naman talaga ako eh! sino bang nagsabi na hindi?", siya habang hinihimas yung pisngi niya na sinampal ko. (-,-)\

"ULUL ka! magde-deny ka pa ba?! eto yung text mo oh!". (!~~)--> (--.)?

Pinakita ko sa kanya ang text NIYA SAKIN at tinitigan niyang mabuti ang text niya na parang inuusisa ito.

"Paano ako magte-text eh na kay Nikko yung Cellphone ko?" (-,-)\

"Nikko?!"

"OO, aray Loves ang sakit talaga ng sampal mo!" =3

"Nikko?! sino yun?"

"Kaklase ko!"

"Kaklase mo? ibig sabihin.." (-,-)??

Napatigil kami nang makarinig kami nang...

\*ENNNKKK\*

Naarinig kami nang pagsarado ng pinto ng Lumang bodega kung nasan kami. o.O?

At nakarinig kami nang mga susi na parang may nilo-lock sa labas.

Nilo-Lock?

Nilo-LOCK?! o.O

Nagkainginan kami sa isa't-isa ni gag\* at sabay kaming pumunta sa nagsaradong pinto or rather SINARADONG PINTO.

Pero katulad nang narinig namin, naka-lock nga ang pintong ito sa labas kaya tanging mga nasa labas lang ang makaka-pagbukas nito.

"SH.T! kasalanan mo to eh!" <(0)>!!!

"Ako? bakit naman ako Loves?"

"Don't call me Loves at BA-KIT I-KAW?! kasi kung hindi lang naman po sana sa text mo di sana wala ako dito" (~,~)

"Hindi nga ako yun Loves katulad nang sinabi ko sa'yo, wala sakín ang cellphone ko dahil nasa kaklase ko yun!"

"Kaklase?", bulong niya na parang may iniisip.

>Ciro's POV<

"Hindi nga ako yun Loves katulad nang sinabi ko sa'yo, wala sakín ang cellphone ko dahil nasa kaklase ko yun!"

"Kaklase?", bulong ko nang may naisip ako. (-,-)?

Hindi kaya...

Hindi kaya... si Nikko ang may kagagawan nito?

Kasi hindi naman talaga ako ang nag-text kay Loves dahil kinuha nga sakín ni Nikko ang Cellphone ko pagkatapos naming mag-'Deal' sa usapan namin.

Napa-sapok na lang ako sa ulo ko.

OO nga! Yung walang hiyang Nikko lang na yun ang pwedeng makagawa nang bagay na to dahil siya rin ang nagpapunta sakín dito at ang sabi niya:

'pagkatapos nito, iyong-iyo na ang mahal mo', yan ang sinabi niya sakín bago niya ko iwan sa lumang bodega na to.

"ano nang gagawin natin ngayon? magga-gabi na at walang tao ang dumadaan dito sa lumang bodega na to" (~,~)

"sorry", yan lang ang tangi kong nasabi dahil siguro ako rin ang dahilan kung bakít siya nandito. (. \_ \_)

Gabi na at parehas pa kaming hindi nakain.

Wala ring signal ang cellphone niya dito kaya no use.

May ilaw naman dito kaya may nagbibigay ng liwanag samin.

"bakít ka lumalayo?", tanong ko sa kanya kasi nasa kabilang dulo siya ng bodega.

"hindi ako lumalayo" (~,~)

Tumayo ako at naglakad papunta sa inuupuan niya at doon ako umupo.

"bakít ka lumapít" (!~~) (--.)

"dahil gusto ko na lagi kitang katabi"

"Pssh~", Umiwas siya nang tingin sakín (~~.) (--.)"

Bakít ba hindi tumatalab ang kahit anong sabihin ko kay Loves.

Wala lang ba talaga ako para sa kanya.

"wala lang ba talaga ako para sa'yo"

Nakita ko na nagulat siya sa tanong ko.

>Kyle's POV<

"Pssh~" umiwas ako ng tingin sa kanya. (~~.) (--.)"

SH.TZ! pakiramdam ko namumula ako kaya iniwas ko yung tingin ko sa kanya.

"wala lang ba talaga ako para sa'yo"



Nagulat ako dahil tinanong niya ako noon out of nowhere at narinig ko sa boses niya na parang sobrang lungkot niya.

"o-OO! w-wala ka lang", yun na lang ang nasabi ko.

Naramdaman ko na tumungo siya at saka siya tumayo.

Naglakad na siya.

Nasaktan ba siya?

nakita ko ang mukha niya, ang expression niya.

isang napakalungkot na mukha.

Tumayo ako at hinawakan ko siya sa braso.

"Look! sa tingin mo ba kung wala ka lang para sakin tatakbo ako at magmamadali na pumunta dito sa lumang bodega para lang ibigay ang gamot mo?"

Nakita ko naman na nagliwanag ang mukha niya dahil sa mga sinabi ko.

bakit ba?

bakit ba pakiramdam ko lagi niya kong napapagawa ng mga bagay na hindi ko naman talaga ginagawa.

bakit napapasunod niya ko sa mga gusto niya.

Binitawan ko naman ang kamay niya at naupo ulit ako kung saan ako nakaupo kanina.

Nakatayo pa rin siya at tuwang-tuwa sa sinabi ko.

"tatayo ka na lang ba diyan?"

Umupo naman siya sa tabi ko.

"t-totoo ba yung sinasabi mo?"

"gusto mo bang bawiin ko?"

"h-hindi! m-masaya lang talaga ako dahil sa sinabi mo"

Bakit ba lagi siyang nauutal tuwing kausap niya ko.

But.. I find it as a cute side of him.

ganon din kaya siya sa ibang babae?

O sakin lang.

"YA! gutom na ko! wala ka bang pagkain", sabi ko sa kanya.

"busog na ko, katabi kita eh"

"eh pano ko?"

"eh di busog na busog ka na."

"at bakit?", tiningnan ko siya sa mata. (.-) (.-)

"kasi katabi mo ko", sabi niya using his magnetizing voice. (.-) (^.)"

"baliw! awan ko sayo", tumayo na ko pero hinawakan niya ko sa braso at inupo ulit.

"joke lang! pero sana kung nandito lang yung bag ko"

"bag mo? bakit?"

"may pagkain ako dun eh"

"pagkain? Bag? BAG MO?!"

Tumungo-tungo naman ang gag\*

"Eto bang bag na to?"

Pinakita ko sa kanya yung bag na kanina ko pa dala-dala.

Remember, dinala ko yung bag niya dahil akala ko inaatake na naman siya ng sakit niya.

"bakit mo dala bag ko?"

"di ba nga akala ko inatake ka nang sakit mo yun pala inatake ka nang katangahan mo, pssh!~"

"dati gag\* tapos ngayon tanga.. pero sige! basta ikaw lang ang tatawag sakin niyan at Loves naman tawag ko sa'yo" (^,^)

"oh!", inabot ko sa kanya ang bag niya.

"bakit mo sakin binibigay?"

"Duh!~ ikaw may alam kung nasan yung pagkain di ba?"

"sorry! sorry! sorry!", nagmamadali naman niyang hinalungkat yung bag niya.

"ito oh!", may binigay naman siya sakin.

"brownies?", brownies kasi yung bigay niya. =,=)

"oo"

"wala na bang iba"

"wala na eh, yan lang kasi dinadala ko dahil nasarapan ako sa kanya. noon kasing bata ako ayaw akong pakainin ni mama ng chocolate kaya naman ayun sigur4o nung lumaki ako naging sabik ako sa chocolate kaya araw-araw may dala ako niyan. bakit? ayaw o ba ng brownies?"

"hindi naman kaso--"

"Masarap yan", kinuha niya yung brownies na binigay niya at binuksan ito "oh! try mo? ahhhh", pinapasubo niya sakin yung Brownies na binuksan niya.

Nag-aalinlangan pa ako kung kakainin ko kasi hindi naman ako mahilig sa chocolates eh.

Nagtingin ako sa mata niya.

"masarap yan, at baka magutom ka! kain ka na, TRUST ME, say Ahhhh", ^()^

Nilakihan pa niya yung bukas ng bibig niya, para namang bata akong pinapakain.

Ayan na naman yung Trust Me niya eh.

"nangangalay na ko oh!"

"Ahhhh" >()<. kumagat naman ako.

chomp\*swallow\*chomp\*swallow\*

"di ba masarap?"

"..."

"hindi ba masarap? ayaw mo ba?"

"..."

"sige wag na lang kung ayaw mo talaga"

Itatabi na sana niya yung Brownies pero kinuha ko ito sa kamay niya.

"sayang! magugutom rin ako, akin na nga! kakainin ko na kahit hindi masarap"

Ang totoo niyang nasarapan naman talaga ako.

Ayaw ko lang sabihin sa kanya.

Okay! napapasunod talaga niya ako sa lahat ng gusto niya.

Ngayon naman napakain niya ko ng pagkain na ayaw ko.

What's with him? No! what's with me? (-,-"

Ano ba tong nararamdaman ko.

Nasusura na ko.

Pakiramdam ko...

pakiramdam ko...

Na lumalambot na ang puso ko sa Gag\*ng to!

"itatangi pa, nagustuhan din naman", rinig ko pero bulong lang yan.

"hindi ko nagustuhan no?"

"hindi pero ubos mo na yung kinakain mo, hahaha ang amos mo pa Loves"

"hindi ko naman talaga gusto e--"

napatigil ako kasi pinunasan niya nang daliri niya ang tabi ng labi ko.

"May amos ka"

Napatingin ako sa mata niya at napatingin rin siya sa mata ko.

Napatigil ang pagpupunas niya sa tabi ng labi ko.

Nakita ko na tumingin siya sa labi ko at napa-lunok siya.

Dub<3 Dub<3

Dub<3 Dub<3

Dub<3 Dub<3

Anong nangyayari sa puso ko.

Nahulog yung cellphone ko sa bulsa ko kaya nagbalik ako sa realidad.

"sorry! sorry!", si Gag\* na nagmamadaling inalis ang kamay niya sa tabi ng labi ko.

Kinuha ko naman yung Cellphone ko na sumira ng moment ko! "=.=)

Moment Ko?! ano na naman ba tong sinasabi ko.

Naupo na ulit kami nang maayos pero may kakaiba.

Dahil nababalutan kami ngayon ng katahimikan.

Walang umiimik pagkatapos na mangyari yun.

Kakaiba yung naramdaman ko kanina na nakita ko ang mata niya na nakatingin sa labi ko at nang mapalunok siya, bigla na lang bumilis ang tibok ng puso ko.

Isang katahimikan ang bumalot saming dalawa.

Tanging mga ingay ng insekto lang ang nakikinig namin.

Yapos ko ang dalawa kong binti.

"sorry", nagulat ako nang basagin niya ang katahimikan.

"para san?"

"kanina."

"Ok"

"galit ka ba?"

"hindi?"

"magagalit ka ba kung...", napakamot siya sa ulo niya.

"magagalit ba ako kung ano?"

"Kung... Kung... Kung..."

"Kung ano?!!! Gag\* magsalita ka nga---"

Naputol ang sasabihin ko.

Naramdaman ko na lang ang isang mainit na bagay na nakadampi sa labi ko.

Nagdikit ang labi niya at ang labi ko. :\*

May kung ano sa loob ng katawan ko na gustong lumabas.

Parang fireworks na puno ng butterflies ang gustong kumawala sa katawan ko.

Yes! He kissed me.

HE KISSED ME?!

"kung gawin ko to... hmmm... magagalit ka ba...?", he murmured while he was kissing me.

Natauhan ako sa kung ano ang ginagawa niya sakín nang magsalita siya.

I try to push him away but he's pulling me closer.

At wala naman akong magawa dahil malakas siya kaysa sakín.

O hindi kaya... gusto ko lang ng ginagawa niya?

Kahit ngayong araw lang, hahayaan ko ang sarili ko na muling maniwala na may Prince Charming na nage-exist sa mundo.

Kahit ngayon lang...

And with that, I respond to his kisses.

My very first kiss took me to heaven.

The kiss is going deeper and deeper.

I wrap my hand around his neck.

And i felt his hand in my stomach.

Nagtagal ang halik namin hanggang hindi na kami makahinga pareho.

We're both gasping for air when we parted our lips.

"haaa"

"haaa"

"sorry", nakita ko na tinakluban niya ang bibig niya na parang nahihya siya dahil namumula siya!! >////>

"hahahaha"

"bakit ka tumatawa?"

"ang pula pula mo kaya.. para kang kamatis"

Alam kong hindi ako ang una niyang nahalikan pero bakit hindi ko mapigilang matuwa sa bawat bagay na ginagawa niya? Bakit kahit alam kong hindi ako yung una, kinikilig pa rin ako?

"Loves naman!" >,<

"eh totoo naman eh" ^,^

Pero kahit ganon, hindi ko mapigilan ang sarili ko na maging masaya.

"ahhh ganon", nakakita ako nang mata na naglilibab.

"uy! ano yang iniisip mo ha?"

"alam kong alam mo iniisip ko"

Lumapit siya nang lumapit saakin.

Tinutulak ko yung katawan niya kaya naramdaman ko ang mga ABS niya \*Q\*.

Bakit kailangan ko pang mahawakan ang abs niya.

"lumayo ka nga saakin"

"Loves..."

Napatingin ako sa kanya pero tumungo ulit ako.

Hinawakan niya ang baba ko at tinaas katapat ng mukha niya.

Nilapit niya ang mukha niya sa mukha ko at...

"hahahaha ano ba? hahahaha wag diyang hahahaha may hahaa kilita ako dyan hahahaha"

"niloloko mo ko ha? yari ka ngayon sakin Loves"

Kilitiin ba ako? eh ang lakas kaya ng kiliti ko sa katawan.

"hahhahaha ano ba? tama na hahhahahah"

"wala, ganti ko yan sa'yo"

"hahhahahaha gag\* tama na hahahha"

"a-yo-ko!"

Kailangan kong mag-isip ng paraan para makatakas sa kanya.

"hhahaha gag\* hindi ako haaaa haaaa makahinga"

Agad naman niyang tinigil ang pangingiliti niya at hinawakan ako sa tiggabila kong balikat.

"bakit? anong masama sa'yo? ayos ka lang ba? Loves?!"

Kitang-kita ko na nag-aalala siya, pero sorry dahil...

Agad akong tumayo na kinagulat naman niya.

Tumakbo ako palayo sa kanya.

"Bleeh :P naisahan din kita hahahha" Binelatan ko siya na parang bata lang :P

At hinabol niya ako kaya naman naghabulan kami sa buong loob ng bodega.

Para kaming bata na nakikipaghabulan sa kalaro nila.

Nagbalik din ako sa pagiging bata, sa pagiging Princess dahil naniniwala ako ngayon sa isang Prince Charming na magpo-protekta sakín at aalagaan ako.

Napagod na kami sa katatakbo kaya naman na upo na AKO at nakasandal sa dingding at siya! ang prinsipeng to! nakahiga ba naman sa hita ko at parang tutulog na siya kasi nakapikit na ang Gag\*.

"YAH! Gag\* bakit ikaw ang nakahiga, hindi ba dapat ako ang nakahiga. ang ungentleman mo talaga kahit kailan"

"..."

hindi siya sumagot at nakapikit pa rin, matutulog na ata talaga tong Gag\* na to!



"YAH!"

"..."

"tutulog ka na ba talaga?"

"can we.. sthjkmggh"

"ano?"

"can we stay still like this til morning?"

"bakit naman, ang unfair mo naman kasi makakatulog ka nang mahimbing tapos ako---"

"kasi alam ko na babalik na tayo sa pagiging normal natin pagkatapos ng gabi na to", may halong lungkot ang pagkasabi niya.

"..."

"please, let me have you just like this.. Until this dream of mine fade away" (.,\_)

"..."

Hindi ko alam kung ano ang dapat kong sabihin dahil nasaktan ako.

Totoo ang sinasabi niya.

Babalik din kami sa normal pagkatapos ng gabi na to.

Pero may isa pa namang option di ba?

Bakit ba natatakot ako! bakit hanggang ngayon takot pa rin ako.

"Yes, let's stay like this"

Naramdaman ko ang pagtungo niya.

Hinahaplos ko ang buhok niya habang pinagmamasdan ulit ang buong mukha niya.

Di ba? napagmasdan ko na ang mukha niya.

Gwapo pa rin siya! Obviously! Ang ganda ng ilong, matangos.

Mahaba ang pilik niya sa kanyang mata, daig pa ako!

Para ngang mas maganda pa rin ang kutis niya kaysa saakin.

Napalunok naman ako nang makita ko ang napaka-pulang labi niya.

Hinawakan ko ang labi ko.

Naalala ko yung ginawa namin kanina.

Ang pagdampi ng mapula niyang labi sa labi ko.

"bakit ang gwapo mo", napabulong na lang ako nang hindi ko namamalayan.

"wag mo kong masyadong tingnan, baka hindi pa natatapos ang napaginip na to tunaw na ko!"

\*Boogsh\*

hinampas ko nga ang katawan niya.

"aray"

"Nakakaasar ka, sana si Melo na lang nakasama ko dito atleast siya hindi ako niloloko"

napamulat naman siya at napatingin sakin pero ganon pa rin ang pwesto namin.

"mahal mo ba yung mokong na yun?" mahinahon ang pagkakasabi niya pero halatang nasasaktan siya.

"ka-kaibigan ko lang yun"

"hindi mo pa sinasagot ang tanong ko, mahal mo bay yung loko na yun?",

Kanina pa ko niloloko nito, gagantihan ulit kita.

"kababata ko siya, at minahal ko siya kasi sobrang gwapo niya tapos ang bait-bait pa niya at hindi ako niloloko, baka nga bumalik ulit yung nararamdaman ko kasi nandityo na ulit ---"

"Please Stop.."

"baka nga tuparin niya yung pangako niya na papakasalan niya --"

"Please Stop!!!"

nagulat ako nang mapasigaw siya at pinilit niyang ipikit ang mata niya.

"you don't need to say that thing to me", nakikita ko na nasaktan talaga siya sa sinabi ko.

Hindi ko inaasahan na masasaktan ko siya nang sobra kapag sinabi ko yun, akala ko magtatampo lang siya pero Nasaktan ko siya nang sobra.

"sorry. hindi naman totoo yun eh. Hindi ko siya minahal at bestfriend lang ang turing ko sa kanya, sinabi ko lang yun para gumanti sa'yo pero hindi ko naman akalain na masasaktan ka pala nang sobra, sorry!", hinawakan ko ang pisngi niya at hindi ko inaasahan na may LUHA na tutulo mula sa mata niya.

Hinawakan niya ang kamay ko.

"sorry! alam kong wala akong karapatan pero pwede bang wag mo na lang banggitin ang pangalan niya sakin! Ewan ko ba, wala naman akong karapatang magselos pero hindi ko mapigilan", nakapikit pa rin siya pero may tumutulo pa ring luha sa mata niya.

"may karapatan ka, okay? hindi mo naman din kailangang magselos dahil sa'yo lang ako," hindi ko alam kung pano ko nasabi yug salitang 'dahil sa'yo lang ako'.

"akin ka lang... pero hanggang ngayon lang ba talaga? hindi ba pwedeng akin ka na lang habangbuhay?"

"...", hindi ko alam ang sasabihin ko.

"tama ka! ang GAG\* ko nga naman talaga, alam ko namang hindi pwede pero bakit hinihiling ko pa rin"

"Look---"

"shhhh\*", pinatahimik niya ko gamit ang hintuturong daliri niya "wag ka nang magsalita, let's just stay like this, ayos na sakin. Hindi na ko hihiling ng iba pa", hinawakan niya ang kamay ko at nilagay sa parteng dibdib niya.

Talagang kailangan sa dibdib niya?

Hindi ba niya alam na isa sa dibdib ang pinakang \*gulp\* nakaka-akit na part sa lalaki.

Hindi ko alam na ang araw na to na hindi ko inaasahan ang magbibigay sakin ng isang desisyon.

nakatulog ako nang tinitingnan ko ang mukha niya at hagkan naman niya ang kamay ko.

(.\_\_\_\_\_)zZzzz..

Isang liwanag na nagmumula sa isang maliit na butas ng lumang bodega ang nakita ko pagkagising ko.

Pero hindi ko inaasahan na sa pagdilal ng mga mata ko, wala akong makikita kung hindi isang sulat na nakalagay sa kamay ko.

Tumayo ako at hinawakan ang ulo ko, ang sakit kasi.

Nasan na ba yung gag\* na yun? (-,-)\

Bigla kong naalala yung papel na nasa kamay ko.

Agad ko itong binasa:

'ayoko na intayin kang magising at ikaw pa ang bumitaw sa magandang pagkakayakap ko sa'yo kaya mas pinili ko nang umalis at dahil baka pag nagtagal pa ko diyan, maisipan ko na hindi ka na pakawalan. Salamat kagabi dahil kahit hindi ka maniwala, yun ang pinakamahalagang oras sa buhay ko -- gag\*'

Gag\*, bakit ba kailangan mo pang iparamdam sakín yung mga bagay-bagay na yun?!

Pero -- What? umalis na siya pero pano, di ba naka-lock nga yung pinto?!

Napatingin ako sa pinto ng Bodega at SIRA?! O\_\_O”

Kaya niyang sirain ang pinto pero hindi niya ginawa kagabi?!

Ang Gag\* talaga nun. >,<

Nagulat ako bigla ng may lalaki na nagmamadaling lumapit sakín at niyakap ako.

"ayos ka lang ba? bakit ka nandito??bakit hindi ka tumawag? sabi ni Nathan hindi ka daw umuwi kagabi", hindi ko pa nakikita ang lalaki pero kilala ko na, si Melo.

Pero pano nalaman ni melo na nandito ako.

"A-ayos lang ako Melo, yung yakap mo h-hindi ako makahinga"

Agad naman niyang inalis ang pagkakayakap niya.

"sorry.. sorry"

"pano mo nga pala nalaman na nandito ako?"

"ah yun ba, kanina may tumawag sakín at sabi niya makikita daw kita sa lumang bodega na to"

"sinabi ba niya ang pangalan niya?"

"hindi eh, bakit?"

"w-wala tara na alis na tayo"

"sige tara na, ihahatid na kita sa inyo", naglalakad na kami nang mapatigil si Melo "pero may isa pang sinabi yung lalaki na tumawag saakin"

"ano yun"

"alagaan daw kita"

Bumilis bigla ang tibok ng puso ko.

Isa lang ang dahilan nito, hindi ko man nakinig ang boses na yun pero alam ko na kung sino siya.

Gag\*...

Paalis na ko nang maramdaman kong may naapakan ako.

Tiningnan ko ang naapakan ko.

Sa kanya to, hindi ako maaaring magkamali.

-----

Nakauwi na ako at si Melo nga ang naghatid saakin, at isang mahabang speech ang nakuha ko mula kay Kuya Nathan. "=.=)

Nasa kwarto na ko ngayon at pinili kong wag munang pumasok ngayon.

Iniiisip ko pa rin hanggang ngayon ang bagay na yun.

Pwede ba?

Gag\*...

(A/N: \*sigh\* salamat po nang marami sa mga nagvo-votes at nagfa-fan saakin kasi super na-a-appreciate ko po siya. Ang tagal ko nang nawala at nagulat talaga ako nang makita ko yung Votes at Fans ko. MARAMING SALAMAT! MORE LOVE AND POWER EVERYONE!)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > She's in love with that Guy!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 7

(A/N: kapag po " " ganyan sinasabi o uniimik ng character pero kapag ' ' ganito, ibig sabihin iniisip lang nila)

>Kyle's POV<

May pagkabakla rin pala yung taong yun.

Nagsusuot ba naman ng hikaw.

Naka-upo ako sa sala habang tinitingnan ang hikaw, bihis na ko at handa na ring pumasok pero nag-iintay lang ihanda ni Manong Driver yung sasakyan namin.

Simple lang naman yung hikaw, may diamond lang ito sa gitna na pabilog.

Ito yung nakita namin ni Melo bago umalis sa bodega.

Parang bakla talaga yun, nagsusuot nang hikaw na ganito pero kahit ganon isa rin siguro to' sa nakakapagpagwapo sa gag\*ng yun.

Iniikot-ikot ko ang hikaw habang tinitingnan itong mabuti.

Pero...

Ako naman itong si tang\* na iniisip na gwapo rin ang lalaking yun.

"nakakaasar talaga", bulong ko habang sinasapok-sapok ang ulo ko. (~,~\

Hindi pa rin mawala sa isip ko ang nangyari sa gabing yun, sa loob ng lumang bodega.

'can we stay still like this til morning?', he asked

'bakit naman, ang unfair mo naman kasi makakatulog ka nang mahimbing tapos ako---',

'kasi alam ko na babalik na tayo sa pagiging normal natin pagkatapos ng gabi na to'

Pakiramdam ko tumataas lahat ng dugo ko sa mukha at nagsisimula na akong mamula.

At kusang ngumingiti ang mga labi ko tuwing maaalala ang mga sinabi niya sakín nang gabing yun.

'mahal mo ba yung mokong na yun?'

Ang cute din pala niya tuwing nagseselos siya. Haha :">

Ano ba yan natatanga na siguro ako, kanina iniisip ko na gwapo siya ngayon naman iniisip ko na cute yung gag\*ng yun.

'sorry! alam kong wala akong karapatan pero pwede bang wag mo na lang banggitin ang pangalan niya sakin! Ewan ko ba, wala naman akong karapatang magselos pero hindi ko mapigilan'

Naaalala ko rin ang mukha niya habang tumutulo ang luha niya.

Bakit ang sakit-sakit sa damdaming makitang lumuluha siya.

Dahil lang ba alam ko na ako ang dahilan ng mga luha niya o may iba pang dahilan.

Napahawak naman ako sa labi ko.

Nyeta >////< Kung kanina parang tumaas ang dugo ko sa mukha ko ngayon pakiramdam ko umaawas na yung dugo sa pisngi ko.

Naalala ko yung oras na halikan niya ko.

Yung oras na yun, wala akong ibang iniisip.

Hinayaan ko na madala niya ko sa halik niya.

Hinayaan ko na kunin niya ang Firt Kiss ko sakin.

Bakit?

Dahil ba sa may nararamdaman na rin ako para sa ka---

\*Clap\*

"ay! ^&&\$\*&% Kuya naman eh! bat mo ko ginugulat?", nawala ako sa iniisip ko nang may dalawang kamay na nag-clap sa harapan mismo nang mukha ko, at sino pa ba ang gagawa nun.

"Anong ginugulat, eh kanina pa nga kita tinatawag diyan eh at hindi mo lang naman ako pinapansin Little Princess", sabi ni Kuya Nathan. d^\_^b

"ah-hehe ganon ba Kuya?"

"oo!", umupo siya sa tabi ko.

"...."

"at sino naman yang iniisip mo ha? at kaninong hikaw yang hawak mo, siguro kay Ci---"

"Kuya, wala to! ireregalo ko lang sana sa kaklase ko dahil birthday niya", agad kong tinago ang hikaw sa bulsa ng skirt ko "at sino naman ang iisipin ko? Ha?"

"Sino pa, eh di si Ci---"

"Hindi ko siya iniisip" (.-) (^^.)?

"okay, Fine! wala na kung wala", sabi niya at tumaas pa nang kamay na parang sinasabing suko na siya.

"bakit mo nga pala ko tinatawag kanina?"

"ahhh. oo nga pala! sasabihin ko lang na umuwi ka nang umaga ngayon ha?"

"bakit?"

"Basta! o sige umalis ka na! Be Good Little Princess okay? wag mo nang kaisipin si Ci---"

"Hindi ko nga siya iniisip eh", hinampas ko si kuya sa braso niya.

"hahaha" (^,^)

Tumayo na ko.

"aalis na nga ko!" -\_\_-

"ok, ingat ka. Wag mo kalimutan, uwi nang maaga"

Palabas na ko nang bahay dahil tinawag na rin ako ni Manong driver at paakyat na rin si Kuya Nathan sa kwarto niya.

Bigla akong tinawag ni Kuya Nathan.

"Baby! Masyado kang defensive, alam mo yun? Iniisip mo si CIRO mo no?" (^,^)

"HINDI KO NGA SABI SIYA INIISIP EH!" <(>0<)>!!!

At tumawa lang si Kuya Nathan habang papasok ng kwarto niya.

Pumasok na ko at pagkababang-pagkababa ko pa lang sa sa kotse namin eh may dalawang tao nang sumalubong sakín at inakbayan ako.

"kamusta naman ang lovelife natin diyan", Claire na may pasundot-sundot pa sa tagiliran. (^,^)

"kwento naman diyan", sabi naman ni Chloe. (.^% ^)



May napansin ako kay Chloe, mas maayos na ngayon ang expression niya, hindi katulad dati noong kaka-break lang nila ni Chad.

"wala! wala akong lovelife! at wala akong ikwe-kwento!" -\_\_\_\_-

"ang damot" :3 sabi nang dalawa at talagang nagpa-cute pa :3

Pero kahit ano pa man, sila lang talaga ang kaibigan ko na mapagsasabihan ko nang mga sikreto ko.

Humahanap lang talaga ako nang panahon para sabihin sa kanila.

At pano ko sasabihin na nakuha na ang First Kiss ko.? @\_\_@

Pumasok na kaming tatlo sa classroom at sunod na dumating ang aming teacher at ang sabi niya ay "blah is the blah of the blah blah"

Ako na nga ang mabuting mag-aaral. Papasa naman ako diyan kahit hindi ako mag-intindi eh, ako pa!

"okay class dismiss", yan lang ang naintindihan ko sa mga professor namin.

Dumiretso naman kami sa cafeteria ng school dahil 30 minutes lang ang break-time namin at last subject na namin ang kasunod.

Kung nagtataka kayo, 3:00pm na po at last subject na ang kasunod nito.

Nabili kami sa cafeteria nang maramdaman ko na maraming mata ang nakatingin sakin at kasabay nun ang iba't-ibang tsismis.

"Di ba sila ni Papa Ciro?" Tsismosa Girl 1 habang nakatingin sakin at kausap ang katabi niya.

"Oo ata! nakita ko nga rin sila sa Autumn Park eh" TG2

"At balita ko pina-reserve pa talaga ni Papa Ciro ang Brave Adventure Park para lang sa date nila eh"

\*sigh\*

Sabi na nga ba, kakalat na naman ang mga ganitong tsismis kapag may nakita silang kung ano-ano eh.

Tsk.

Inabot sakin ni Manang Tindera ang mga binili ko at tapos na ring mamili sina Claire at Chloe.

Pinag-gitnaan ako nang dalawa at parang sinisiksik pa ako.

"ano ba yan? kwento ka naman", Chloe

"buti pa yung ibang tao alam na yung mga nangyayari samantalang kami na kaibigan mo LANG naman eh hindi mo mapagsabihan nang mga nangyayari sa lovelife mo tapos may mga tsismis na palang kumakalat", Claire. (~,~"

"wala! wala namang nangyayari eh, at walang mangyayari! kayo na nga ang nagsabi di ba na TSISMIS lang yun?"

"dali na" (.^^) (.^^) (--.)

"sabihin mo na, puh-lease" =3

Sinisiksik nila ko pero hindi ako pumayag kaya parang nagkukulitan kami habang naglalakad.

Nahulog yung mga dala ko dahil napabangga ako sa isang matigas na bagay.

Napatingin ako sa bagay na nabangga ko at o.O

Tao pala at hindi lang basta tao, s-si Gag\*. Katawan ni gag\* ang nabunggo ko ang laki \*Q\*

Agad niyang pinulot ang mga dala kong pagkain na nahulog at binigay sakin.

"sorry", siya

"a-Ah! sorry din!", ako.

Napansin ko na kasama niya sina Chad, ang EX-BF ni Chloe at si Chiron na Boyfriend ni Claire.

Ngumiti si Chloe kay Chad na parang magkaibigan lang pero nagkakailangan pa rin sila.

Pero hindi yun ang napansin ko dahil mas napansin ko ang ang naging reaction ni Claire.

Mukha siyang nag-panic nang makita si Chiron.

"s-sige a-alis na muna ako Chloe, Kyle may report pa ko sa History eh, s-sige Bye!", si Claire na nagmamadaling makaalis.

May problema ba si Claire na hindi sinasabi samin?

Si Claire ang pinakamatapang samin at ayaw niyang makikita namin ang weak side niya.

Pero ano naman ang maaaring problema niya, di ba ayos naman sila ni Chiron?

Nagpaalam na rin sina Chiron at Chad kay gag\*.

"sige Ciro at Kyle, alis na ko sundan ko lang si Claire kung ano na naman nangyari dun"

Umalis na si Chloe pero bago siya umalis ay may binulong muna siya sakin.

"hindi pa tayo tapos, may ikwe-kwento ka pa samin", yan ang binulong ni Chloe.

Tsk ang kulit talaga. (=."

Kami na lang ngayon ni gag\* ang magkasama.

Kaibigan ba talaga yung mga nangiiwan?

Napatingin ako kay gag\*

>////<

Nakatingin din siya sakin kaya umiwas ako ng tingin. >////>

Nakita ng peripheral vision ko na umiwas din siya nang tingin.

"Hi", si gag\*

Napatingin ako sa kanya nang mag-'Hi' siya sakin pero hindi siya nakatingin sakin at nakalagay ang isa niyang kamay sa batok niya habang nakatingin sa malayo.

Namumula rin siya?! o.O

"he-hello"

Spell A-W-K-W-A-R-D!

Naalala ko yung nangyari sa lumang bodega.

The time when he claimed my lips using his soft lips.

"s-sorry nga pala, kung hindi na kita naintay magising dati, n-nabasa mo naman siguro yung sulat d-di ba?"

"ah! o-Oo nabasa ko nga, s-salamat din. Sige alis na ko, may last subject pa kasi kami eh",

Aalis na sana ako nang bigla niya akong pigilan.

"wait lang!", si gag\* na nakahawak pa rin sa kamay ko.

Para kaming magkahawak-kamay kasi napakahigpit nang hawak niya sa kamay ko na parang ayaw niya talaga kong paalisin.

Ano ba tong iniisip ko, anong magkahawak-kamay!? Kyle! Wake-Up!!! >,<

I was about to leg go of his hand nang biglang.

Oh Mo. (o.O)"

Anong nangyayari? bakit kami pinalibutan nang mga estudyante?!

"totoo po ba talaga na kayo ni Papa, I mean ni Ciro ha? kyle?", sabi nang babae na nasa harapan ko at parang nag-iinterview lang.

"Totoo ba na nagpareserve ka sa Autumn Park at Brave Adventure Park para lang sa date niyo Ciro?", tanong ng isang lower year.

"ano po ba talagang relasyon nyo sa isa't-isa?"

"nagli-live in na ba kayo?"

Magkadikit na magkadikit na kami ngayon ni gag\* na parang magkayakap na dahil sa dami nang tao.

"hindi ba't magkakilala ang pamilya niyo, Arrange Marriage ba kayo?"

"hindi ba't dati kang playboy Ciro? totoo ba na nagbago ka para lang kay Kyle?"

"nag-sex na ba kayo?"

What? o.O

Napatingin lahat ng tao sa lalaking nagtanong.

"Gusto ko lang malaman, bawal ba?"

Ano ba naman tong ginagawa nila, para kaming artista na pinapalibutan lang ng mga reporters.

What's with them? <(o0o)>!!!

Naramdaman kong hinawakan ni gag\* ang kamay ko nang mahigpit kaya napatingin ako sa kanya.

Nakita ko na nag-flash siya ng isang ngiti na alam kong may kahulugan.

"Hindi po kami!", nagulat ako nang biglang sumigaw si gag\* na nagpatahimik sa buong paligid.

Hindi ko akalain na siya mismo ang magsasabi nang mga salitang yun.

Hindi ko alam pero may kung ano na parang sumaksak sa puso ko nang marinig ko ang bagay na yun.

Nahihirapan akong huminga at parang gusto kong manliit.

"Hindi po kami!!", inulit niya ang sinigaw niya kanina.

Bakit ba kailangan pa niyang isigaw?

Maluluha na ata ako.

Bakit ba ako luluha eh di ba wala lang naman siya saki----

"Pero kung akong masusunod, MATAGAL NANG KAMI"

Nagulat ako sa sinabi niya yun.

Hindi ko inaasahan na may kasunod pa ang sasabihin niya.

Tinitigan niya ko pagkatapos niyang sabihin yun saka siya ngumiti.

Bakit ba kahit anong gawin mo, napapasaya mo ko?

Bakit kahit ayaw ko ang ginagawa mo, hindi ko mapigilang matuwa.

Iba ka talaga, Gag\*.

Nilapit niya ang bibig niya sa tenga ko,

"Takbo", bumulong siya sakin.

"ha? bakit?", nagtatakang tanong ko. (.-.)? (^^.)

"Dahil HAHABULIN NILA TAYO!!!! KAYA TAKBOOOOO", hinila niya ang kamay ko at saka siya tumakbo nang mabilis kaya pati ako ay napapatakbo rin.

Nakita ko na hinahabol nga kami nang mga tao na kanina ay nakapalibot sa amin.

"aray! aray! ang sakit nang paa ko", reklamo ko sa kanya, ang bilis kasi kaya niyang tumakbo.

"sorry, sorry! "

Bigla siyang umupo sa harapan ko.

"bakit, anong gagawin mo?"

"sakay na!"

"saan?"

"dito sa likod ko"

"piggyback ride?"

"oo, dali na" (^,^)

"ayoko" (~,~)

"wag ka nang makulit, sakay na o gusto mong abutan pa nila tayo"

Napatingin ako sa likod namin at sobrang lapit na nila.

"tatakbo na lang ako"

"hindi, sumakay ka na"

"Ayoko ko nga AHHHH!!! anong ginagawa mo?" --(>,<)~--

"hahhahaha", hinila kasi niya ang kamay ko kaya parang pinilit niya kong isakay sa likod niya.

"bitawan mo ko!"

"bawal!, malapit na sila kaya TAKBOOO NAAA!!!" (^,^)

Tumakbo nga siya nang napakabilis.

Tumingin ako sa likod ko pero ang lapit na nila. (/T^T\)

Mas binilisan ni gag\* ang takbo niya kaya napayakap ako sa likod niya.

Oh Mo! \*Q\* Ang bango niya.

Bakit ganito ang amoy niya, nakakapang-akit.

Ano ba tong mga iniisip ko.

Nakita ko na dumaan kami sa Field nang campus kasi shortcut to papunta sa Building namin.

Ibig sabihin sa building namin kami pupunta?!

Tama nga ako dahil pumasok kami ni gag\* sa building namin.

Umikot-ikot kami sa buong building hanggang sa mawala na ang mga humahabol samin.

Tumigil na rin siya sa pagtakbo niya.

"haaa haaa", hingal na hingal si gag\*

Bumaba agad ako sa likudan niya at pumunta sa harapan niya.

"ayos ka lang ba? sino ba naman kasing may sabing tumakbo tayo at binuhat mo pa ko! Hindi ka na naman nag-iisip na baka atakihin ka nang sakit mo", hinawakan ko siya sa pisngi niya pero isang ngiti lang ang sinagot niya sakin.

"dun muna tayo", tinuro niya ang daan papunta sa Rooftop ng school.

"pero baka---"

"trust me" (^,^)

Ayan na naman yang 'magic word' na yan na ginagamit niya para mapasunod ako.

Hinawakan niya ang kamay ko na nasa mukha niya at saka kami naglakad papunta sa rooftop.

Mabuti na lang at nakapasok kami sa rooftop dahil ang alam ko ay lagi itong naka-lock.

Isang malamig na hangin ang sumalubong saming dalawa sa pagbukas nang pinto nang rooftop.

"haaaa dito muna tayo"

Hanggang ngayon ay hingal na hingal pa rin siya.

"nasan yung gamot? kukunin ko"

"wag na!"

"pero---"

Hindi ko na natuloy ang sinabi ko dahil isang mahigpit at mainit na yakap ang pinaramdam niya sakin.

"Ga-gag\* h-hindi ako makahinga"

"sorry, pero payakap muna. Tama na sakin ang yakapsule" \ (^,^)/

Ang init nang katawan niya, para pati tuloy ako nag-iinit. >.<

Kapag talaga nasa paligid ko tong gag\*ng to, kung anu-ano na lang ang pumapasok sa isip ko.

Para siyang isang drugs na nakakasama sa pag-iisip.

Naka-5 minuto ata kami na nasa ganong posisyon.

"pwede bang yakapin mo rin ako"

Oo naman, pwedeng-pwede.

"h-hindi no! layo ka nga! layo-layo"

"hahaha, sabi ko nga bawal eh", lumayo na siya sa pagkakayakap niya.

sana pala sinabi ko na lang na okay lang din na yakapin ko siya. \*sigh\* (.\_ \_)"

"upo muna tayo dito?"

"may pasok pa kaya tayo"

"sa tingin mo ba, aabot tayo sa klase natin?"

Napatingin ako sa wrist watch ko. =,=)"

30 minutes na lang pala ay labas na kami.

"Ang B.I. mo", sabi ko sa kanya.

"Best Influence", siya sabay tawa.

"para kang bata", bulong ko.

"ano?"

"panget mo sabi ko" -\_\_-

"panget ako?! samantalang kanina inaamoy-amoy mo pa yung likod ko habang natakbo ako at nasa likod kita"

o.O"



"What?! Hindi no?! Kapal mo", hinampas ko siya sa braso niya.

"hahaha"

Huh! bat ba ko nag-aalala diyan sa gag\*ng yan eh matagal naman mamatay ang masamang damo. - \_\_\_ -

Umupo na lang ako sahig at nakasandal sa pader.

Umupo rin naman siya sa tabi ko.

Naka-10 minuto na kami na naka-upo lang sa ganong posisyon.

Pero kanina pa ko hindi mapakali kasi kita ko sa peripheral vision ko na kanina pa rin nakatingin sakín yung gag\*ng katabi ko. Nakakatunaw pa naman ang titig nito.

"Panget."

Ako ba sinasabihan niya nang panget kasi nakatitig siya sakín di ba?

Dedma, baka naman hindi ako.

"Panget"

Dedma lang ulit.

"Panget"

Sino ba? Ako ba?

Tiningnan ko siya at tinaasan nang kilay.

"ako ba ang sinasabihan mo nang panget? kanina ka pa imik ng imik nang panget"

"panget", nakatingin lang siya sakín.

So, ako nga ang sinasabihan niya nang panget.

"hindi ka ba titigil kasi kung hindi ka titigi---"

"panget siguro nang mundo at buhay ko kung wala ka", siya sabay kindat.

WHAT?!

>///  
<

Feeling ko nagtaasan lahat ng balahibo ko sa katawan. At kasabay nun ang pagtaas ng temperatura ko sa mukha dahil pakiramdam ko ay sobrang pulang-pula na ngayon nang mukha ko.

Bakit ba bigla-bigla na lang bumabanat tong isang to!

"what are you saying?"

"hahaha, wala lang! wala bang epekto, sabi kasi ni Chiron effective daw yun"

OO EFFECTIVE TALAGA!

"h-hindi no!"

"talaga?" \*3\* nagpo-pouty lips na naman siya.

Argh! eh kung halikan ko kaya yang pula mong labi.

Ayan na naman po ang pagiging bata niya. =.="

Umayos na kami nang pwesto namin, magkatabi pa rin kami pero hindi ko na nararamdaman na nakatingin siya sakin.

"Tungkol dun sa nangyari sa lumang bodega"

Nagulat ako nang bigla siyang magsalita, kasi this time seryoso siya.

Nangyari?! Yun ba yung about dun sa ki-kissed? >///  
<

"Tungkol sa mga sinabi ko sa'yo, binabawi ko na"

Bigla akong kinabahan sa susunod niyang sabihin.

Binabawi na niya ang alin? Ang nangyari at ang mga sinabi niya?

"hindi ko rin pala kayang panindigan ang mga sinabi ko sa'yo"

Ouch! Parang may isang malaking tinik ang tumusok sa puso ko nang marinig ko yun mula mismo sa kanya.

Sabi na nga ba tama ako, na isa rin siya sa mga lalaking pagkatapos iparamdam sa'yo na mahal k---

"Hindi ko pa rin pala kayang panindigan ang mga sinabi ko sa'yo na 'hindi na ako hihiling ng iba pa', kasi sa tingin ko hindi ko talaga kayang pigilin yung nararamdaman ko sa'yo, gusto ko lang malaman mo na hindi pa rin ako susuko kahit anong mangyari... Loves"

Yun ba ang binabawi niya, yung sinabi niya sakin sa lumang bodega na 'hindi na siya hihiling pa nang iba'.

Hindi ko alam pero bigla akong mapangiti sa mga sinabi niya.

Nakakaasar ka naman gag\* eh, bakit mo ba ko pinapakilig nang ganito?

Pero sana lagi kang nandyan para pakiligin at pasiyahin ako, dahil ikaw lang ang nakakagawa nito sakin at wala nang iba pa.

Tumingin siya sakin at saka siya ngumiti.

Yung ngiti na nagsasabing 'makukuha niya ang gusto niya'.

Pero hindi na niya kailangan yun dahil...

\*Ring\*\*Ring\*\*Ring\*

Nagulat na lang ako nang maramdaman ko bigla na nagvi-vibrate ang cellphone ko na nasa bulsa ng skirt ko.

Agad kong kinuha ang cellphone ko at sinagot ang tawag.

"hello?"

"Oh! Nasan ka na? Sabi ko di ba, umuwi ka nang maaga?"

Si Kuya pala ang tumawag. o.O”

Nakalimutan ko na sinabi niya na umuwi ako nang maaga.

"ah-hehe nakalimutan ko eh"

"Ikaw talaga, sige na umuwi ka na ngayon din. Hindi na kita pinasundo kay manong, mag-taxi ka na lang papunta dito. Nasa tapat ako nang Autumn Park, dun sa coffee shop"

"okay kuya"

"ingat ka Little Princess"

"Bye", binaba ko na yung phone call at nilagay ulit ang cellphone ko sa bulsa ng skirt ko.

Tumayo na ko at tumayo na rin si gag\*

"sino yun?", si gag\* na parang sura.

"si Kuya, pumunta daw ako ngayon sa Coffee Shop at magtaxi na lang daw ako"

Para namang nakahinga siya nang maluwa nang sinabi ko na si Kuya ang tumawag.

"ahhh, hatid na kita Loves"

Tiningnan ko siya nang masama. (!~~)

"okay, hatid na kita KYLE?"

"hindi na, okay lang ako" -\_\_\_-

"pero--"

"wag kang mag-alala, okay lang ako. Trust me.", napapagaya na rin ako sa trust me niya eh.

Sana tumalab! sana tumalab!

He sighed then.

"okay, pero ihahatid kita sa sakayan nang taxi"

YES! \(\^■^\)/ tumalab!

Kailangan pala laging may 'trust me' ang salita ko para mapasunod ko to eh,

Magic Word talaga yun.

Katulad nang sinabi niya ihahatid niya ko sa sakayan ng taxi.

Nakalabas na kami sa school at konting lakad na lang ay malapit na kami sa sakayan ng taxi.

"Si Kenneth ka ba?", bigla na namang nagsalita si gag\* habang naglalakad kami.

"Ha? Si kenneth ako?"

"Kasi... I kenneth live without you"

>////< Talaga bang balak niyang pataasin ang presyon ko sa sobrang pagpipigil nang kilig.

Pero kahit ganon, hindi ko mapigilan ang sarili ko na...

"hahahahahahaha a-ang k-korni mo hahahhaa", hinampas-hampas ko pa siya sa balikat niya.

"okay lang na maging korni basta dahil sa'yo"d^\_^b

Eto na naman siya, kahit hindi banat basta magsalita siya napapangiti ako. >////<

Gusto ko rin na kahit minsan, magawa ko ang ginagawa niya.

Ang maging totoo sa nararamdaman ko.

Pwede naman pero nakakahiya kasi >.<

Pero para sa kanya, KAYA KO!

Pumara na ako nang isang taxi na dumaan at binuksan ko na din ang pinto nang taxi pero hindi pa ko sumasakay.

Kaya ko rin to! kaya ko rin to! Hinga munang malalim.

"Hindi mo na kailangan gawin yun",

Napansin kong napatingin siya sakin. Huminga muna ako nang malalim

"Kasi ngiti mo pa lang nagha-hiperventilate na ang puso ko sa saya".

My Ghad! Diretso sakay ako sa taxi at sinarado ko ang pinto.

Nagawa ko na! Ang bilis ng tibok ng puso ko sa kaba.

Umandar na ang taxi ni manong.

Tiningnan ko siya, priceless ang expression niya.

His jaw almost dropped.

Hahahaha \m/

Nakatayo pa rin siya at halatang-halatang hindi makapaniwala sa sinabi ko.

Kahit ako hindi makapaniwala sa sinabi ko.

Nagawa kong sabihin yun sa kanya?!

Kyle?! Ikaw ba yan?!

Pero ang sarap sa pakiramdam.

"mam, san po tayo?", tanong ni manong taxi driver.

"sa Autumn Park lang po manong"

I can't stop myself from being happy.

I can't help it.

Ikaw ba naman ang nasa tabi nang isang gwapong nilalang na hinahabol lang naman nang halos lahat nang estudyanteng babae sa school namin at yung okay lang na maging corny siya basta mapasaya ka.

>.<" gag\* why so sweet?

Nakangiti ako habang nasa taxi.

Naalala ko bigla yung hikaw nung lalaking yun, nasa kin pa nga pala yun.

Kailangan ko nang ibalik yun baka hinahanap na rin niya.

"mam, andito na po tayo"

"salamat po manong, ito po yung bayad. Keep the change na po", inabot ko kay manong ang bayad ko at bumaba na ako nang taxi, nasa tapat na ko nang coffee shop at kita ko na ang likod ni Kuya.

Bigla akong napakapa sa bulsa ng skirt ko nang maalala ko ang hikaw ni gag\* kanina.

o.O?

\*kapa\*\*kapa\*\*kapa\*

Nasan na? Nasan na yun? Bakit wala sa skirt ko?

Kinapa-kapa ko pa yung bulsa ng skirt ko nang mabuti pero wala talaga.

Oh Mo!! Nawawala--Nawawala ang Hikaw ni gag\*.

Napatingin ako sa likod ko at nakita ko na hindi pa rin umaalis ang taxi na sinakyan ko.

Pasakay na ako nang biglang may kamay na humawak sa braso ko.

Melo?!

"bakit ka nandito melo?"

"pinapunta ko ni Nathan, ikaw san ka pupunta? may nakalimutan ka ba?"

"oo, babalik ako! sandali lang ako"

"hatid na kita"

"hindi na!, sige na! pakisabi na lang kay Kuya na may kukunin ako"

"pero---"

Hindi ko na pinatapos ang pagsasalita ni Melo, sumakay na ako sa taxi dahil nag-aalala ako sa hikaw ni gag\*.

Nasan ba yun?!

Baka naman nasa school.

Tama!

Narinig ko na kumakatok sa si Melo sa window glass nang taxi pero hindi ko na siya pinansin.

"mam, san po ulit tayo?"

"balik tayo sa Acuin High manong, pakibilisan na lang po"

"ok po mam"

Pinaandar na ni manong ang taxi at wala pang 10 minuto ay nasa school na nga ako.

"manong bayad po", inabot ko kay mam yung bayad ko.

"naku! hindi na po mam, sobra pa po yung bigay niyo kanina"

"ganon po ba manong, sige po! salamat po"

Bumaba na agad ako sa taxi at pumasok sa school.

Wala na si gag\* sa kanina niyang kinatatayuan nang iniwan ko siya.

Una kong pinuntahan ang classroom namin pero hindi ko nakita.

Sa cafeteria pero hindi ko rin nakita.

Inisip ko kung ano ang ginawa kko at kung saan ko maaaring makita ang hikaw ni gag\*.

Hindi kaya? Nung tumakbo kami ay dun nahulog yung hikaw? O\_\_O

Dinaanan ko lahat nang dinaanan namin nang tumatakbo kami ni gag\* pero wala.

Sa rooftop, wala rin dun kung saan kami umupo.

Isang lugar na lang ang hindi ko napupuntahan.

Pero kung nandon nga? makikita ko ba yun?

Pumunta agad ako sa Field ng campus, ito na lang ang hindi ko napupuntahan.

Dito ako binuhat ni gag\*, hindi kaya nahulog ang hikaw niya nang binuhat niya ko.

Pero masyadong malaki ang Field, hindi ko na rin tanda kung san niya ko binuhat.

Bahala na!

Pumunta ako sa gitna nang field at nagsimulang maghanap.

Pero nagulat ako nang bigla bumuhos ang napakalakas na ulan.

"Ahhhhhhh!!!!!!", napasigaw ako dahil sa inis. <(>0<)>!!!

Kung kailan ba ako naghanap saka naman umulan nang malakas, manadya ba?!

Basang-basa na ko kaya pinagpatuloy ko na rin ang paghahanap.

"Ahhhhhhh!!!!!!", napasigaw na naman ako nang may maramdaman ako sa paa ko. <(>0<)>!!!

PUTIK?! bakit hindi ko ba naman naisip na pag-umulan ay magkakaputik dito sa Field.

Pero ininda ko pa rin ang putik.

"Ghad!! Nasan ka na ba?"

Patuloy pa rin akong naghanap sa putikang Field namin nang biglang may humawak sa braso ko at hinila ako palapit sa kanya.

"Ano bang ginagawa mo, bakit ka nagpapaulan? sabi ko nang ihahatid kita eh", hinarap niya ang mukha ko sa mukha niya.

Si Melo na naman? Sinundan niya ko dito?

"M-melo, sorry! sabi ko naman sa'yo na sabihin mo na lang kay kuya na mala-late ako di ba?"

"bakit ka ba nagpapaulan?, magkakasakit ka? Halika nga", hinihila niya ako papunta sa labas nang field.



"May hinahanap ako, sorry Melo! Bumalik ka na lang kay Kuya, please! pupunta rin ako dun"

Tinanggal ko ang kamay niya sa braso ko at pinagpatuloy ko ang paghahanap.

Nasan ka na ba? Nasan ka na?Please! Magpakita ka na.

"Kyle! Stop! Ano ba yung hinahanap mo? Ganon na lang ba yun kahalaga na mas mahalaga pa sa buhay mo?", nagulat ako nang biglang yakapin ako ni Melo.

Me..lo..

Sorry Melo.

Bigla akong may nakita na nakinang na maliit na bagay hindi malayo kung saan kami nakatayo ni Melo.

Yun... yun yung hikaw ni gag\*.

Nagmadali akong makapunta kung san ko nakita yung kumikinang na bagay. At sa pagmamadali ko, naitulak ko si Melo nang malakas dahil nakayakap pa rin siya sakin.

Agad kong pinulot ang nakita ko at pinusan ito gamit mismo ang uniform ko.

Tama ako, ito nga!

Halos maluha na ako nang makita ko ito.

Niyakap ko ito na parang buhay ko ito.

Salamat. Salamat at nakita na rin kita.

O.A na kung O.A. pero ngayon, abot langit ang ngiti ko. ~(^◆^)~

Thank You, gag\* ikaw lang ang nagparamdam sakin nang ganitong kaligayahan.

>End of Kyle's POV<

>Melo's POV<

"Kyle! Stop! Ano ba yung hinahanap mo? Ganon na lang ba yun kahalaga na mas mahalaga pa sa buhay mo?"

Sorry Kyle, alam kong may iba pang bagay na mas importante sayo kaysa sa akin pero yung nakikita ko na pinababayaan mo yung sarili mopara lang sa bagay na yun, MASAKIT!

Pero tinitii ko.

Nakayakap ako sa kanya nang bigla niya na lang akong tinulak.

At sa pagtulak niyang yun, natumba ako sa putikan dahil sa patuloy na ag-ulan.

May pinuntahan siya at nakita kong may pinulot siya.

Isang makinang na bagay.

Pinunasan niya ito at niyakap na parang sobrang saya niya na nakita ito.

Hindi ako tanga, alam ko kung ano ang pinulot niya.

Ito yung parehas na hikaw na pinulot niya nang paalis na kami noon sa lumang bodega.

Tumayo ako.

Ang sakit na makita na yung taong mahal mo sobrang saya nang dahil lang sa isang maliit na bagay.

Ang sakit pala, sobra! akala ko kaya kong magpanggap hanggang huli bilang isang BestFriend lang.

Ngayon ko lang siya nakitang ganon kasaya.

Ang swerte nang lalaking nagmamay-ari nang hikaw na yun.

Because...

Who ever owns that thing...

She's in love with that Guy!

(A/N: hahaha XD Natuwa ako sa Chapter na to! Actually halos magkasunod ko lang silang ginawa nung Last Chapter, nyhahaha >:D ewan ko! feeling ko binuhos ko talaga dito yung effort at pagmamahal ko sa mga Character ko, yun yung pakiramdam ko eh. kayo ba? nyhaha >:D saya saya!)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > She's Engage?!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

Chapter 8

Chapter Eight

"Bakit ka nagkasakit?" (.-.)?

"naulanan!" (=.=

"Bakit ka nagpaulan?"

"Trip Lang"

"Trip Lang? alam mo namang nag-aalala ko sa'yo eh, hindi mo na naman kino-consider ang nararamdaman ko", malungkot niyang pagkakasabi.

Okay! Kilig na naman ako dun. Concern siya eh! >▣<

Kanino pa ba ko kikiligin, at sino lang ba ang nagpapakilig sakin?

Isa lang naman di ba?

At siyempre si gag\* yun.

Tama po! Nandito po siya sa bahay at kanina pa ko pinapagalitan / (slash) kinokonsensya sa pagpapaulan ko, kesyo hindi ko daw iniisip yung mararamdaman niya kapag nagkasakit ako.

Psssh.

Kung alam lang niya kung bakit ako nagkasakit eh.

Nakahiga ako sa kama ko at nakaupo naman siya sa katabing upuan.

"Bakit ka nga nagpaulan?"

Okay! Nasusura na ko ha? Pang-ilang beses na niya kong tinatanong niyan.

"For the Nth time, wala ngang dahilan!"

"Dahil ba dun sa lalaking mokong na Melo na yun?" (!~~)

"Si Melo? Bakit naman napasama si Melo?"

"Eh kasama mo kaya yung mokong na yun nung nagpaulan ka, malay ko ba kung anong ginawa niyo habang nagpapaulan kayo, malay ko ba kung-kung..." (.\_.)

"Kung ano?"

"K-Kung may ginawa kayong dalawa"

What? Ano namang gagawin namin ni Melo sa ulan?

gag\* talaga nito. <(,>,<)>!!!

Isipin ba na may ginawa kami ni Melo?!

"Oo, bakit? may masama ba?", Bahala ka! Isipin mong meron talaga kaming ginawa. Huh!

Bigla na lang siyang tumayo pagkasabi ko nun.

"San ka pupunta?" (.-.)?

"Sa labas, papatayin lang yung mokong na yun!" (~,~)+++

>.<" Whaaa!!! Napatayo naman ako sa kama sa sinabi niya. Lokong to!

"Are you kidding me?", hinarangan ko ang daan niya.

"No! I'm not!"

First Time kong makita siyang ganito to! at-at! KINIKILIG AKO!

Pero! the Hell NO! na hahayaan kong saktan niya si Melo, bestfriend ko yun no!

Naglalakad na siya nang harangan ko siya pero bigla na lang umikot ang paningin ko kaya bigla akong natumba sa kanya.

Natumba rin siya dahil sa lakas ng force nang pagbagsak ko kaya ngayon ang pwesto namin ay...

Ang pwesto namin ay, nakapatong ako sa mga mainit na pandesal niya sa katawan.

Oh hindi! ramdam ko ang init ng katawan niya.

Hindi ako makaalis sa pwesto namin dahil nanghihina ako.

Napatingin ako sa kanya at nakita ko na nakatingin din siya sakín at namumula.

Anla!

Ramdam ko na itatayo na niya sana ako nang biglang nagbukas ang pinto ng kwarto ko kaya naoatingin kaming dalawa.

(.oO) (.\_ \_)" <-- si Kuya at si Melo.

(<///<) (>////>) <-- kaming dalawa

vkgtfjjtyfi656! Naabutan kami ni Kuya na ganon ang posisyon!

Tinayo ako ni gag\*.

"a-Ah! n-natumba kasi siya k-kaya a-ayun g-anun", nahihiyang paliwanag ni Gag\*

"ahhhh.." si kuya na parang nakahingang malalim nang marinig ang paliwanag ni gag\* "ikaw naman kasi Kyle!, bakit ka ba tumayo eh masama pa pakiramdam mo?"

Inalalayan ako ni Kuya na makahiga sa kama.

"ang kulit mo talaga", pi-noke ni Kuya yung ulo ko.

si Kuya talaga.

Nag-iba ang atmosphere sa kwarto nang makita kong nakatingin si Melo nang masama kay gag\* at ganon din si gag\* kay Melo. ~(T^T)~

Alam ko naman kung bakit ganon ang tingin ni Melo kay gag\* eh,

"Ciro, hanap ka na nang kapatid mo! umuwi ka na daw"

"Ni Ate? May number ka ni Ate?" (.-.)?

"ha? ah! eh! a-ano. ayun! di ba tumawag dati dito yung Ate mo nang matulog sa inyo si Little Princess", sabi ni Kuya pero tama ba yung nakikita ko dahil parang namumula ata siya?! >///<"

Ewan ko! Bakit parehas sila ni Ate April ng expression nang tanungin ko siya kung pano niya nakuha ang number ni Kuya Nathan.

"ah! bat mo ba tinatanong kung pano ko nakuha ang number ng Ate mo! that's not important! Basta, pinapauwi ka na niya. Uwi na bata! Uwi! ako nang bahala sa kapatid ko"

"psssh", si gag\*

Lumapit siya sakín at may binulong,

"sa susunod na makita ko yan, wala nang banta-banta! tutuluyan ko na yan", bulong niya.

Kilala ko naman ang tinutukoy niya, kanino pa ba siya nagseselos eh di kay Melo.

Umalis na siya pero bago siya lumabas ng bahay ay tiningnan niya muna nang masama si Melo.

Agh Gag\*!

Pero tuwing ganon siya, napapangiti niya ko.

At nawala na nga siya nang tuluyan.

Lumapit naman sakín si Kuya at pi-nokee ulit yung ulo ko,

"Ikaw talaga little princess, inantay kita sa coffee shop tapos malaman-laman ko kay Melo na nagpaulan ka na pala! Tinawagan ko na si Doc Venez at pupunta na siya dito, ipapahanda ko lang kay manang yung pagkain mo"

"Kuya naman eh! Ayos na ko! at---"

"Kaya mo naman ang sarili mo? No! tingnan mo nga nangyari sayo kanina, natumba ka pa! sigé na, ipapahanda ko na kay manang ang pagkain mo. Si Melo na muna bahala sa'yo"

Si Melo? Kaming dalawa lang ni Melo?!

Hindi pwede! hindi! bawal! No!!

Lumabas na si Kuya at naramdaman ko na umupo si Melo sa kaninang inuupuan ni gag\*.

Tinaklob ko ang kumot ko sa buong katawan ko at pumikit.

Naramdaman ko na pinatong ni melo ang kamay niya sa noo ko.

"Kyle..."

Tulog ako! Tulog ako! Hindi ko siya naririnig.

"Kyle..."

LalalaLalala! wala akong naririnig.

"sinong may ari nang hikaw na yun?"

(o.O) (-\_\_-) ( \_\_ \_\_)" Patay!

-----

"Kyle!!" ayan na naman po ang mga maiingay kong kaibigan. (=,="

"Kumusta ka na? May masakit ba sa'yo ha? Saan? Sabihin mo lang", si Claire na kinakapa pa ang katawan ko na parang may malubhang sakit lang na dumapo sakin.

Para talagang aning-aning to si Claire!

Ito namang si Chloe may katext at parang lumapit lang sakin pero wala namang pakialam. At kinikilig pa kung sino man ang katext niya.

"Si Babs talaga", narinig ko pang bulong niya.

Babs? yung katext niya?

3 araw rin akong nawala sa school at sa loob ng 3 araw, siyempre nandun pa rin sa tabi ko si gag\*! Para ngang hindi na yun pumasok eh, pero mas mabuti na yun! Kasi tuwing nakikita ko siya parang mas bumibilis akong gumaling

May Healing Powers kaya si gag\*?

Dumaan na naman ang araw na natapos ang araw ko sa pakikinig sa klase.

Magkakatabi kaming nag-aayos nang mga gamit namin sa locker nang biglang lumapit samin si Andrew.

"Babs!"

Tama ba ang naririnig namin? tinawag ni Andrew na Babs si Chloe?!

"Babs?", sabay naming tingin ni Claire kay Chloe.

At sabay na namula ang dalawa sa harap namin ni Claire.

Hahaha! Nakakatuwa silang dalawa, feeling ko may gusto na rin si Chloe kay Andrew pero hindi lang niya nare-realize dahil iniisip niya na mahal pa rin niya si Chad.

Na-distract kaming 4 nang biglang makarinig kami nang malakas na hiyawan at sa tingin namin ay nanggagaling yun sa study area nang High School Building.

Nakakita rin kami nang mga taong nagmamadaling pumunta sa Study Area.

"talaga? ginawa niya yun?"

"nakakatuwa naman"

"nakakakilig kaya"

"kung ako sa babae, sasagutuin ko na kaagad kung ganon ka-sweet ang manliligaw sakin"

Nakarinig kami nang bulong-bulungan at mga babae na parang sobrang kinikilig.

"ano yun! Tara! dali!", bigla na lang kaming hinila ni Claire papunta sa Study Area.

Pero hindi namin makita ang pinagkakaguluhan nang mga tao lalong-lalo na yung mga babae.

Bakit?

Nagulat na lang kami nina Claire at Chloe nang may magsalita at ang nakakagulat ay kung SINO ang nagsalita.

"Loves" o.O"

Nang marinig namin siyang magsalita ay hinila pa kami ni Claire sa gitna nang napakaraming tao hanggang sa makita namin siya ng tuluyan.

At hindi lang yun, sa likod niya ay may isang malaking Tarpaulin na may nakalagay na 'Kyle My loves, I love You'.

At sa Tarpaulin ay may napakalaking picture ko as in PICTURE!!!!

"ehem ehem Kyle! Loves para sa'yo to! ehem ehem", boses mula sa isang Mic, at i'm sure na boses nga niya yun.

Nakarinig na lang kami nang pag-stram ng gitara at pagkanta.

♪Insert Song Here --> 1234♪

♪1-2-1-2-3-4

Give me more loving than I've ever had  
Make me feel better when I'm feeling sad  
Tell me I'm special even though I know I'm not  
Make me feel good when I hurt so bad  
Barely getting mad  
I'm so glad I found you  
I love being around you  
You make it easy♪

Hindi ko alam kung anong magiging reaction ko habang naririmnig ko ang kanta.

Gago >.<" Bakit ka ganyan ka-sweet? Bakit gag\*? Bakit?

♪Its as easy as 1-2-1-2-3-4

There's only one thing  
To Do



Three words  
For you  
(I love you) I love you  
There's only one way to say  
Those three words  
That's what I'll do  
(I love you) I love you♪

Natapos na ang pagkanta.

"narinig mo ba Loves, para sa'yo ang kantang yun", hinahanap pa rin niya ko sa gitna nang napakaraming tao.

Ang ganda ng boses.

Kikiligin na sana ko eh, ang EPIC FAIL lang dun.

Hindi naman siya yung kumanta eh pfft-, may isang lalaki na katabi niya at yun ang kumakanta at naggigitara.

Kaklase niya ata yun.

Umalis na rin yung lalaki na tumugtog at kumanta.

"Loves? Naririnig mo ba ko!" hindi pa rin niya ko nakikita.

"KYLE!! IKAW YUNG LOVES NA YUN DI BA?" nagulat ako nang bigla na lang sumigaw si Claire nang napakalakas at tinuturo pa ko.

SH.Z! Claire! <(o<)>!!!

Nagtingin lahat ng mga tao samin.

Tunay ka talagang kaibigan.

At biglang nawala ang tao sa harapan namin at nakita ko na lang si gag\* na nakatayo sa harapan namin.

"kakanta na yan!", may nakinig kaming isang lalaki na sumigaw at bigla na lang nakisama sa pagsigaw ang ilang tao.

"kakanta na yan! kakanta na yan!"

Unti-unti ay lahat nasigaw na kahit na si Claire.

Grabe! Hahaha ^o^

Napuno na ang Study Area ng tao at lahat ay nasigaw na.

"Hindi po ako nakanta" (=3="

Nanahimik ang tao nang bigla siyang umimik pero biglang may isa na namang lalaki na sumigaw pero this time iba na, hindi na siya pinapakanta dahil... PINAPASAYAW na siya!

"Sasayaw na yan! Sasayaw na yan!", yan naman ang sinisigaw ng mga tao.

Grabe! Mamamatay na siya sa sobrang pula. \(\^,\^)/

At hanggang ngayon naka-pouty lips pa rin siya (=3="

Bigla na lang may tumunog na Cellphone at ang nakakatawa ang tugtog nila ay 'Teach me How To Dougie'.

"sabi nang hindi ako marunong sumayaw eh", si gag\*.

Ititigil na sana ang tugtog nung nagpatugtog, pero nagulat kami nang sumayaw si gag\* sa harap namin at nag-dougie.

(o.O)" --> >.<" --> (\*Q\*)

Bakit ganon? Bakit siya ganong sumayaw?

Nang-aakit ba siya?

Palapit siya nang palapit sakin pero nagdo-dougie pa rin siya.

>////< Grabe! Ang bilis ng tibok ng puso ko.

Ngayon ko lang siya nakitang sumayaw. Nasa kanya na ba lahat?

Yung way niya ng pagsasayaw ay yung tipo na maglalayaw ang mga nanunuod sa kanya.

Napatingin ako sa mga katabi kong babae pati kina Claire at Chloe at iisa lang ang expression nila --> (\*Q\*)"

Parang gusto na nilang lapain si dougie, pakiramdam ko nga may iba na hinuhubaran na si Gag\* sa isipan nila eh.

Pero! hindi! bawal! Dahil akin lang siya!

"I'm far Better than that Idiot", narinig ko naman na sabi ni Andrew.

Selos yan kasi nakatingin ang Babs niya kay gag\* habang nagsasayaw.

Ayokong tumingin pero hindi ko mapigilan yung mata ko.

"wOoooooo", nakarinig kami nang malakas na hiyawan pagkatapos niyang sumayaw.

Nakatayo na naman siya sa harap ko.

"panget ba? sabi ko naman sa kanila na hindi ako marunong sumayaw eh' (=3="

"Hindi ah!", kusang lumabas sa bibig ko na parang may sarili siyang buhay.

"Hindi panget?", parang nabuhayan naman siya nang loob.

o.O" Ano ba yung nasabi ko!! Kasi naman! Hindi pa rin ako maka-recover dahil sa sayaw niya.

"I-ibig kong sabihin, hindi panget k-kasi MALASWA!", sinigaw ko talaga yung malaswa.

At naglakad na ako paalis sa Study Area.

Totoo namang malaswa eh, pero NAKAKAAKIT (\*Q\*)"

Get a hold of yourself Kyle!!

Naglalakad na ako nang biglang may humarang sakín.

\*sigh\*

"bakit?", mataray kong tanong.

Ayaw kong magpahalata na kinilig ako kaninang nagsasayaw siya.

"pikit ka muna" (^,^)

"ayaw ko! at may pupuntahan pa ako! sige maiwan na kita"

Naglalakad na ako dahil iniintay ako ni Kuya Nathan sa labas ng campus! Remember? Nung nagpaulan ako dapat pupuntahan ko siya. Pero hindi ko nagawa dahil sa gag\* na to.

Humarang ulit siya sa dadaanan ko pero this time.

May hawak siya at parang inaabot sakín, hindi ko kita kasi nakabalot.

"Pinaghirapan ko yan, nagpaturo pa ko sa Personal chef namin, alam ko namang hindi kasing sarap ng isang chef ang gawa ko pero ito, tikman mo naman! Dapat surprise kaso ayaw mo pumikit eh"

"ano ba yan?"

"ano, yung-yung paborito ko"

Paborito niya?! Brownies? Gumawa siya ng Brownies para sakin?

(\*Q\*) gusto ko nun! pero hindi! kailangan hindi ako magpahalata!

Tama! Ayaw ko nang Brownies at hindi ako nakain nun! Tama! Tama!

"hindi ako mahilig sa matamis, sorry!"

wAaa pero gustong-gusto ko nun. (ToT")

Ano kayang lasa nun?

Naglakad na ulit ako pero lagi siyang humaharang sa daan ko at pinapakain niya ko ng Brownies na gawa niya.

Nasa harapan ko na naman siya at kinukulit ako nang biglang may tumawag sakin hindi kalayuan kung saan kami nakatayo.

Napatingin kami parehas at nakita ko si Kuya na tumatakbo palapit samin.

"Ano namang hawak-hawak mo?", tanong ni Kuya kay gag\*.

Hanggang ngayon kasi ay hawak pa ni gag\* yung Brownies na gawa niya \*Q\*)

"Brownies, gawa ko pa! Para kay Loves, kaso hindi daw niya gusto kasi hindi siya nakain nang matamis"

"Hindi nakain at tinanggihan niya yan? Eh nagpabili pa nga yan sakin nang isang kahong brownies nung nagkasakit siya. Ewan ko ba diyan dati naman hindi yan natikim nang Brownies eh tapos bigla na lang nagustuhan, atska-- ARAY!", sinipa ko nga.

Bakit niya sinabi yun. >.<"

"h-hindi ko gusto yun no? Ti-tinikman ko lang kaya ako nagpabili sa'yo"

"Tinikman?? Isang kahon? -- ARAY! masakit na Little Princess ah!", nagtatatalon-talon si Kuya dahil nilaksan ko talaga yung sipa ko sa binti niya.

"Gusto mo pala nang Brownies? Akala ko ba hindi ka nakain", nakangiting-nakangiti naman si gag\* nang marinig yung sinabi ni Kuya.

"Tara na nga Kuya!", nagdadabog akong lumakad papunta sa kotse ni Kuya. (~,~"

Sumakay ako sa passenger seat sa likod ng kotse.

wAaaa TToTT.

Nakakaasar talaga si kuya! Sabihin ba yun?!

Iniintay ko si Kuya na sumakay sa kotse pero nagulat ako nang may magbukas ng pinto ng kotse at sumakay din sa passenger seat.

Ano na namang ginagawa nito dito?

"Ano namang ginagawa mo dito?" tanong ko

"Sasama daw siya", sabi ni Kuya na kasasakay lang sa Driver seat.

"gusto mo, eto oh! masarap to!", sabi niya habang kinakain yung ginawa niyang brownies.

Akala ko ba akin yun?

Pero siya sasama? samin?!

"WHAT?!"

Hindi ko inaasahan na bigla niyang ipapasok ang isang buong brownies sa bibig ko nang sumigaw ako.

Halos mabulunan ako nang dahil dun.

Gag\*ng to! sinusubukan ba kong patayin.

Pero nung sinubo niya sakín yung Brownies? wAaa (\*Q\*)" Ang sarap!

Totoo bang gawa niya to?!

Napatingin ako sa kanya.

Damn Him! He's so... he's so... @rgh!

He's so CUTE! >.<"

At pinaandar na nga ni Kuya ang sasakyan.

Hindi pa kami nakakababa ay ubos na niya yung Brownies at yung isang buong brownies na sinubo niya sakín ang tanging natikman ko, inaalok niya ko pero ayaw kong magpahalata.

Kaso walang-hiya talaga ang gag\*, parang pinapahili pa sakín habang nakain siya.

Dumating na kami sa coffee shop/restaurant na tapat lang halos nang Autumn Park.

Bumaba agad ako nang sasakyan at dumiretso sa loob ng coffee shop.

Nakasunod pa rin naman sakín si gag\*.

"Good morning mam? Any Reservation?" tanong ni Mrs. Receptionist.

Hindi ko siya pinansin dahil dumiretso na ako sa pina-reserve ni Kuya na table.

Pero nagtaka ako dahil nang tumingin ako sa table na dapat ay samin ay may nakaupo na dito.

Nakatalikod siya sakín kaya hindi ko makilala pero alam kong lalaki dahil kita ko ang likod.

Lumapit ako sa table.

"excuse me?"

Lumingon naman agad siya sakín at laking gulat ko nang makita ko kung sino to!

Si melo! Pero nagpagupit siya kaya hindi ko siya masyadong nakilala.

Pero! Hindi lang yun dahil may isa pang dahilan, nakalimutan ko na kasama nga pala namin si Melo.

Kung kasama namin si melo, bakít hinayaan ni Kuya na sumama si Gag\*.

Ngumiti si Melo sakín at tumayo pero nawala ang ngiti niya nang makita niya si gag\* sa likod ko.

Nagkatinginan silang dalawa at alam kong may mga laman ang tingin nila. >•<”

May nakikita na akong kuryente at apoy sa pagitan nang mga tingin nila.

Pakiramdam ko ay magsusuntukan na yung dalawa sa harap ko nang biglang dumating si Kuya.

"Guys, upo na kayo! ano pang tinatayo-tayo niyo diyan?", biglang dumating si Kuya at inupo kaming tatlo. (^,^)

Pang-apatán lang ang upuan kaya ang pwesto ay magkatabi si Kuya at Melo tapos katapat ako ni Melo at tabi ko naman si gag\*. Basta ganon na yun!

"Hindi mo naman sinabing kasama pala tong mokong na to?", bumulong sakín si gag\* yung tamang kinig ko lang.

"Hindi ko alam, at in the first place IKAW dapat ang wala dito", bulong ko rin.

Nagpouty-lips naman ang loko. =3

Hahahaha (^o^)

I'm so mean, sinabi ko lang naman yun dahil alam kong magpapa-cute yan eh.

Pero bakít ba pinasama pa ni Kuya si gag\* kung alam naman niyang hindi magkasundo itong dalawa.

Tiningnan ko si Kuya at tinaasan ko nang kilay saka ko binigyan ng 'Bakit-mo-hinayaang-magsama-ang-dalawa-na-to?' Look

Pero isang ngiti lang ang binigay niyang sagot sakín at kinilabutan ako sa ngiti ni Kuya.

I can feel na sana hindi ko na lang hinayaan si gag\* na sumama dito.

Spell A-W-K-W-A-R-D! Kanina pa nag-uusap sina Kuya at Melo about sa business namin, kung hindi ko pa nasasabi sa inyo 'HEIR' po si Melo nang kompanya ng 'Sogocio' kaya naman sila nagkakaintindihan.

Pero ako? Anong gagawin ko dito? Kanina pa naman ako kinukulit nung isa na mag-date na lang daw kami at hayaan na lang namin sina Kuya at yung 'mokong' dito. =.=

Biglang may mga dumating na waitress at waiter na nagdala naman ng pagkain.

Woah! As in Woah! I've got a feeling na si Kuya ang umorder nito.

Natural, siya naman nagpa-reserve dito eh.

Hindi lang yun, lahat paborito ko ang inorder niya \*Q\*

Pero bigla akong may nakita na dish na parang hindi dapat nandoon.

Tiningnan ko si Kuya kasi baka nagkamali lang nang lagay yung waiter kanina pero nakatingin si Kuya sa labas ng Coffee Shop/Restaurant habang nakangiti.

He's planning something. I know that smile!

Biglang tumingin sakín si Kuya at hindi na siya nakangiti.

"Kain na tayo", sabi ni Kuya.

Pork Barbeque \*Q\* Favorite!!

Kukuha na sana ako nang Pork BBQ nang biglang may nilagay si gag\* sa plato ko.

Oh No! Bakit ito pa ang nilagay niya. o.O"

"Kain ka! Masarap yan!", sabi ni gag\* na nakangiting-nakangiti pa.

Napatahimik ako kahit sina Kuya at Melo ay napatigil sa pagkuha nang pagkain nila.

Hindi nga pala alam ni gag\*.

Napatingin naman siya sakín na parang nagtataka kung bakít ganon ang reaksyon namin.

Tiningnan ko si Kuya, eto ba ang balak niya kung bakít siya bumili nang 'HIPON'.

Sa lahat naman kasi nang ilalagay ni gag\*, bakít yung Hipon pa?

"Hindi nakain si Kyle nang Hipon may allergy kasi siya sa mga seafoods maliban sa isda, hindi mo pa ba alam?", nabasag ang katahimikan nang biglang umimik si Melo.

Tinanggal ni Melo sa pinggan ko yung Hipon at binalik kung saan nakalagay kanina.

"At Pork Barbeque naman ang pinakang-gusto ni Kyle sa lahat, bata pa lang kami gusto na niya yan", nilagyan ako ni Melo nang Pork Barbeque sa pinggan ko.

Nakita ko naman sa expression ni gag\* na hindi nga niya talaga alam na allergic ako pagdating sa seafoods.

Namatay ang masiyahing ekspresyon niya, tumungo siya at saka nag-'sorry'!

Parang may naramdaman ako na kung ano sa dibdib ko nang marinig ko ang malungkot na pagkakasabi niya nang 'sorry'.

Nage-echo ang 'sorry' niya sa isip ko.

Bakit ganon, may part sakín na gusto kong kainin ang Hipon na nilagay niya sa pinggan ko kanina.

Natapos kaming kumain nang hindi ko nagustuhan ang kinain ko kahit na paborito ko ito, parang mas gusto kong kainin yung Hipon.

Si gag\*, inubos niya yung Hipon at yun lang talaga ang kinain niya.

I feel like may kasalanan akong ginawa.



Bakit ba naman allergic pa ko sa Hipon? At si Kuya! Bakit naman kailangan pa niyang umorder nun kahit na hindi ako nakain. (. \_ \_)"

Speaking of my Devil-Brother, kanina pa siya nasa banyo. Nakakaasar na si Kuya ah! Pagkatapos na pagkatapos naming kumain ay nag-excuse siya para pumunta sa banyo.

Gusto ko nang umalis, baka kung ano pa ang malaman ni gag\*.

"Paborito mo yan di ba?"

Nagulat ako nang biglang lagyan ni Melo yung plato ko nang 'cheesecake'.

Bukod sa pagkain ay bumili rin si Kuya ng dessert.

Kilalang-kilala niya talaga ko.

I'm referring to Melo, Bestfriend ko nga siya simula bata, walang duda.

Napatingin ako kay gag\* pero nakatingin lang siya sa labas ng Restaurant.

"Tandang-tanda ko pa nung bata tayo, tueing kumakain tayo nang cheesecake ang amos-amos mong kumain hahaha", si Melo.

"ha? ah! hindi ko na tanda eh!", wala pa rin ako sa oras para makipag-usap.

"hindi mo na tanda?" malungkot na pagkakasabi ni Melo "so I guess hindi mo na rin tanda yung PROMISE natin sa isa't-isa"

OH! SH.Z! \*ygygkjygyuk\* bakit pa niya kailangang banggitin ang bagay na yun at sa harap pa talaga ni gag\*? SH.Z!

Kaya ayaw ko na magkikita ang dalawa na to, dahil dito! Pero si Melo!! Bakit kailangan pa niyang iparinig kay gag\* yun.

Napatingin ako kay gag\* at alam kong magtatanong na siya kung ano ang PROMISE na sinasabi ni Melo.

"a-anong promise yun?"

Sasagot na sana si Melo pero sumagot ako.

"ah-Ah! wala yun! matagal na yun at---" naputol ang sasabihin ko nang biglang nagsalita si Melo.

"WE'RE ALREADY ENGAGED!"

Napatingin si gag\* kay Melo at saka siya tumingin sakin pero wala akong nagawa kung hindi ang yumuko lang.

"Bumalik ako dito sa Pilipinas para tuparin ang pangakong yun"

Natahimik ang paligid namin ng mga 10 minuto.

I heard gag\* sighed like an old man then I saw his MOST dead expression EVER!

Pakiramdam ko, nararamdaman ko rin yung nararamdaman niya.

He smiled bitterly atsaka siya tumingin sakin.

Kita ko na kinukuyom na niya ang palad niya, isa lang ang ibig sabihin nun - nagagalit siya pero mas higit pa din yung nararamdaman niyang sakit.

Tumalikod siya para siguro hindi ko na makita ang expressioon niya.

"congrats! s-sige! Alis na muna ako"

Naglakad siya pero tumigil ulit.

Saka tumingin sakin.

“seryoso ka pala nang sabihin mong magpapakasal kayo, congrats.”, at tumalikod na ulit siya.

(A/N: Refer to Chapter 6)

Alam ko ang sinasabi niya, yun yung nasa lumang bodega kami at tinanong niya ko kung ano ko si Melo.

Nakita ko na lang na nasa labas na siya nang Restaurant.

Hindi ko kayang makita na ganon siya.

Nasasaktan din ako, BIG TIME!

Yung alam ko na ako yung nakasakit sa kanya. It hurts like hell!!

Hindi ko namalayan na tumutulo na pala ang luha ko.

Naglalakad siya, hanggang sa hindi ko na siya makita...

...hanggang sa hindi ko na makita yung taong mahal ko.

\*sob\*\*sob\*

"Melo!! why did you do that? you know that-- that.. that..", napatayo ako sa kinauupuan ko habang natulo pa rin ang luha sa mata ko.

"I know that what?! that you LOVE him?!", napatayo na rin siya at napataas na rin ang bores niya.

Alam kong nagtitinginan na ang ibang tao samin pero wala kaming pakialam dahil ayoko nang nasasaktan si gag\*

"pero bakit mo ginawa y--"

"bakit ko ginawa" he laughed with full of sarcasm "halata ko naman na mahal mo yung lalaking yun! alam ko rin na sa kanya ang hikaw na hinahanap mo kahit na basang-basa ka nang ulan at alam ko na siya ang kasama mo nung hindi ka umuwi at siya ang lalaking tumawag saakin para sunduin ka... pero bakit ganon Kyle! kitang-kita ko na mahal mo siya pero bakit hindi mo makita na nagseselos ako!"

Hindi ko alam sa sarili ko pero kusang lumakad ang mga paa ko palabas ng Restaurant.

Ayokong makasakit pero ayaw ko ring nasasaktan yung taong mahal ko.

Nakasalubong ko si Kuya at tinawag niya ko pero hindi ko siya pinansin.

Naninikip ang dibdib ko dahil sa sobrang sakit.

Sinundan ko ang direksyon ni gag\* pero hindi ko siya makita.

Naramdaman ko na lang ulit na may mga tubig na tumutulo sa buong katawan ko.

Bakit ba lagi na lang umuulan tuwing may hinahanap akong importante saakin?!

Pinunasan ko ang mukha ko dahil sa ulan at dahil na rin sa luha ko.

Ngayon lang ulit ako umiyak dahil sa lalaki, nung una ay dahil kay papa pero ngayon ay dahil sa isang lalaki na sumira nang paniniwala ko sa mga lalaki.

Hindi ko makita si gag\* pero patuloy pa rin akong tumakbo hanggang sa nakita ko na lang ang sarili ko na nakatayo sa Autumn Park.

Naalala ko bigla lahat ng ginawa ni gag\* para saakin.

Yung naghahanda siya dito sa Autumn Park at umaasa na pupunta ako pero hindi ko siya sinisipot dahil ayaw ko siyang paasahin, but its different now dahil kung maghahanda siya ay pupunta na ko hindi dahil papaasahin ko siya kung hindi dahil mahal ko na siya.

"I LOVE YOU GAG\*!!! MAHAL NA MAHAL KITA!!!"

Ngayon ko lang sinigaw ang pagmamahal ko sa isang tao.

Ang sarap pala sa pakiramdam na isigaw mo sa lahat na mahal mo siya, siya lang at wala nang iba pa.

I love you gag\*, Mahal Kita!

Biglang may humawak sa braso ko.

Napatingin ako sa kanya.

Si Kuya.

"See? Mahal mo siya?", sabi niya na nakangiti pa.

"So kaya mo ginawa yun para malaman mo na mahal ko talaga siya?"

Tumungo naman siya bilang sagot.

My Bad-Brother!

-----

"Pugto ang mata mo" (.~~)

"Umamin ka na"

"May nangyari kagabi ano?"

"May Ciro Jr. na ba?" (.~~)

\*sigh\*

Ang loka-loka talaga nitong dalawa.

Kasama ko na naman po sina Claire at Chloe and yes! nasa school po ako ngayon.

"Wala, okay?"

"WALA?" napasigaw naman si Claire "Oh No! kawawa naman ang lahi nina Ciro"

Lahi? At 2nd Year pa lang po kaya kami. - \_\_\_ -

At makasigaw naman si Claire, akala mo hindi SENSITIVE ang pinag-uusapan namin.

Nakatingin na kaya halos lahat ng kaklase namin samin kasi nasa classroom kami. Pero wala naman kaming klase, labas na kasi kami.

Minsan talaga gusto kong itakwil to si Claire bilang kaibigan buti pa to si Chloe.

Speaking of Chloe kanina kausap lang namin at bigla lang dumating si Andrew niya ay iniwan na kami.

Baka naman sila na ang may 'Andrew Jr.'? o.O"

Nah~! Si Chloe pa! kung ito pang si Claire, BAKA may 'Chiron Jr.' na.

Pero matagal ko na silang hindi nakikita ni Chiron na magkasama. Hindi ko pa rin natatanong kung bakit ganon yung naging reaksyon niya nung nakasalubong namin si Chiron dati.

"Ahhhhhhh!!!!"

"Oh My GHAD!!!!!"

Nag-iiritan na ang mga kaklase ko sa labas ng room, at isa lang ang ibig sabihin nun!

Nandito na siya, OO siya, si GAG\*!

Hindi ko man kita pero alam kong siya yun, siya lang naman ang iniiritan ng mga kaklase ko eh.

Tinext ko kasi siya, sabi ko magkita kami ngayon dahil may sasabihin ako sa kanya.

Hindi man siya nag-reply pero good thing na pumunta siya.

Opo, sa tingin ko pwede ko rin namang sabihin na-na m-m-ma-ma-MAHAL KO SIYA DI BA?

Wala namang nagbabawal.

At sasabihin ko na rin yung totoo tungkol sa PROMISE na sinasabi ni Melo, ang totoo isang batang-pangako lang yun.

Nung bata kami sinabi ni Melo na kung '16' years old na ko at wala pa kong mahal, babalik siya sa Pilipinas para ma-engage sakin.

Pero batang-pangako lang naman yun eh.

"HOY! pumunta ka na dun! nag-iintay na yung Prince Charming mo", bigla akong tinulak ni Claire.

Kinakakabahan ako habang lumalakad palabas ng pintuan.

Nanginginig yung buong katawan ko.

"Ano bang tinatayo-tayo mo diyan? Labas na!" (.^^)

Bigla akong tinulak ni Claire nang napakalakas at na out-of-balance ako kaya naman natumba ako bigla sa labas ng room namin.

Biglang akong tinayo ni gag---

Napatingin ako sa lalaking nagtayo sakin.

Hindi pala si gag\* ang iniiritan ng mga kaklase ko kanina.

Kung hindi si, Melo.

Nakalimutan ko na si Melo ang isang lalaki bukod kay gag\* na kinababaliwan pa ng mga kaklase ko.

OO! Ako na ang disappointed na hindi si gag\* ang nandito, pero ang mas matindi dun yung taong pinaka-ayaw ko pang makita ang nandito ngayon.

Hindi ko pa rin siya napapatawad sa ginawa niya, pero higit dun mas ayaw ko na masaktan ko pa siya lalo kaya hindi ko muna siya ginu-gustong makita.

"Kuyyyaaaa!!! Natumba rin ako oh! Itayo mo naman ako", sabi nang babae na pakemeng akala mo ay natumba talaga.

Lalakad na sana ako paalis pero bigla akong hinawakan ni Melo sa kamay, tatanggalin ko sana ito pero mas hinigpitan niya ang hawak sa kamay ko.

"may sasabihin ako sa'yo, importante!"

"b-bitawan mo ko, aalis ma ko!", pinipilit kong tanggalin ang hawak niya pero malakas talaga siya.

"aalis ka pa rin kahit na ang sasabihin ko ay tungkol kay... Ciro?"

Nakarinig naman kami ng mga tsismis mula sa mga taong nakapalibot samin.

Tsss. =.=

Wala na kong pakialam sa tsismis na yan! Sanayan lang yan!

Bigla akong hinatak ni Melo paalis sa mga tsismosa't tsismoso.

At napapunta kami sa likod ng Building namin.

"anong tungkol kay gag\*", tinatanong ko siya pero hindi ako nakatingin sa kanya.

"gag\* ang tawag mo kay Ciro?", nagtatakang tanong niya.

"oo, kasi naman ang gag\* gag\* nung lalaking yun, para siyang bata na tumatawa kahit sa napakaliit na bagay tapos ang kulit-kulit niya na hindi siya titigil hangga't hindi niya nakukuha ang gusto niya o hindi mo ginagawa ang gusto niya tapos-tapos basta ang gag\* niya!"

"pero mahal mo pa rin?" he smiled bitterly.

"sorry" (.\_.)"

"hindi mo kailangang mag-sorry"

"ano nga pala yung tungkol kay gag\*?"

"ang totoo niyan" napayuko siya na parang nahihiya pa "hindi tungkol kay Ciro ang sasabihin ko"

Alam ko namang hindi tungkol kay gag\* ang sasabihin niya, dahil paano naman siya may malalaman kay gag\* kung wala pang 1 buwan silang magkakakilala, at hindi ba! Hindi nga pwedeng magsama ang dalawang yan.

"mahal kita"

Napatingin ako sa kanya

"psssh, kahit naman hindi ko sabihin alam kong alam mo at nagkukunwari ka lang na hindi mo alam", pagpapatuloy niya.

"sorry"

"ayoko nang marinig pa yang sorry mo, lalo akong nasasaktan eh. hahaha. Pero sa totoo lang kahit naman hindi mo sabihin yan eh, nasasaktan ako"

"....."

"alam mo ba dati na cheesecake ang gusto mo pero sa tingin ko kahit yun nagbago na rin, at sa tingin ko siya rin ang dahilan nun tama ba?"

"isa lang ang gusto kong malaman mo"

"....."

"kapag sinaktan ka nung gag\*ng mahal mo, hindi na kita papakawalan pa dahil kahit ano pang sabihin mo ipagsisiksikan ko na ang sarili ko sa puso mo kahit na magmukha pa akong tanga. At gagawa ako nang paraan para lang mapasakin ka na"

He ain't lying. Gagawin talaga niya yun.

Hindi ko alam pero kusang yumakap ang katawan ko kay Melo.

Bestfriend ko pa rin talaga si Melo, hindi ko kayang magalit sa kanya.

Ang swerte nang babaeng susunod na mamahalin niya.

>Melo's POV<

Ang huling yakap namin na ibinigay niya mismo.

Ayoko sanang tanggalin ang pagkakayakap namin pero ako na ang nagkusang tanggalin dahil baka pag nagtagal pa kami sa ganong posisyon ay manghina na naman ang loob ko na 'i-let-go' siya.

"nakita mo na nga talaga siya, hindi na ikaw yung dating little princess. Hahaha" (^,^)

"Melo naman eh!", hinampas-hampas pa niya ko sa braso ko.

"aray! aray! masakit ah! tama na!"

Bigla kong nahawakan ang kamay niya dahil pinigilan ko ang pagpalo niya sakin.

Ang lambot ng kamay niya.

How I love this girl in front of me!

"Go na! pupuntahan mo pa yung gag\* mo! O baka naman gusto mong sakin ka na lang. Hahaha"

"Sira!", tinanggal niya ang pagkakahawak ng kamay ko sa kamay niya at pinalo niya ulit ako nang huling beses sa braso.

"hahahaha"

"sige na! alis na ko, kailangan ko pang sabihin yung totoo sa gag\*ng yun eh"



"okay"

And with that, umalis na siya.

Kyle para sakín ang pangakong binitawan natin noon ay hindi isang batang-pangako lang, dahil sakín totoo lahat! Tooto na bumalik ako dito para tuparin yung pangako natin.. Pero sa tingin ko hindi na matutupad yun dahil sa ibang mo na tutuparin yung pangako natin. I Love You, Kyle.

Hawak ko ang dapat ay tanda ng pangako ko sa babaeng mahal ko, isang singsing!

\*sigh\*

>Kyle's POV<

I really feel at ease right now.

Thank You Melo.

Thank You!

Nagkaron ako lalo ng lakas ng loob na sabihin kay gag\* ang nararamdaman ko.

Gag\*, wait for me.

Pumunta ko sa room nila pero bakit ang daming tao.

May pinapalibutan sila kaya hindi ko makita.

Ano ba naman yan.

Nakipagsisikan ako hindi para makitsimis kung ano ang pinagtitinginan nila, kailangan ko nang makausap si gag\* as soon as possible.

Nakalabas ako sa gitna nang mga nagsisiksikang tao.

At hindi ko inaasahan ang nakita ko, I saw him kissing with some other girls.

Si gag\* nakikipaghalikan sa ibang babae.

Biglang kumirot ang puso ko nang makita ko siya.

Hindi agad ako nakagalaw sa kinatatayuan ko.

Naninikip ang dibdib ko.

Hindi ako makapaniwala.

Bakit kung kailan ko sasabihin sa'yo saka pa kita makikita na nakikipaghalikan sa iba.

Fkjhyvbhjkmb! Ang sakit. Sobra!

Nakita niya ko na nakatayo atsaka lang siya tumigil na makipaghalikan sa babaeng yun.

Nagulat siya na nakita niya ko.

Kusang lumayo ang babae sa kanya at tinapik ang pisngi niya nang mahina.

"Your such a good kisser, thank you! and please, consider my offer", sabi nung babaeng kahalikan niya, saka ito ngumiti at umalis.

Parang tinusok ang puso ko nang maliliit na karayom nang marinig ko ang sinabi ng babae.

"Lo-Loves, le-let me explain", sabi niya.

EXPLAIN? What is there to explain?! everything is clear!!

Biglang tumulo ang luha ko.

This time, ako naman ang nasasaktan at hindi siya pero bakit umiiyak pa rin ako?!

Tumalikod ako atsaka ko pinunasan ang mga luha na hindi tumitigil sa pagtulo.

Mga traydor kong luha!

Tumakbo ako papalayo sa lugar na yun.

Ayokong magmukhang kawawa, ayokong magmukhang tanga.

(A/N: Minsan nakakagawa talaga tayo ng mga bagay-bagay na hindi natin gusting gawin pero dahil sa nagmamahal at nagseselos tayo bigla mo na lang makikita ang sarili mo na ginawa mo na pala ang bagay na yun. Masakit magmahal –OO pero ginusto natin yan –kaya panindigan natin)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > Is This the END?

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 9

Tumatakbo ako, hindi ko alam kung saan ako pupunta.

Ayaw pa ring tuumigil nang mga traydor kong luha.

Hindi ko alam kung san ako dinadala ng mga paa ko dahil hindi ko makita ang dinadaan ko.

I hate you! I really really hate you. D.MN You.

Nadapa ako dahil may bato akong hindi nakita sa dinadaan ko.

\*sob\*\*sob\*

\*sob\*\*sob\*

Tatayo na sana ako nang may mga kamay na kusang nagtayo sakin.

"Let me explain", napatingin ako sa lalaking nagtayo sakib.

The Hell?! Why is he here?!

"b-bitawan mo ko"

"please! Loves! it's not what you think it is"

"BITAWAN MO SABI AKO EH!"

\*PAK\*

Hindi ko na alam kung ano ang ginagawa ko.

Nasampal ko siya nang sobrang lakas.

Napatingin ako sa paligid ko, nasa tapat na pala ako ng Cafeteria.

Ang daming taong nakatingin samin at napatigil nang sampalin ko siya.

"Kahit sampalin mo pa ko! Kahit ilan, just hear me out", hinawakan niya ko ulit sa tigkabila kong braso "Please".

Bakit pa ba niya kailangang magpaliwanag.

Its already clear to me.

Tinanggal ko ang pagkakahawak niya sa braso ko.

"B-bakit mo ba kailangang mag-explain, n-nakita lang naman kita na nakikipaghalikan sa isang babae, i-its normal! h-hindi mo kailangang mag-explain, in the first place" huminga ako nang malalim "Ano ba kita? W-wala ka naman sakín at wala din lang naman ako sa'yo di ba?"

Nakita ko na nasaktan siya sa sinabi ko.

D.MN It! Bakit ganyan ang reaksiyon niya.

Naglakad na ako, kailangan kong umalis dito!

Ayoko pang tumagal na makita siya, mas nasasaktan ako.

Naglalakad na ako nang...

"Kung wala lang talaga ako sa'yo, bakit kailangan mong umiyak at bakit kailangan mong tumakbo"

Napatingin ako sa kanya.

Dahil.. dahil.., DAHIL MAHAL KITA!! Hindi mo ba alam yun?

"Please, pakinggan mo ako. Kung hindi ka sakín maniniwala, mangangako ako sayong hindi na ako magpapakita pa sa'yo ulit... KAHIT KAILAN", malungkot niyang sabi.

"Sorry, I already said it! I don't need your explanation"

Naglakad na ako palayo at nagpasundo ako kay Manong para ihatid ako sa bahay.

>Claire's POV<

Grabe!

Anong eksena ang ginawa nina Kyle at ni Ciro sa tapat ng Cafeteria.

Yes! Nakita namin lahat ni Chloe.

Ang lakas ng sampal ni kyle kay Ciro kaya naman napatigil ang lahat kasama na rin kami ni Chloe.

Ano bang nangyari?

At si Kyle, NAIYAK?

Sa sobrang seryoso nang dalawa na mag-usap, hindi na nila inisip na may nakakakita sa kanila para ngang ni hindi man lang kami nakita.

Umalis si Kyle nang umiiyak at naiwan si Ciro.

"Anong nangyari?"

"Bakit niya sinampal si Papa Ciro?"

"Sila ba? Bakit sila nag-aaway?"

"Nakakaawa si Ciro"

Yan ang ilan sa mga narinig naming tsismisan nang mga babae.

True, nakakaawa si Ciro pero first time ko din lang nakita si Kyle na umiyak at take note:  
Dahil sa lalaki?!

"AHHHHHH!!!!!! TFJYTFJHFGH!!!!!!", nagulat na lang kaming lahat nang sumigaw si Ciro nang napakalakas pag kaalis na pagkaalis ni Kyle.

Umalis si Ciro at nakita ko ang galit at the same time ang sakit sa expressiion niya.

Para siyang papatay nang umalis.

Nawawala ang pagka-cool niya pagdating kay Kyle.

At nawawala ang pagkalalaki ni kyle pagdating kay Ciro.

"Uy! Claire! Claire! Kausapin kaya natin si Ciro para malaman natin ang nangyari", alalang-alala na sabi ni Chloe na may patapik-tapik pa sa braso ko.

"Tangek ka ba? Kitamong parang papatay yung tao, tapos kakausapin mo pa! eh pano kung tayo ang pagbalingan nun?"

"nakakatakot siya"

Nagulat na lang kami nang may nagsalita sa likod namin.

"Ako nang kakausap!"

Si Andrew, =.= Ang Bads ni Chloe.

TALAGA?! Siya ang kakausap eh para namang wala siyang pakialam nung nakita niya yung dalawa kanina eh.

Para nga ata sa kanya ay nanunuod lang siya ng isang boring na movie.

"Bads! Sigurado ka?", tanong ni Chloe kay Adrew.

Pero hindi na ito sumagot dahil umalis na ito.

psssh =.=" pa-cool!

Bumalik na kami sa room namin at after 10 minutes ay dumating na rin si Andrew pero bakit. (o.O"?)

"Bads bakit ka may sugat sa mukha, nakipag-away ka ba?" sabi ni Chloe kay Andrew.

May sugat kasi tong lalaking to ngayon eh kanina naman ay wala bago siya pumunta kay CIRO?! (O.O)"

Hindi kaya...

Hindi kaya....

PATAY!

>Ciro's POV<

"ano bang problema nang lalaki na yun? bakit bigla na lang pumunta dito at sinuntok ka? Ang lakas ng loob nung lokong yun ah!", sabi ni Nikko.

Tumayo ako at hinawakan ko ang pasa sa mukha ko ng bigay nung lokong tinutukoy ni Nikko, si Andrew yung kapatid ni Chad.

Nandito kami sa room nang bigla na lang pumunta dito si Andrew at sinuntok ako pero dahil wala ako sa mood binigyan ko rin siya ng isang suntok.

Hindi ko alam pero nawala ang mga iniisip ko nang suntukin ko siya, parang nailbas ko lahat ng galit ko nang gantihan ko ang lokong yun.

"Sometimes, Fist can ease the uneasiness", biglang umimik si Chad.

Hindi ko alam, pero tama si Chad.

"Dun sa suntok ni Andrew, ang sabi niya 'ngayon ka pa ba susuko?'" , Chad

"Anong sinasabi mo Chad?", Nikko.

"He's not a straight-forward person but he has his own ways of showing what he wants to say", paliwanag ni Chad.

Naiintindihan ko ang sinasabi ni Chad at ang gustong sabihin nung loko-lokong yun.

Ngayon pa nga ba ko susuko?

Hindi! hindi pwede, ngayon pang nakita ko na nasaktan si Loves sa nakita niya, I know... I know na mahal na rin niya ko. Tama na yun para patuloy akong lumaban.

Tumakbo ako pababa ng building at dumiretso sa parking lot, pinaandar ko ang kotse ko.

Isa lang ang makakatulong sakin.

Siya lang.

Ang kuya ni kyle.. Nathan.

>Kyle's POV<

Dumiretso ako sa kwarto pagkadating ko sa bahay.

"Little Princess? What Happen?, sigaw ni Kuya dahil nakita akong nagmamadaling umakyat sa kwarto ko.

Hindi ko siya sinagot.

Ni-lock ko kaagad ang kwarto ko dahil alam kong kukulitin ako ni kuya.

Pero ayaw ko muna na makipag-usap kahit kanino.

Dumapa ako sa kama ko at nataklob ako ng unan.

Tumulo na naman ang mga luha ko.

Narinig ko na kumakatok na si Kuya sa pinto ko.

"Little Princess, open the door"

Sorry Kuya, gusto ko muna makapag-isa.

Ang sakit, bakit hindi magkatugma ang nararamdaman naming dalawa bakitlagi na lang magkasalubong.

Kumikirot yung puso ko tuwing naaalala ko yung nakita ko.

Pinaramdam niya sakin na masayang magmahal pero pinaramdam niya rin sakin kung gaano kasakit ang kapalit nang pagmamahal na yun.

Hindi ko siya, sinisipi dahil alam kong minahal niya ko nang totoo at ang gusto kong sisihin ay ang sarili ko kung bakit ko lagi siyang nilalayo.

Tapos ngayong sasabihin ko na ang nararamdaman ko, wala akong karapatan na magalit at sampalin siya.

Pero bakit kahit wala akong karapatan, hindi ko mapigilan ang sarili ko.

Nakatulog ako nang nag-iisip at umiiyak ako.

At nagising ako nang sobrang sakit ng ulo ko pero mas masakit pa rin ang nararamdaman ko.

Nabuksan ko na yung pinto at lalabas na sana nang marinig ko si Kuya na may kausap sa cellphone niya siguro.

"Ey Ey! Ayoko rin namang masaktan si Little Princess at alam kong ayaw mo ring masaktan ang kapatid mo"

Ako ba pinag-uusapan nila? Pero sino si Ey Ey?

"Ang gusto ko lang sabihin, bakit hindi na lang natin hayaan yung dalawa"

Dalawa? Sino?

"Okay! Okay! Ikaw naman lagi ang panalo, pero hindi ko papalampasin ang ginawa ng kapatid mo sa kapatid ko"

Binaba na siguro ni Kuya yung tawag dahil nilagay na niya yung phone niya sa balsa ng pants niya.

Pero may kakaiba kay kuya, bakit parang ang saya-saya niyang kausap yung Ey Ey?

At sino ba yun?

Pumasok na si Kuya sa kwarto niya at kinuha ko na yung chance para iminom ng tubig.

Nagulat ako nang biglang magbukas ang pinto ng bahay at mas nakakagulat ay kung sino ang pumasok ng bahay namin.

Pano siya nakapasok at bakit nandito siya.

"Let's talk"

Now? He's commanding me like a slave.

"Why are you here"



"To explain everything to you"

"I don't need your explanation"

Naninikip ang dibdib ko.

Alam kong lalabas na naman ang mga traydor kong luha.

Bear a little more, Kyle! Kaya mo yan.

Naglalakad na ako sa stairs.

Kaya mo yan Kyle, konting tiis na lang makakapasok ka na sa kwarto. Konti na lang makakaiyak ka na sa kwarto mo.

Bigla akong hinawakan ni gag\* sa kamay ko.

"Please, I'm begging you. Just this one last time"

Argh! nangingilid na yung luha ko.

Kailangan kong maalís ang hawak ni gag\*.

"ARAY!!!" sigaw ni gag\* matapos kong apakan ang paa niya.

Papasok na ako nang buksan ni Kuya ang kwarto niya.

"Kyle ano yan-- Ciro?", nakita ako ni kuya at napatingin siya kay gag\*

"Nathan, please I just want to talk with Loves"

Tumingin sakín si Kuya atsaka tumingin kay gag\*.

"Okay, but before that. Can I have a little chat with you?", tanong ni Kuya kay gag\* pero iba ang tingin nito kay gag\*, para niya itong papatayin.

Bumaba si Kuya at hinatak si gag\* papunta sa Garden sa likod ng bahay namin.

Tumulo na naman angh mga luha ko.

Pumasok na ako sa kwarto ko bago pa sila bumalik at makita akong umiiyak.

Pagkasarado ko nang pinto ko ay tuluyan nang kumawala ang mga luha na kanina ko pang pinipigilan.

\*sob\*\*sob\*

Napaupo na lang ako sa likod ng pinto ng kwarto ko.

\*sob\*\*sob\*

5 minuto na ang nakakalipas at pinupunasan ko pa rin hanggang ngayon ang luha ko.

Napatigil ako sa pagpupunas nang tinawag ako ni Kuya.

Kinatok din niya ang pinto ko.

"Kyle, you don't need to believe every words that he's going to say. Just listen to him, then you'll feel if he's true to his feelings or if it just a joke!"

"....."

"I'm telling you this, because I don't want to happen the same thing that happened to someone I know"

"....."

"It's just a short story, but its ending is not one of those Happy ending. The story starts with a boy, playboy siya katulad ng mahal mo ngayon pero biglang nagkaroon ng turn of events sa buhay niya he unexpectedly met a girl, maganda, maputi, matalino, at matapang. Inisip nang lalaki na katulad lang siya nang mga naging girlfriend niya kaya hinalikan niya ito bigla sa harap ng maraming tao pero nagulat siya ng suntukin siya nang babae sa mukha at sipain ang kanyang 'Little JR.' sa baba", tumawa si Kuya, hindi ko alam pero parang damang-dama ni Kuya yung kwento.

Nanahimik pa rin ako dahil gusto kong makinig ang kwento ni Kuya.

"Dun niya nalaman na iba yung babae at naramdaman niya sa sarili niya na 'siya na ang babae para sakin' kaya ginawa niya ang lahat para mahakin din siya nito pero hindi ito nangyari, nanatiling matigas ang puso nang babae sa lalaki. Bakla man pakinggan pero sumuko yung lalaki"

Nararamdaman ko na yung kwento ni Kuya.

"Pero ang masakit nun, nalaman nang lalaki sa kaibigan nang babae na sasagutin na pala dapat siya nang babae nung araw na tumigil siya at sumuko siya. Dun nagtapos ang kwento nilang dalawa".

Bakit hindi agad sinabi nung babae yung nararamdaman niya. Ang tanga naman niya.

"Siguro iniisip mo na 'Bakit hindi agad sinabi nung babae yung nararamdaman niya. Ang tanga naman niya'. Pero Little Princess, hindi ba parang ganon din yung nangyari sa'yo"

Napatigil ako sa sinabi ni Kuya.

He's right. Parehas kami nung babae, hindi namin sinabi ang nararamdaman namin kasi--kasi natatakot kami parehas.

"Pero ang pinagkaiba sa story niyo, iba si Ciro sa lalaki sa kwento dahil hanggang ngayon hindi siya sumuko para sa'yo"

My brother really knows how to make me realize things that I don't see and appreciate.

"Nasa sa'yo na kung gusto mong maging ganon ang ending niyo o hindi"

"....."

"Nasa baba siya at papaakyat ko dito"

"....."

"one more thing Little Princess 'I can feel that just like the boy in the short story, Ciro thinks that you are already the right one for him'".

S-si gag\*? He thinks that I'm already the right girl for him?

Bakit kayang-kaya ako ni Kuya paiyakin.

Tumulo na naman yung luha ko.

My brother is really bad!

\*sob\*\*sob\*

Naramdaman kong may umaakyat na sa Stairs at tumigil siya sa tapat ng pinto ko.

Itinigil ko ang paghikbi ko dahil ayaw kong malaman niya na naiyak ako.

"Loves..."

Bumilis ang pagbagsak ng mga luha ko nang marinig ko ang boses niya at ang salitang 'Loves'

Naramdaman ko na sumandal din siya sa pinto.

Nakinig ko na bumuntong-huminga siya.

"Ayaw ko sanang sabihin pero gusto ko na kahit ito na lang yung malaman mo bago mo ilayo ang sarili mo sakín, kontento na ko"

".....", nanatili akong walang imik.

"ahhh D.MN IT! Ciro, kaya mo yan", narinig kong bulong niya sa sarili niya.

Hindi ko alam pero natuwa ako nang marinig ko siyang kausapin ang sarili niya.

Nahihirapan din pala ang lalaki na maglabas ng gusto nilang sabihin.

"Playboy ako"

Alam ko.

Tumutulo ang luha ko pero tinatakluban ko ang bibig ko dahil ayaw kong marinig niya ang hikbi ko.

"Mahilig kong paglaruan ang nararamdaman ng babae"

Alam ko rin.

Pero bakít kailangan mo pang sabihin?

Mas nasasaktan ako.

"Hindi ako nagseseryoso"

Tatayo na sana ako ulit dahil ayaw ko nang marinig pa ang mga sasabihin niya.

Pero nagulat ako sa kasunod niyang sinabi.

"Mahal Kita... Kyle... Loves"

Hindi ko napigilan, may isang hikbing kumawala nang marinig ko yun.

"Alam mo ba, matagal na kitang kilala nahihiya lang ako sa'yong lumapit dahil alam ko ang iniisip mo pagdating sa mga lalaki"

"...."

"Kaya naman gumawa ako nang paraan, 2nd Year ako kasama ko si Chiron at nakita namin ang kaibigan mo na si Claire. Dahil wala akong lakas ng loob na lumapit sa'yo kaya pinakausap ko si Chiron kay Claire na makipag-groupdate at dun na nga sa groupdate natin officially nakita at nakilala ang isa't-isa."

(A/N: Sa mga hindi po nagbasa ng My Double Prince, una pong nagkita sina Ciro at Kyle sa isang groupdate na in-arrange nina Chiron at Claire at dito rin nagkakilala si Chad at Chloe)

Ibig sabihin, hindi co-incident na nakita lang ni Chiron si Claire, kung hindi pinilit niya si Chiron na lumapit kay Claire para makilala ako.

May part sa sarili ko na masaya pero hindi pa rin mawala sa isip ko yung nakita ko, ang sakit na makita siyang nakikipaghalikan sa iba kahit na sabihing wala kang karapatang masaktan.

"Alam kong iniisip mo pa rin yung nakita mo, at hindi ko itatanggi ang nakita mo"

Kumirot ang puso ko nang marinig ko mula mismo sa kanya yun.

"Pero, please let me explain"

>Ciro's POV<

"Pero, please let me explain"

>FlashBack (Bago makita ni Kyle si Ciro na nakikipaghalikan)<

"Hoy Ciro! kanina ka pa namin tinatawag! Ano bang iniisip mo o baka naman SINO ang iniisip mo?", si Nikko.

Pero hindi ko siya pinansin.

Nagpatuloy ako sa paglalakad ko sa corridor.

Hindi ko pa rin alam kung ano ang gagawin ko, p\*nyeta namang buhay to oh! Ano bang dapat kung gawin?

"D.MN", napabulong na lang ako sa sarili ko.

Nagpakita na naman ako nang kahinaan ko kay Loves.

Hindi ko rin alam kung ano ang iisipin ko sa sinabi nung mokong na yun.

They are already engaged? +\_+" Ang sarap lang pumatay OO!

Nagulat na lang ako nang biglang may mga kamay na pumulupot sa katawan ko galing sa likod.

"Love---", napatigil ako nang makita ko kung sino ang nakapulupot sakin.

Si Sweetie, tanda nyo pa ba siya EX ko (refer to Chapter 3)

Matagal ko na ring hindi to nakakausap kahit na dito rin siya nag-aaral.

"Hon, your spacing. Is something wrong?"

Tinatanggal ko ang pulupot ng kamay niya sa katawan ko pero malagkit pa siya sa makating dikya.

"n-nothing! nothing's wrong"

"gawa ba dun sa babaeng yun?"

Hindi ko alam pero biglang nag-init ang dugo ko.

No one dares to be little my princess.

Okay lang na sabihan niya kong walang kwentang lalaki pero ang idamay niya si Loves at ang nararamdaman ko kay Loves. -\_\_\_-+++

Tinanggal ko nang malakas ang kamay niya at this time natanggal ko ito.

"You really changed, huh?"

"Shut Up!"

"But she doesn't suit you! And if the time comes that you realize it just call me"

"SHUT UP, WILL YOU?"

Anong ibig niyang sabihin na hindi kami bagay.

Hindi ko pa nasusubukan na manakit nang babae, meron akong respeto sa kanila pero iba na kapag nilalait ang mahal ko.

"Okay, I'll zip my mouth but before that I want to tell you that" nilapit niya ang bibig niya sa tenga ko "Your still as HOT as ever".

Naglakad na ko pero nagulat ako nang bigla niya akong iharap sa kanya at mas nagulat ako nang gawin niya ang bagay na yun sakin. o.O"

SH.T! She kissed me. This B.TCH!

Nakita ko ang pagkagulat nang mga tao.

I tried to push her pero biglang nawala ang lakas ko nang makita ko na nakatayo si Loves sa harap namin habang hinahalikan ako nang ibang babae.

SH.T!

Kusang lumayo ang babaeng higad at tinapik ang mukha ko nang mahina.

"Your such a good kisser, thank you! and please, consider my offer", tsaka siya ngumiti nang pang-asar at umalis.

Alam niyang nandito si Loves kaya niya ginawa yun.

Hindi ko nagustuhan ang expression ni Loves.

May galit, lungkot at sakit ang nakita ko sa kanya.

"Lo-Loves, le-let me explain"

Biglang tumalikod si Loves at may parang pinunasan siya sa mukha niya atsaka siya tumakbo.

Mas masakit palang makita na umiiyak siya kesa malaman na engaged siya.

Tumakbo ako nang napakabilis, wala na kong pakialam basta kailangan ko siyang makausap at yun lang ang alam ko.

At nang yari na ang eksena sa tapat ng cafeteria.

>End of FlashBack<

>Kyle's POV<

Nakinig ko na ang totoong nangyari.

Alam kong dapat masaya na ako, pero bakit hindi ko makita sa sarili ko ang sayang yun.

Bakit ngayon may nararamdaman pa kong sakit at lungkot?

Naalala ko ang sinabi ni Claire sakin 'kapag nagmahal ang isang tao, laging kasama nito ang sakit at lungkot kaya dapat handa tayo'.

Handa na ba ako na maramdaman lagi yung sakit na nararamdaman ko ngayon.

"Answer me straight-forwardly, are you willing...

..to be my girlfriend"

Bumilis ang tibok ng puso ko sa kung anong dahilan.

"Kyle?"

Gag\*...

"Gag\*, I'm sorry"

I heard him sighed.

"I knew it. Sinubukan ko lang naman kasi wala namang mawawala eh pero it turns out na ganon pa rin talaga ang kakalabasan", malungkot niyang pagakakasabi.

Hindi ko alam pero yun ang unang lumabas sa bibig ko.

Sorry kasi ang hina-hina kong tao.

Sorry kasi tako akong masaktan.

Sorry kasi sa tingin ko hindi ko kaya na laging maramdaman yung sakit na nararamdaman ko ngayon.

"Then maybe it will be the last time na magkaka-usap tayo nang ganito"

Naramdaman kong tumayo na siya sa pagkakasandal niya sa upuan.

"I Love You, Bye"

\*sob\*\*sob\*

\*sob\*\*sob\*

Kyle...

..ikaw ang isa sa pinaka-tangang tao.

Rinig ko na bumaba na siya sa stairs.

"Nakausap mo ba siya", boses ni Kuya.

"OO, pero wala pa rin ata eh", si gag\*

"baka kailangan niya munang mag-isip"

Rinig ko na nag-uusap ang dalawa pero nasa baba na sila.

Sumilip ako sa bintana ng kwarto, nakita ko ang pag-alis niya.

Sorry... Ciro...



>April's POV<

Ano ba naman tong kapatid ko.

Kahapon umuwi nang may 2 pasa sa mukha.

Tinanong ko kung kanino galing, sabi yung isa sa schoolmate daw niya dahil nakipag-suntukan siya.

At yung isa naman ayaw niyang sabihin.

Pero kahit hindi niya sabihin alam ko na kung kanino galing ang pasa na yun.

At hindi ko mapapatawad ang lalaking yun. -\_\_-+++

Sino siya para suntukin ang kapatid ko.

Yari ka saking lalaking napakayabang kapag nagkita tayo.

And back to my little brother.

Ngayon naman tong kapatid ko hindi ko na alam ang gagawin ko.

"Are you sure na gagawin mo yan?"

"OO, sorry! Pero mas mabuti na siguro tong ganito"

Kita ko pa rin sa mukha niya na nasaktan siya at hanggang ngayon ay patuloy na nasasaktan.

Pumunta siya kina Kyle kahapon kung tama ako.

At dun din niya nakuha yung isa niyang pasa.

"Pero..."

"Okay lang ako, mas gusto ko na medyo lumayo muna. Para sakin at para sa kanya"

Naiintindihan ko kung ano ang nararamdaman niya.

"Okay lang ba sa'yo yung ganito?"

He sighed.

"Nangako ako eh, na kahapon kung hindi pa niya ko matatanggap at ayaw niya na kong makita pa. Ako na yung kusang gagawa ng paraan para hindi na kami magkita"

What makes him think na ayaw na siyang makita ni Kyle?

"Nandon na rin si mom at alam kong matagal na niya kong gustong sumunod sa kanya, hindi ba tama lang ang desisyon ko"

Tama nga ang desisyon niya, pero nakikita ko na hindi ito ang makakapagpasaya sa kanya. Kaya lang desisyon niya na to' bawal na kong makialam.

"Kailan ang alis mo?"

"Bukas"

"What?!" o.O"

"Ayoko nang patagalin pa eh"

"Pero para namang masyadong mabilis, pano ang schooling mo dito?"

"Principal ka, kaya mo na yun!"

- \_\_\_\_ - My little brother, binigyan na naman ako ng pasanin na problema.

"Alam ba ni Kyle?"

"Hindi. Pero alam ko namang matutuwa yun kapag nalaman pa niya eh at ayokong makita na masaya siya habang umaalis ako. Ano ko masokista?" Tumungo siya "Wala eh, kinarma ako katulad nang sinabi mo dati"

\*sigh\*

Pinaalis na niya ko sa kwarto niya.

Tutulog na daw siya dahil aalis na daw siya bukas at kailangan niyang magpahinga.

Dati, ayaw niyang maniwala sa mga sinasabi kong karma pero ngayon siya na mismo ang nagsasabi sa sarili niya na kinarma nga siya.

Nakakaawa ang kapatid ko. Minsan lang magmahal ng totoo pero sawi pa.

May naisip ako.

Sorry little brother, pinagsabihan mo ko na bawal kong sabihin kay Kyle pero wala kang sinabi na bawal kong sabihin sa mga kaibigan niya.

Pumunta agad ako sa mini-office dito sa bahay at hinanap ko ang number ng kaibigan ni Kyle.

At nakita ko naman ito agad kaya tinawagan ko.

"Hello sino po ito?", sabi ng babae sa kabilang linya.

"Ito po ba si Claire?", tanong ko.

"Opo, sino po ito?"

"Si Ms. Aquin ito, kapatid ni Ciro?"

"Mam? Ay! Bakit po kayo napatawag?"

"Di ba kaibigan ka ni Kyle?"

"Opo. Bakit po?"

"Yun kasing kapatid ko eh"

..sorry Little Brother..

>Kyle's POV<

Umaga na.

Ang sakit ng ulo ko kaiiyak kagabi.

Wala pa rin akong kinakain.

Patayo na ako sa kama ko nang biglang umikot ang paningin ko.

Napahawak ako sa table na katabi nang kama ko.

Pero biglang nanghina ang katawan ko kaya natumba ako nang tuluyan pero nadanggil ko yung vase sa table kaya nahulog din ito.]

Ang sakit nang pagkakabagsak ko.

Narinig kong may nagmadaling pumunta sa pinto ng kwarto ko.

"Little Princess, ano yan ayos ka lang ba?"

Hindi ako makasagot.

"Little Princess?!", patuloy pa rin siya sa pagkatok.

Humawak ako sa upuan sa tapat ng table para tumayo pero natumba lang ulit ako pati ang upuan.

"Little Princess!", lumalakas na ang pagkatok ni Kuya.

Sinipa na niya ang pinto hanggang masira ito at mabuksan niya.

"Little Princess!!", tumakbo siya palapit saakin.

Then after that, everything turns black.

>Claire's POV<

Kahapon ko pa tinatawagan si Kyle pero hindi siya sumasagot hanggang ngayon.

Tumawag saakin si Mam April kahapon, kapatid ni Ciro at principal namin.

Kyle, please! Answer the phone.

Hanggang ngayon dina-dial ko ang number ni Kyle pero walang sumasagot.

Mala-late na ko't lahat pero hindi ko pa rin siya ma-contact.

Nasa bahay pa rin ako hanggang ngayon.

"Mam Claire, nasa baba na po si Mam Chloe", sabi ni manang.

"sige po, bababa na po ako"

Bumaba na ako sa sala at nakita ko nga si Chloe.

Tinawagan ko siya kasi mahalaga ang bagay na to para kay Kyle.

"Na-contact mo na ba si Kyle?", tanong niya.

"Hindi pa nga eh, hindi sumasagot eh"

"Try mo ulit!"

"Eto na nga di ba"

Paikot-ikot kami ni Chloe sa bahay hanggang may sumagot sa cellphone ni Kyle pero lalaki.

"Hello sino po ito?", tanong ko.

"Ah kapatid to ni Kyle"

Si Kuya Nathan? Ang gwapo-gwapo kaya ng kapatid ni Kyle, kinikilig tuloy ako.

"Na-contact mo na? Na-contact mo na?", si Chloe na nagtatatalon pa.

"OO, wag kang maingay, shhh!!", sinenyasan ko na tumahimik si Chloe.

"Kuya Nathan, si Claire po ito"

"Oh Claire! Bakit ka napatawag?"

"Pwede po bang makausap si Kyle?"

"Claire kasi.. si little princess, nandito ngayon sa ospital eh", malungkot na sabi ni Kuya Nathan.

Halos mahulog ko na yung cellphone ko sa narinig ko.

"Nahimatay kasi siya kanina"

"Saang ospital po yan Kuya?"

"MGC Hospital"

"okay po!"

"Chloe bilis!"

"San tayo pupunta?"

"Sa MGC Hospital, naka-confine si Kyle"

"What?"

"Tara na!"

Tinawag ko si manong driver at malapit na kami sa MGC.

Ano ba naman to!

Nahimatay si Kyle at paalis na si Ciro.

Kailangan mapigilan ni Kyle umalis si Ciro.

Kinakabahan na ko sa mga nangyayari sa dalawa eh,

Kyle, please be safe.

Ciro, please wait for Kyle.

>Kyle's POV<

"Pressure, stress, pagod at hindi pa kumakain. Nagsama-sama sa kanya yan nung mga nakaraang araw kaya nag-breakdown ang katawan niya.", paliwanag nang doktor kay Kuya.

Tumingin sakín si Kuya pero umiwas ako ng tingin sa kanya.

"Sige po, maiwan ko na po kayo", sabi ng doctor at umalis na nga siya.

Umupo na ulit si Kuya sa tabi ko.

"Pinapahirapan mo sarili mo"

Hindi pa rin ako nakatingin sa kanya.

"Bakit ka ganyan? Hindi lang sarili mo ang nahihirapan pati na rin ang mga nagmamahal sa'yo"

"Sorry Kuya", tumingin na ko kay Kuya pero hindi ko na naman mapigilang umiyak.

"Shhh.. Tahan na Little Princess, tumawag nga pala sina Claire kanina. Nakita ko yung phone mo sa bulsa mo kaya sinagot ko na. At sinabi ko na nandito ka"

"Sinabi mo?!"

"OO, kaibigan mo sila kaya may karapatan silang malaman"

"hindi yun Kuya! kasi kapag nalaman nila na nandito ako"

Biglang bumukas ang pinto at pumasok na nga po ang dalawa.

"Ayos ka lang ba Kyle?"

"May Cancer ka ba? Anong stage?"

"wAAAAa Hindi ko kayang mawala ka Kyle", TToTT

...Ayokong malaman nila na nandito ako kasi kapag nalaman nila ganyan na ganyan ang reaksiyon na makikita at maririnig ko.

Pero napatawa nila ko kahit na ang sama-sama ng pakiramdam ko ngayon.

Bigla namang tumingin ang nagbibiro kaninang si Claire sa wristwatch niya at parang nanlaki ang mata nito.

"Kyle! Tumayo ka na diyan! Bilis", bigla naman akong hinawakan sa dalawa kong braso.

"bakit?"

"Kyle! Kaya mo bang mawala ang mahal mo nang tuluyan?"

"What?"

"Sumagot ka"

"H-Hindi!"

"Kaya mo bang hindi na siya makita?"

"Hindi"

"Masaya ka ba kung aalis siya"

"Hindi"

"Puwes tumayo ka na diyan!"

"bakit ba?"

"Dahil aalis na ang taong mahal mo, pupunta na siyang Italy at ngayon ang flight niya", sabay na sabi ng dalawa.

S-si G-gag\*?! Aalis? Papuntang Italy.

Bakit hindi niya sakín sinabi.

"Wala nang oras para mag-isip! tara na! isang oras na lang ang natitira!"

Tumingin ako kay Kuya pero tumungo lang siya.

Nakapang-Patient Gown pa ko pero wala akong pakialam.

Nakasakay na kami sa sasakyan nina Claire at papunta na kaming airport.

Italy? Hindi ko kayang umalis siya.

Ayoko! Ayoko!

Gumawa na ko ng desisyon pero bakit nung nalaman kong aalis na siya bakit hindi ko magawang panindigan ang desisyon na yun.

Ang laki mong T.NGA Kyle! Bagay talaga kayo ng gag\* mo.

Intayin mo ko gag\*. Please!

30 Minutes na lang ang natitira at medyo malayo pa kami sa airport.

Naaalala ko lahat ng ginawa niya.

---

Nung nasa 'Brave Adventurer Park' kami.

*"makinig ka ha?"*

*napatingin ako sa kanya nang sabihin niya yun.*

*bababa na kasi kami sa 10th floor.*

*"1...2...3...SAY!.."*

*Eto na!*

*"Rappelling!"*

*At nagpahulog na nga kaming dalawa.*

*"Kyaaaaah ^()^ Rappellingggggg!!!!!!", nakamulat ako habang nasigaw.*

*Napatigil ako sa pagsigaw nang.*

*"KYLE CASTRO!!!! MAHAL KITAAAAA!!!!!!!!!!!!" o.O*

----

Nung nakulong kami sa lumang bodega.

*"sorry", nagulat ako nang basagin niya ang katahimikan.*

*"para san?"*

*"kanina."*

*"Ok"*



*"galit ka ba?"*

*"hindi?"*

*"magagalit ka ba kung...", napakamot siya sa ulo niya.*

*"magagalit ba ako kung ano?"*

*"Kung... Kung... Kung..."*

*"Kung ano?!?! Gag\* magsalita ka nga---"*

*Naputol ang sasabihin ko.*

*Naramdaman ko na lang ang isang mainit na bagay na nakadampi sa labi ko.*

*Nagdikit ang labi niya at ang labi ko.*

*May kung ano sa loob ng katawan ko na gustong lumabas.*

*Parang fireworks na puno ng butterflies ang gustong kumawala sa katawan ko.*

*Yes! He kissed me.*

----

*Nung hinahabol kami.*

*"Ang B.I. mo", sabi ko sa kanya.*

*"Best Influence", siya sabay tawa.*

*"para kang bata", bulong ko.*

*"ano?"*

*"panget mo sabi ko"*

*"panget ako?! samantalang kanina inaamoy-amoy mo pa yung likod ko habang natakbo ako at nasa likod kita"*

*o.O*

*"What?! Hindi no?! Kapal mo", hinampas ko siya sa braso niya.*

----

Nung nagsayaw siya nang 'dougie'

"Sasayaw na yan! Sasayaw na yan!", yan naman ang sinisigaw ng mga tao.

Grabe! Mamamatay na siya sa sobrang pula.

At hanggang ngayon naka-pouty lips pa rin siya (=3="

Bigla na lang may tumunog na Cellphone at ang nakakatawa ang tugtog nila ay 'Teach me How To Dougie'.

"sabi nang hindi ako marunong sumayaw eh", si gag\*.

Ititigil na sana ang tugtog nung nagpatugtog, pero nagulat kami nang sumayaw si gag\* sa harap namin at nag-dougie.

(o.O)" --> >.<" --> (\*Q\*)

Bakit ganon? Bakit siya ganong sumayaw?

Nang-aakit ba siya?

Palapit siya nang palapit sakin pero nagdo-dougie pa rin siya.

>////< Grabe! Ang bilis ng tibok ng puso ko.

----

Gag\*, yan ba yung ibig sabihin mo na yun na yung huli nating pag-uusap.

Gag\* alam kong unfair ako pero para namang ang unfair mo rin kung iiwan mo ko.

Hindi ko naman hiniling na umalis ka eh.

Hindi rin ako magiging masaya kung aalis ka.

15 Minutes na lang pero medyo malapit na kami sa airport.

Dumating kami sa airport ng saktong 9:51 am.

Gag\* nasan ka na?

Tumakbo kaming 3 sa loob ng airport kahit na alam kong mahina pa ang katawan ko.

Ang daming nakatingin sakin, alam ko dahil sino ba naman ang hindi pagtitinginan kung nakasuot ka nang Hospital Gown.

Nagtanong agad si Claire sa stewardess kung saan makikita ang mga paalis papuntang Italy.

Pero baka daw nakapasok na sila sa corresponding plane dahil 5 minutes na lang ay aalis na ito.

Pinupunasan ko ang mga luha ko.

Bigla akong tinayo ni Chloe.

"Wag tayong mawalan ng pag-asa"

Kaibigan ko talaga sila.

"KYLE!! CHLOE!!"

Bigla kaming napatingin kay Claire na tinatawag kami.

Lumapit naman agad kami sa kanya.

"Kyle! nakita ko na si Ciro!!"

"Saan?"

"Ayon!", may tinuro siya at tama nga siya.

S-si gag\*.

Tatakbo na sana kami pero biglang may humarang na security samin.

"Manong, baka naman po pwedeng palampasin niyo kami! kailangan lang namin maabutan yung lalaki na yun"

"Naku! Sorry po pero yun po ang patakaran dito, mga magbo-board na lang po ang pwede dito"

Hindi ko mapigilang umiyak.

Gag\*.

Nasa escalator na siya, paalis na siya.

I gathered all of my strength kahit na hinang-hina ako.

"GAG\*!!!! MAHAL KITA!!!", pero kahit na isigaw ko pa ang nararamdaman ko, hindi niya yun narinig dahil naka-earphone siya.

After kong sumigaw.. \*Boogsh\*

"Oh My Kyle!!", lumapit sakín sina Claire at Chloe.

Is this the END?

At puros dilim na lang ang nakita ko.

...gag\* goodbye!

(A/N: Minsan sa pag-ibig kung sino pa ang matatawag na Player at sanay magmahal, siya pa yung natatalo. Masakit man pero kailangan nating tanggapin. Minsan naman kung sino pa yung hindi akalaing magmamahal, siya pa yung mas nasasaktan. Lahat tama, lahat balanse.)

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

Next Chapter > I Lose!

#krix08 >> The Boyish Princess Met The Bubbly Prince

## Chapter 10

>Claire's POV<

Pagkatapos sumigaw ni Kyle, nawalan ulit siya nang malay.

Tinulungan kami ng ibang security sa airport para dalhin siya sa sasakyan namin.

Maayos ang lagay niya, pero nang nagising siya hinanap niya si Ciro pero hindi kami makapagsalita.

Naiyak na lang siya.

Umuwi na rin siya sa bahay nila nun.

Madalas namin siyang dalawin, isang linggo na nang umalis ang mahal niya.

Hindi kami nagtagumpay para pigilan si Ciro na umalis.

Hindi kami nagtagumpay para ipaglaban ni Kyle ang nararamdaman niya.

Wala kaming pwedeng sisihin, dahil pagdating sa Love minsan kahit sino ang Player, siya pa ang natatalo.

Kahit sino pa ang ayaw magmahal, siya pa yung mas nasasaktan.

Wala kaming magawa kapag nakikita namin si Kyle na nakatulala pero alam naming pinipilit niyang maging masaya para ipakita samin.

Isang linggo pa lang ang nakakalipas pero tuwing kasama namin si Kyle, pakiramdam namin isang buwan na dahil hindi kami sanay na pekeng ngiti ang pinapakita niya.

Si Kuya Nathan ang laging nasa tabi ni Kyle kapag papasok kami ni Chloe, hindi pa rin napasok si Kyle.

Pero wala naman daw problema kasi nakausap na ni Kuya Nathan si Mam April, yung principal namin.

>Kyle's POV<

"Little Princess, haist andyan ka na naman ano? Bumaba ka na!", sigaw ni Kuya na nasa 2nd floor.

Nasa 3rd floor ako, nandito na naman ako sa bubong nang bahay namin.

Pinagmamasdan ang buwan habang iniisip siya.

Mahigit isang buwan na rin pala ang nakalipas.

Ang daming na palang nangyari.

Pero ngayon.. wala na siya.

\*sigh\*

Bakit ba ako nagkakaganito.

Noon nga hinihiling ko na sana mawala siya pero nitong wala na siya, hinahanap ko naman siya.

Pinipilit kong ngumiti at maging masaya sa harap ng iba pero iba pa rin kapag nag-iisa na lang ako.

Bakit sa ibang movie at kwento laging naabutan ng tao yung mahal nila sa airport pero bakit hindi ganon yung nangyari satin?

Gag\*, I miss you.

Bumaba na ako para hindi na ako tawagin ulit ni Kuya.

Minsan nahihiya rin ako kay Kuya na ipakitang nalulungkot ako, kasi alam kong ginawa niya lahat para samin ni gag\* pero pinabayaan ko lang.

Nasa 2nd floor na ko at mag-aayos na ako dahil may practice pa ako at may pasok rin.

Ngayon ako unang papasok, dahil na rin sa masyado daw akong napagod nung mga nakaraang araw kaya hindi na muna ako pinapasok ni Kuya.

Pero inaabangan pala ako ni Kuya sa labas ng kwarto ko.

"Kuya!", tawag ko sa kanya habang nakangiti.

"Buti bumaba ka na"

"bakit anong kailangan mo Kuya?", nakangiti pa rin ako.

"Maskara mo itago mo"

"Maskara?, anong sinasabi mo Kuya?"

"Alam mo ang ibig kong sabihin"

Papasok na sana ako ng kwarto ko pero hinawakan ako ni Kuya sa braso ko.

"Look at me, Little Princess"

"kuya, papasok na ko! maliligo na ko", pilit kong tinatanggal ang kapit niya sa braso ko pero hindi pa rin ako natingin sa kanya.

Hinarap niya ako sa kanya pero tinatakluban ng buhok ko ang mukha ko.

Nilagay niya sa likod ang mga buhok ko na nakaharang.

"Kuya, sorry!! sorry!!", naiyak na naman ako at sa harap pa ni Kuya.

"Okay lang yan little princess, mahal kita kaya hindi mo kailangang mag-sorry! At hindi mo rin kailangang itago sakin na nasasaktan ka", hinihimas niya ang likod ko habang nakayakap ako sa kanya.

Kuya, salamat dahil lagi kang nandyan.

Salamat.

Pumasok na ako sa kwarto ko, naligo, nagbihis at nag-ayos para sa practice.

Lalabas na ako nang mahukli ko ulit si Kuya na may kausap sa cellphone niya.

"Ey Ey! Sorry, oo nasasaktan din yung kapatid ko. May balita ka ba sa kapatid mo? Huling beses ko nang manghihimasok sa kanila. Kapag wala pang nangyari, titigilan na natin to, okay?!", nakita ko si Kuya na may hawak na passport.

Passport? Aalis si Kuya? San siya pupunta.

At sino ba yung Ey Ey? Dalawang beses ko nang nahuhuli si kuya na nakikipag-usap sa kanya eh.

"Mangako ka rin sakin Ey Ey! Kapag hindi pa naging maganda ang resulta nito ay titigil ka na rin? Okay?"

"Sige na, ay oo nga pala Ey Ey! may nakalimutan akong sabihin"

"I Love You! hahaha"

o.O" Nagulat ako nang marinig ko si Kuya na mag-I love you.

May nililigawan ba siya? o baka naman sila na nung ey Ey?

"Oh! wag kang magalit, wala bang I Love You too? hahaha"

Nilagay na ni Kuya yung phone niya sa bulsa niya.

Saka ako tuluyang lumabas ng kwarto ko.

"Kuya may nililigawan ka ba?"

Hindi ko alam kung saan siya nagulat, sa biglang tanong ko ba o sa tanong ko mismo.

"A-ah, eh n-narinig mo ba Little Princess?"

"O kayo na nung Ey Ey?"

Bigla namang namula si kuya.

Hahaha, si Kuya namumula? That Ey Ey is really something.

Siguro maganda siya.

"Atsaka aalis ka ba? bakit may passport ka?"

Bigla naman niyang tinago yung passport niya.

"Naku! Hindi! May nagpaasikaso lang nitong passport"

"ahhhh!! sige kuya, alis na ako may practice pa ako eh"

"hatid na kita sa school"

"ha? bakit?"

"ibibigay ko yung pass-- i mean yung excuse letter mo ng isang linggo sa principal niyo"

"okay"

Bababa na ako nang may narinig akong binulong ni Kuya.

"hindi ako ang aalis kasi ikaw ang aalis"

Pero baka mali lang yung pakinig ko kaya hindi ko na tinanong kay Kuya kasi wala naman akong pupuntahan kaya bakit ako aalis? At saan naman ako pupunta kung aalis man ako.

At katulad ng sinabi ni Kuya siya ay maghahatid sakín sa school.

-----



Tapos na ang practice at nagbibihis na ako sa Changing Room.

"iba ang laro mo ngayon, may problema ba?", tanong ni Mr. Yo

"a-Ah! wala po"

"lovelife ba yan? Ayusin mo nang mabuti yan, maraming maaapektuhan kapag hindi mo inayos yan pati laro mo madadamay"

"sige po, sorry po"

"sigena, pumasok ka na muna!"

Ganon na ba kahalata ang problema ko na kahit ibang tao ay napapansin.

Pero, pano ko nga ba aayusin kung nawala na nga siya.

pano ko aayusin kung iniwan niya ko?

Naglalakad na ako papasok nang biglang may humarang sakín na lalaking medyo may edad na.

"Sumama ka sakín, pinapatawag ka ng principal"

Ito siguro yung bagong secretary ng principal.

"ha? Baki---"

Hindi na niya ko pinatapos magsalita dahil hinila niya na ako papunta sa office ng principal, si ate april!

Ang tagal ko na siyang hindi nakikita, siguro galit din siya sakín dahil sa ginawa ko sa kapatid niya.

Kumatok yung secretary sa pinto ng office ni Ate April!

"Nandito na po si Ms. Castro, mam!"

"okay! pasok!"

Pumasok naman kami nung secretary.

Nakita ko si Ate April!

Ang ganda pa rin niya, at parang bata pa rin pero fierce nang expression niya ngayon.

Galit nga siguro siya sa ginawa ko.

"Twan mo muna kami", sabi niya sa secretary at umalis naman ito.

Kaming dalawa na lang dito sa loob ng office niya.

Hindi nagbago ang expression niya, halata mong galit siya.

Naglakad siya nang mabilis palapit saakin at tinaas niya ang kanyang isang kamay.

Pinikit ko ang mga mata ko.

Okay lang na sampalin ako ni Ate April!, alam kong dapat lang yun kasi sinaktan ko ang kapatid niya.

Pero ang inaasahan kong isang sampal ay hindi ko nakuha dahil isang napakahigpit na yakap ang binigay niya saakin!

o.O" eh? hindi siya galit?

Pero bakit?

"Help me Kyle, I beg you! Ikaw lang ang makakapilit sa kapatid ko! Ikaw lang at wala nang iba pa!"

"po? bakit po? Ano pong meron kay ga--Ciro?"

"Yung kapatid ko, ayaw niyang magpa-opera"

Bigla akong kinabahan sa sinabi ni Ate April.

Opera? Si gag\* bakit?

"M-magpa-opera po? A-ano pong nangyari kay gag---Ciro?"

"2 days after niyang dumating sa Italy, lumala ang sakit niya. Nung una nagpatingin siya at lumabas na hindi lang asthma ang sakit niya kung hindi sakit sa puso kaya siya nahihirapang huminga"

Si gag\*? May sakit sa puso?

Bakit siya pa?

O baka naman.

"Ate, wag ka nang magbiro! huli na kita!", tinanggal ko pa ang pagkakayakap ko kay ate at hinarap siya saakin pero naiyak siya.

"Kyle, please! ayaw niyang magpa-opera dahil konti lang ang chance na mabubuhay siya after nito. Sabi niya okay lang daw kahit na kaunting oras basta makasama ka lang niya, babalik daw siya dito whatever it cost kahit buhay pa niya", malungkot habang naiyak na pagkakasabi ni ate april sakin.

Hindi ito isang biro?

"Please Kyle! Hindi pa naman huli ang lahat para sa inyo eh, mas mahuhuli ang mga bagay sa inyo kung hanggang ngayon hindi mo pa rin ipaglalaban yung nararamdaman mo", tinuro ni ate yung left part ng dibdib ko.

"Ito, passport! hindi kita pipilitin, nasa sa'yo na yan kung pupuntahan mo ang kapatid ko at ibibigay mo sa kanya ang pagmamahal mo sa natitirang araw niya o isusuko mo na talaga lahat dahil lang sa takot kang masaktan"

Naiyak na naman ako.

Hindi pa kami nagkaka-ayos ni gag\* pero bakit may hadlang na naman.

Ngayon naman may sakit pa siya?

Bakit ayaw talaga ng tadhana na maging kami.

Natulo ang luha ko habang kinukuha ko ang passport sa kamay ni Ate April.

"Sige po, pupuntahan ko po siya. Ipaglalaban ko po yung nararamdaman ko, at hindi na ako magpapatalo sa mga sakit na nararamdaman ko", sinabi ko sa kanya habang naiyak ako.

"Salamat Kyle! Salamat at minahal mo ang kapatid ko!"

Umalis na ako sa office ni Ate April at nagpasundo ako kay manong driver namin.

Pupunta na ako nang bahay, kailangan ko nang maghanda para sa pagkikita namin nung walang hiyang lalaki na yun.

Sino siya para pabayaang sarili niya dahil wala ako.

Humanda ka sakin.

Hindi sakit mo ang papatay sa'yo kung hindi ako.

Ako at ako lang!!

Wala akong pakialam sa mga sakit na nararamdaman at mararamdaman ko.

Basta Gag\*, be safe.

Lumipas ang isang araw.

Tapos na akong mag-ayos kahit na kaunting gamit lang ang dala ko.

Hindi ko inaasahang papayagan ako ni Kuya.

Palabas na ako nang kwarto nang marinig ko na naman si Kuyang may kausap.

Bakit ba lagi ko na lang siya nakikinig na nakikipag-usap sa phone niya dito sa harap ng kwarto niya.

"OO na, last na to! nangako ka Ey Ey! Okay, ayoko naman siyang payagan kung hindi lang dahil sa'yo. Ikaw na nga ang magaling umarte, kaya mahal kita eh hahahaha"

Wala ako sa oras para intayin si Kuyang matapos makipag-usap kaya lumabas na ako nang kwarto ko.

"Kuya! Alis na ko!", nagulat naman siya at tinago pa ang phone niya sa likod niya.

"Mag-ingat ka Little Princess, please be brave! para sa kanya, NO! Para sa inyong dalawa"

Tumungo ako.

"Kuya, I Love You!", yumakap ako sa kanya.

Niyakap rin niya ako.

"Sige na! Sige na! mala-late ka pa sa flight mo niyan, wag mong ipakita na nasasaktan ka sa harap niya Little Princess dahil kapag nangyari yun, baka pati siya sumuko sa buhay niya"

Alam na ni Kuya ang lagay ni Gag\*, sinabi ko sa kanya.

Tinanggal ko na ang pagkakayakap ko kay Kuya.

At umalis na ako ng bahay...

-----

\*hikab\*

Nandito na ako sa Italy, kabababa ko pa lang ng plane at masakit pa ang ulo ko.

Matagal akong nakatulog.

Pinagmasdan ko ang airport dito.

"È una bella città", italian word na natutunan ko.

It is the compliment for the beautiful Italian city you are in. May maganda rin palang naidudulot ang Italian Subject namin ngayong 2<sup>nd</sup> Year.

Ito rin ang unang lugar na nakita ni gag\* pagdating niya dito.

Gag\*, malapit na ako! Makikita na kita. Magkikita na tayo.

Wag kang sumuko dahil hindi rin ako susuko para sa'yo at para sating dalawa. Kailangan mong mabuhay. Marami pa tayong gagawin nang magkasama.

Pumara ako ng taxi.

"Buon giorno! bella donna!" italian word na ang ibig sabihin ay Hello Beautiful Woman.

"grazie", thank you.

At ibinigay ko ang address na binigay saakin ni Ate April kay manong taxi driver.

Halos kalhating oras din nang makarating ako sa binigay na address ni Ate April.

"Arrivederci", goodbye ang sabi ni manong taxi driver.

Pero nagtataka ako kung bakit sa isang condo hotel ako dinala ni manong taxi driver.

Tiningnan ko ang binigay ni ate april.

Kaparehas nga nang pangalan ng condo hotel.

Pero akala ko ba ay nasa Hospital si gag\*.

May room number na nakalagay sa address.

Pinuntahan ko ito at ngayon nga ay nasa room na ako na sinulat ni ate april.

Bakit sa condo hotel ako pinapunta ni ate april? Ahhh! bahala na, magdo-doorbell na sana ako nang biglang bumukas ang pinto ng condo unit.

Nakita ko ang isang babaeng hilaw na palabas na pero may kausap pa sa loob ng condo unit kaya hindi pa niya ko nakikita.

"Grazie, Ci vediamo!", means Thank you, see you soon.

At malandi ang pagkakaimik niya.

Pero nagulat ako nang umimik din ang kausap niya sa condo unit.

Kilala ko ang boses na yun, kahit isang linggo kong hindi naririnig at kahit hindi ko siya nakikita. Tandang-tanda ko at hindi ako pwedeng magkamali.

Lumabas na nang tuluyan ang babaeng hilaw na malanding umimik at nagulat lalo ako nang makita ko na suot niya ang damit ni gag\*.

Hindi ako napansin nung babae dahil nagdire-diretso ito na lumakad paalis.

Hindi ko na naman mapigilang mag-isip ng kung anu-ano dahil sa nakita ko.

Pero pano kung pinapunta ako dito ni Ate April para lang makita na masaya si gag\* sa feeling ng iba.

Pano kung wala talaga siyang sakit?

Pano kung totoo yung iniisip ko tungkol sa nakita ko kanina.

Parang hindi ko kayang sabihin mismo niya sakin.

Naglakad na lang bigla ang mga paa ko paalis pero napatigil ako nang.

"Kyle..."

Tinawag niya ko, pero ang masakit nun, 'Kyle' ang tawag niya sakin at hindi 'Loves'.

Dati ayaw na ayaw kong tinatawag niya ko nun pero ngayong hindi na niya ko tinatawag, nasasaktan naman ako.

Baka nga tama yung iniisip ko.

Kumikirot na naman yung puso ko, huli na ata talaga para samin.

Tumakbo ako paalis ng condo unit

"Kyle! Tigil!", hinahabol na rin niya ko.

Sasakay na sana ako nang elevator nang mahawakan niya ko sa kamay ko.

"Kyle, please! tigil. Lagi na lang kitang hinahabol, kailan ka ba titigil?"

Lagi na lang ba talagang siya ang humahabol sakin?

"Mag-usap tayo, nakita mo ba yung kanina?"

Ayaw kong marinig sa kanya mismo yung iniisip ko.

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya.

"Tara!, okay?"

Tinatanggal ko ng mahinahon yung kamay niya sa kamay ko.

At ang masakit dun, hinayaan niya ko na tanggalin yun.

Nagpasok kami sa Condo unit niya.

Naka-upo ako sa sofa at siya naman ay nasa kusina at nakuhang tubig.

"so kaya ka nandito kasi sinabi ni Ate na may sakit ako?"

Hindi ako sumagot.

Parang hindi siya masaya na nagpunta ko, na makita ako.

"tsss. si Ate talaga!", kinamot niya yung ulo niya na parang naiinis.

"yung about sa kanina, kasama ko lang siya sa trabaho kasi ayaw ni mom na bigyan ako ng pera para sa condo kaya nagtrabaho ako"

Ngayon ko lang nakita, naka-T-shirt pala siya nung pang Ice Cream Parlor.

At fit sa kanya kaya halatang-halatang maganda ang katawan niya.

"nabasa yung damit niya kaya pinapunta ko siya dito sa condo tapos pinahiram ng damit ko kasi ang panget kung uuwi siyang basa ang damit niya lalo pa't maraming masasamang tao dito"

Pero hanggang ngayon hindi ko nakikitang masaya siya.

Para ngang galit pa siya na nagpunta ako.

"Bukas, ako nang bahala. Uuwi ka na", tumalikod siya sakin at nilapag ang iniinuman niyang baso sa lamesa.

Nasasaktan ako na wala siyang pakialam sa layo ng byinahe ko para lang makita siya.

Nasasaktan ako na makita siyang iba sa katulad ng dati na sakin lang umiikot ang mundo.

At ang masakit, yung pinapakita niya na kaya na niyang tumayo kahit wala ako.

I gathered all of my strength at tumayo ako.

"Aalis na ko ngayon", binuksan ko na yung pinto nang isara niya ulit ito.

"pssh, don't be a child! bukas ka aalis dahil delikado na ngayon!" Tumalikod siya sakin na parang normal lang akong tao at parang pinakita niya sakin na wala na talaga akong halaga sa kanya.

Tinanggal ko yung sapatos ko at binato ko ito sa kanya kaya napatigil siya.

"Okay lang sakin na saktan mo ako personal, pero bakit kailangan mo pang ipakita na wala kang pakialam sakin? bakit kailangan mong ipakita na hindi na ikaw yung dating lalaki na laging may pakialam sakin? bakit kailangan mo pang ipakita na hindi ka masayang nagpunta ako dito at nagkita tayo? Bakit kailangan mo pang ipakita na masaya ka at kaya mo kahit wala ako! Nasasaktan ako dahil hindi ko kaya yung mga ginagawa mo! Kasi mahal kita, mahal na mahal kita" hindi ko na napigilan ang sarili ko, nasabi ko na lahat nang mga gumugulo sa isipan ko.

"bakit gag\*"?

\*sob\*\*sob\*

Tumulo na ulit ang mga luha ko.

Ang mga traydor kong luha ay nagpapaunahan sa paglabas.

Pinupunasan ko nang kamay ko ang mga luha ko.

Mabilis na lumakad si gag\* palapit sakin at hindi ko inaasahan ang sunod niyang ginawa.

Marahas niya kong hinalikan.

Yes, he kissed me passionately.

Hindi ako makagalaw nung una pero kusa akong nag-respond sa halik niya nang maka-recover ako sa gulat.

Our kiss is so intense, full of love and passion.

He's caressing me then he pull me closer as I wrap my wrist around his neck.

Ramdam ko ang pagdidikit ng buong katawan namin ni gag\*.

"I miss you. hmm.. I miss you so much.. Loves"



How I love to hear him calling me 'Loves'.

"I love you.. hmm.. gag\*"

We both told to each other as we kiss each other.

The kiss is going deeper and deeper.

Hanggang hindi na kami makahingang dalawa.

Saka lang namin pinakawalan ang labi ng isa't-isa.

At isang napakainit na yakap naman ang binigay sakin ni gag\* pagkatapos ng halik na binigay niya sakin.

Nakapatong ang ulo niya sa balikat ko at ramdam ko ang paghinga niya sa leeg ko.

Niyakap ko rin siya ng mahigpit.

I miss his natural smell.

"Kaya hindi ko pinapakita na masaya na makita ka at magpunta dito, kaya hindi ko pinapakita na miss na miss kita, kaya hindi ko pinapakita na masaya ako na nagseselos ka sa katrabaho ko, at kaya ako nagagalit kay ate na pinapunta ka ditong mag-isa. Gusto mo bang malaman ang dahilan?"

Tumungo ako.

"Kasi baka hindi ko mapigilan yung sarili ko na yakapin ka sa bisig ko na katulad nito at dahil natatakot ako na hindi ko mapigilan yung mga kaya kong gawin lalo pa't solo kang pumunta dito at tayong dalawa lang dito sa condo unit ko.

Ngayon ko lang naisip yung sinasabi nya. =.="

"Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko Loves?"

Tumungo ako.

Ngayon, namumula ako dahil sa mga sinabi niya.

"Pero may isang bagay na mali sa sinabi mo?"

"ha?"

"Maaaring pinakita ko na kaya kong mabuhay na wala ka, pero hindi ko pinakita na masaya ako kahit wala ka, Loves kasi maaari mang mabuhay man ako kahit wala ka, pero hindi na ako sasaya ng katulad ng nararamdaman ko ngayon because I am madly, deeply, truly in love with you"

Hinalikan niya ako sa ulo ko.

"Ang totoo, sobrang saya ko ngayon! Na nagpunta ka dito dahil nag-aalala ka sakín kasi ang alam mo may sakit ako, malaman ko pa lang yun masaya na ko. At lalo na nung nagselos ka Hahaha You don't know how happy I am right at this very moment" (^o^)

At natutuwa pa talaga siya na nagseselos ako ha?!

Pero bakít hindi ko mapigilang kiligin sa mga sinasabi.

"Ngayon? Tutulog na ba tayo?", bumulong siya sa tenga ko using his very-husky-hot-voice.

Halos tumaas yung balahibo ko nang marinig ko yung boses niya. ~(>Q<)~

Isang boses na nang-aakit.

Bigla akong kumalas sa yakap niyang mahigpit at lumayo sa kanya.

"Wag kang lalapit sakín", tinuro ko siya "diyan ka lang! wag na wag mong subukang may gawing masama! hindi ako magaalinlangang patayin yang Junior mo sa baba"

"Talaga?? Kaya mong gawin yun?"

"o-OO! k-kaya lumayo-layo ka na! Kung hindi babaugin kita at uubusin ko ang lahi niyo"

Pero kahit na anong sabi ko ay lumapit pa rin siya sakín.

Bigla niya akong niyakap.

Siniko ko siya kaya namilipit siya.

At ginamit kong chance ang pamimilipit niya para makapunta sa pintuan bubuksan ko na sana pero.

Lock?! <(>0<)>!!!

Ni-lock niya.

"Tulong!! Rapist!!", kinakatok ko nang malakas yung pinto.

"kahit magsisigaw ka, walang tutulong sa'yo kasi PRIVATE condominium unit to kaya kahit marinig ka nila ay wala silang pakialam sa ginagawa natin", nakatayo na ulit siya.

Kaya tumakbo na ako, para lang akong tumatakbo dahil may rapist na humahabol sakin.

Hindi nagtagal ay nahuli rin niya ko.

Pero nagwawala ako hanggang sa halikan niya ulit ako.

Isang halik ang nakapag-patigil sakin.

Hindi nagtagal ang halik niya at hinarap niya ang mukha ko sa mukha niya.

"Babaugin mo ba talaga ko, Loves? Pano pag hindi tayo nagka-anak?"

How I miss his Pouty-Lips-Look! \*3\*

"Anak? Sinong nagsabi na magpapakasal ako sa'yo at sinong nagsabi na magpapabuntis ako sa'yo! Gag\*!!"

Bigla kong kinuha yung susi sa bulsa niya at binuksan ang condo niya saka tumakbo.

Lucky Escape from gag\*!

"Papahabol ka na naman ah! Pag nahuli kita buntis ka kaagad!"

What?! Tumingin ako sa kanya patalikod and I saw a raging bull running towards his prey, and that is no other than ME!! <(>0<)>!!!

Run From Deveil Run Run!

-----

Nagising ako na sinisinagan ang mukha ko ng araw.

Kaya nasisilaw ako dahil sa liwanag.

Pagmulat ng mata ko ay nakita ko ang isang napakagwapong-nilalang at (>.<" naked lang naman po ang adonis na ito sa harap ko.

Half Naked siya at naka-boxer lang ang suot niya.

Tinakloban ko ang katawan ko ng kumot.

At saka ako umiwas ng tingin sa kanya. <//<

Umupo siya sa kama kung saan ako nakahiga, sabihin nating sa kama niya kasi kama niya naman talaga to.

"Wag mo nang takluban yan, nakita ko na yan kagabi. At yan ang tanda oh!", ngiting-ngiti ang gag\* habang tinuturo ang kiss mark na ginawa niya sa medyo baba ng leeg ko.

Namula ang buong mukha ko sa sinabi niya.

Pinalo ko siya ng kamay sa braso niya.

"I hate y---" o.O

Hindi ko naipagpatuloy ang sasabihin ko dahil sa halik niya sakin.

Marahan ang halik niya, hindi katulad kagabi.

Pero hindi pa kaya ako nagto-toothbrush.

>.<"

Pinakawalan rin niya agad ang labi ko.

"Kaya kong tanggapin lahat ng sasabihin mo, wag lang ang salitang 'hate' dahil sa oras na sinabi mo ulit yun, magugunaw ang mundo ko"

At for the last time, binigyan niya ako ng smack sa labi ko.

"At totoo, naman ang sinabi ko ah! nakita ko na ang lahat ng yan pero sayang nga lang eh, hindi ko pa mapaparami ang lahi ko!" :3

>.<" Kailangan ba talagang ulit-ulitin?

Nakakahiya na nga yung sinabi niya kanina, dinagdagan pa niya eh di mas lalong nakakahiya.

Alam ko nang nakita niya, pero kailangan pa bang ipagmalaki?

Gag\*ng to!

"wait lang, may kukunin lang ako", at umalis nga siya sa harapan ko.

Pero atleast totoo ang sinabi niya. Hindi ko talaga hahayaang paramihin agad niya lahi niya no? 2nd Year pa lang po kaya ako at 4th year pa lang siya.

Nagtataka ba kayo kung bakit kumot lang ang nagtataklob sa katawan ko at boxer lang ang suot niya?

Nagsimula yun nung pagkatapos naming lumabas kahapon, bumalik kami dito at naligo ako. Pagkalabas ko sa C.R. ay nakita niya ako, lalabas na sana siya ng kwarto nang madulas ako dahil basa ang sahog kaya naman tinulungan niya akong tumayo pero nagkatitigan kami at binigyan niya ko ng isang mainit na halik at dun na nagsimula. Pero nang gagawin na namin ang bagay na yun, naisip ko na hindi pa ako handa sa consequences kaya tinigil namin pero gusto niya na sa ganoong posisyon kami matulog dahil gusto niyang maramdaman ang isang linggo na pananabik saakin.

Ayaw niya rin daw akong pilitin sa isang bagay na parehas kaming hindi pa handa.

He's a gentleman.

Hindi lahat ng lalaki ay katulad niya kaya napaka-swerte ko.

Bigla siyang bumalik habang nakangiting-nakangiti.

Umupo ulit siya kama niya habang ako naman ay nakaupo ang katawan pero nakahiga yung paa, basta yun na yun habang nakataklob pa rin sa katawan ko ang kumot.

"May ibabalik ako sa'yo!" (^,^)

"Ano yun?" (.^^)?

Bigla siyang tumayo at may nilagay sa leeg ko na necklace.

Saka siya umupo ulit sa kanina niyang inuupuan.

"ano to?" habang hinahawakan ko yung necklace, may pendant din ito na heart.

Actually, para siyang familiar saakin.

It seems that I saw it somewhere before.

"Hindi mo ba natatandaan yung necklace na yan, nahulog mo yan pagkatapos mong sampalin ang isang gwapong playboy 3 and a half years ago"

3 and a half years ago?

Sinampal? Gwapo?

Necklace?

@,@"

*Naiyak ako sa bench sa tapat ng mall.*

*May lumapit saking lalaki, gwapo siya.*

*“Ito oh!”, abot niya sakín ng panyo galing sa bulsa niya*

*Pero hindi ko siya pinansin.*

*Patuloy lang ako sa pag-iyak.*

*Tumuntong siya sa 1st line nang bench dahil nasa 3rd line ako.*

*“Wag ka nang umiyak”*

*Isa rin siya sa mga lalaking katulad ng papa ko, nakita ko kanina na nagpapaiyak siya nang babae.*

*Hinaplos-haplos niya yung likod ko.*

*“Bakit ka naiyak Little Princess?”, siya*

*Bigla akong tumayo at tumingin sa kanya nang blangko ang expression ko.*

*Hindi niya alam ang gagawin niya.*

*Naaasar ako sa mga lalaking katulad niya.*

*\*BLAG\**

*Napatingin ang lahat nang tao samin, pero wala akong pakialam.*

*Itinulak ko siya ng malakas at dahil nakatayo siya sa bench kaya nang tinulak ko siya ay nahulog siya at napa-upo sa semento*

*“Little Princess?!!! Walang Prince Charming at walang Princess, hindi sila totoo! Walang totoo!! Walang kwenta ang mga lalaki! WALA!!”, sabi ko sa kanya habang patuloy pa rin akong naiyak.*

*At iniwan ko na siya.*

*Nung gabing yun, nawala ang Necklace ko na may heart na pendant.*

*Hinanap ko siya pero hindi ko na siya nakita pa.*

*Pero ngayon, hindi ko inaasahang siya pa pala ang magbabalik sakín nang necklace na to.*

*"I-ikaw yung lalaki na yun?" o.O"*

Tumungo siya saka niya hinawakan ang pisngi niya.

"Ang sakit kaya nung sampal mo, pero salamat sa sampal mo dahil kung hindi dun ay hindi kita makikilala"

Hinawakan niya ang kamay ko.

"Kaya salamat sa kamay na to!", hinimas niya ang kamay ko.

Nilagay niya ang kamay ko sa pisngi niya habang nakatingin sakin.

Nakikita ko ang sobrang saya sa mata niya.

Ang laki rin nang pinagbago ng lalaking sinampal ko noon, hindi pa dati ganoon kaganda ang katawan niya pero ngayon parang hinubog at inukit na ito.

May naalala ako bigla, hindi lang siya ang may ibabalik. Ako din!

"wait lang! intayin mo ko dito"

Tumayo ako pero hawak ko pa rin yung kumot na nagtataklob sa katawan ko.

Pumunta ako sa bag ko at kinuha yung sanay matagal ko nang ibabalik sa kanya.

Pero hindi ako nagkaroon ng chance kaya ngayon ko lang maiibalik.

Kumuha na rin ako ng damit ko at pumunta muna sa CR, nagpalit at umupo sa kama sa tapat ni gag\*.

"bakit ka nagpalit agad? balak ko sana gumawa na ngayon eh!" :3

\*sigh\*

Hindi ko na pinatulan ang pagiging manyakis ng aking adonis dahil baka nga may magawa kami.

Ano Kyle? Wala! wala akong sinabi.

Lumapit ako kay gag\* at kinabit sa tenga niya ang hikaw na pinaghirapan kong hanapin sa ulanan.

Tama pala ang desisyon na dalhin ko ito ngayon.

Tinitigan ko siya suot ang hikaw niya, he's look so cool este hot! pero cool nga eh! Pwede bang Hot & Cool na lang?

"Nasa yo to'? Pero pano?"

"Naiwan mo yan nang iwan mo kong natutulog sa lumang bodega, paalis na ko ng makita ko yan! Alam kong mahalaga yan sa'yo kasi lagi kong nakikita na lagi mo yang suot-suot" (^,^)

Ngumiti siya sakín saka ako niyakap ng mahigpit.

"Sana hindi na matapos ang araw na to! ang saya-saya ko alam mo ba yun?"

"At yan din yung hinahanap ko sa field ng campus natin nang maulanan ako, magkasakit ako at nang akalain mo na si Melo yung dahilan kaya ako nagpaulan. Hindi ako tumigil sa paghahanap nun makita ko lang yan at nagtagumpay ako, sobrang saya ko ng makita ko yan."

"What?! Ito yung dahilan kung bakít ka nagkasakit?!", lumayo siya sa yakap namin.

Tumungo ako.

"bakít mo ginawa yun? hindi mo ba alam na mas mahalaga ka sakín at mas masasaktan ako kung makikita kang may sakit?"

Kahit na pinapagalitan niya ko, natutuwa pa rin ako kasi ibig sabihin may concern siya sakín.  
>///  
<

Pinoke niya ko sa ulo ko.

"Wag kang ngumiti-ngiti diyan, sa susunod wag mo nang gagawin yun dahil mas mahalaga ka kahit na sa anong bagay pa na meron ako"

Niyakap niya ulit ako nang napakahigpit.

ErRrr. Nakaboxer lang po kaya siya at half-naked pa po siya.

Ramdam ko yung init na tina-transmit ng katawan niya sa katawan ko.

"I love you Loves"

"I love you too gag\*"

"Pwede bang tawagin mo ako kahit isang beses na Loves, dali na! Para patawarin kita sa mga pagpapahirap mo sakinn nitong nakaraang buwan"

L-Loves? Siya tatawagin kong l-Loves? - \_\_\_ -

I can't imagine. =.=)"

Lumayo ako sa pagkakayakap niya.



"Kahit isang beses lang, please" \*3\*

"A-ayoko no! Bahala ka nga!" (-,-)

"Isang beses lang naman eh, kapalit ng pagpapahirap mo sakin"

Tumayo ako!

"Ayoko nga sabi!", ang kulit na naman niya na parang bata.

"Sasabihin mo o" bigla siyang tumingin sakin.

Isang nakakatakot na tingin.

Tatakbo na sana ako nang mahawakan niya ang dalawa kong kamay gamit ang isa niyang kamay.

"waaaa Ayoko nga sabi! Gag\* I hate y---"

Nakalimutan ko yung sinabi niya kanina kaya ayan pinatahimik na naman niya ako gamit ang labi niya.

Pero this time, iba na ang posisyon namin kasi nang mahalikan niya ako ay napasandal ako sa pader kaya ang posisyon namin ay hawak niya ang dalawa kong kamay gamit ang isa niyang kamay at nakalagay ito sa taas ng ulo ko at nakasandal din sa pader.

Napatingin ako sa katawan niya.

\*Q\* Gulp.

Machete. Yung malalaki at maiinit niyang pandesal! Inaakit na naman yung mata ko na tumingin sa kanila. <(>Q<)>!!!

Hinawakan niya ang chin ko at hinarap ang mukha ko sa mukha niya.

"I'll punish you!"

Sabi na nga ba eh,

And here we go again, kissing each other passionately.

The kiss was so intense pero bigla niyang pinakawalan ang labi ko.

"may kukunin lang ako, intayin mo ulit ako"

Ano ba yan, panira naman ng moment si gag\*.

Iniwana naman ako dito na nakatayo.

Pero mabilis siyang bumalik, wala pang isang minuto ay bumalik na siya.

Hinawakan niya ko sa dalawa kong braso.

Inayos niya ang tayo ko.

At biglang lumuhod sa harap ko.

"alam kong hindi engrande katulad ng mga ginagawa ko sa'yo dati katulad ng mga candle light dinner pero hindi ko na kayang mag-intay pa sa ibang oras at sa ibang panahon, ngayon dito sa apat na sulok ng kwarto kung nasana tayo, kaya mo bang tanggapin ng buong pagmamahal ko", may pinakita siya sa akin na isang maliit na box na nasa kamay niya.

>///< Ano bang ginagawa ni gag\*.

"a-ano ba yang ginagawa mo, tumayo ka nga!, pinalo ko siya sa braso niya.

"shhh. answer me!, okay?" (^,^)

Hindi ko maintindihan kung ano ang gagawin ko dahil sa mga sinasabi ni gag\*.

"Matatanggap mo ba yung pagmamahal ko, Kyle Castro, are you willing to be my...

...girlfriend?", binuksan niya ang maliit na box at isang singsing ang laman nito.

Hindi ako makaimik.

Ako na ang speechless na napapatawa, kasi naman sinong mag-aakala na may lalaking magtatanong sa isang babae kung pwede ba siyang maging girlfriend at luluhod sa harap nito na tanging 'BOXER' lang ang suot.

"gag\* tumayo ka nga, magbihis ka oh! naka-Boxer ka kaya, tingnan mo sarili mo"

"hindi ako tatayo hangga't hindi mo sinasagot ang tanong ko"

"bahala ka! Ayaw kitang maging boyfriend, ayaw ayaw ayaw!"

Umalis ako sa harap niya at naglakad pero hinalikan niya ulit ako at sinandal ulit sa pader, nilagay niya rin ang isa kong kamay sa dibdib niya.

Ahhhh!! gag\*, nang-aakit ba talaga siya.

Hindi ba niya naiisip na pwede ko siyang lapain dahil sa mga ginagawa niya.

"Ngayon, Hindi pa rin ba ang sagot mo?"

Tiningnan niya ko.

"OO, ayaw ko pa r---"

Hinalikan niya ulit ako.

"Talaga?"

"OO---"

Agan, he claimed my lips.

Nakakailan na tong gag\* na to sakin simula pa kahapon ah!

\*sigh\*

I lose.

From the very start I already lose to him.

Tiningnan niya ko na parang halos matunaw na ako.

"sasabihin mo na ba yung gusto kong sagot o gusto mo munang magparami ako ng lahi"

"ayoko sa lahi mo! gag\*!"

"ayaw mo ba talaga?" \*3\*

Nakita ko na naman siyang mag-pout! Hahaha (^o^)

Inalis ko na ang kamay ko sa dibdib niya dahil baka hindi ko mapigilan ang sarili ko.

Naglakad ako ng konti palayo at humarap ulit ako sa kanya.

"Sí, Oui, Ja, Sim, Ken, Sea, Jes, Jai, Ndiyo, Gee, Na'am, Haan, Hanji, Ho, Hufi", para naman siyang naguluhan sa sinabi ko.

"That means, YES!", patuloy ko.

Lumaki ang mata niya at sandaling napatahimik pero bigla niya akong niyakap ng mahigpit at yung tipong inikot.

"YES!!! WOHOOOO!!! ANG SAYA KOOOO!!! I LOVEEE YOUUU KYLE CASTRO!!!"  
\\(^,^)/

Matapos niya kong iikot ay tinitigan niya kong mabuti.

He's about to kiss me nang harangan ko yung labi niya.

"Nakarami ka na simula kahapon, kaya BAN ka sa aking humalik ng isang linggo"

Lumabas ako ng condo unit niya.

"Bahala ka diyan! Uuwi na ko! Dito ka na tumira kung gusto mo!", sinigaw ko talaga para marinig niya.

"BAN AKO?!! pano na yung Human Rights ko?", sumilip siya sa labas ng condo niya para makita ako. <(>0<)>!!!

Hahaha, hindi siya makalabas kasi naka-boxer lang ang gag\*.

Hinarap ko siya.

"Human Rights mo mukha mo!" (^,^)

At nagpatuloy ulit ako sa paglalakad ko.

I'll mark this day as the day I officially admitted to myself that my principle towards men are broken by my...

...Bubbly Prince.

-- Boyish Princess, Kyle Castro Signing Off.

P.S. (Pahabol Story)

***Nathan Castro:***

Hindi lahat ng pagmamahalan ay nabibigyan ng second chance dahil kung minsan kapag pinalampas natin ang unang pagkakataon, hindi na tayo nabibigyan pa ng iba pang pagkakataon kaya dapat pahalagahan natin kung anong meron tayo ngayon. Hindi alam ng iba na bago magsimula ang buhay nang kapatid ko, si Kyle at ni Ciro ay may mas naunang story. Ang storya ng pagmamahal ko at pagkabigo ko. **5 Years ago**, natutunan kong magmahal ng totoo pero hindi ko akalain na kung kalian pa ako magseseryoso ay dun pa ko masasaktan. Ang laki kong tang\* nang sumuko ako sa kanya, bagay na bagay nga ang tawag niya sakín dahil sa pagiging tang\* ko, **mokong**. Tuwing naririnig ko ang tawag niya saking mokong, iba yung pakiramdam ko, nababaliw na nga ata ako kasi natutuwa pa ako na ang tawag niya sakín ay ganon. Pero Hanggang ngayon ay umaasa ako na maibalik ang oras bago ako sumuko sa kanya, bago ako sumuko sa taong mahal ko, si **Ey Ey**. “Life is the middle of regret and happiness”

-- Nathan Castro, Signing off.

***April Acuin:***

Isa lang naman ang dahilan kung bakít ko tinutulungan ang kapatid ko at si Kyle, yun ay dahil ayaw kong maulit ang nangyari samin **5 years ago**. Ayaw kong ulitin ni Kyle ang ginawa ko sa lalaking mahal ko naman talaga pero hindi ko pinapakita, kaya hindi ko siya masisisi na siya mismo ang sumuko. Natutuwa ako tuwing kinukulit niya ko at tinatawag akong **Ey Ey**, pero kahit ganon pinapakita ko sa kanya na balewala lang siya sakín. Pero ako naman itong si tanga na nung umalis siya ay nasaktan din. Alam ko ang nararamdaman ni Kyle, yun yung takot na masaktan pero sa mga nangyari sa buhay ko ay may natutunan ako yun ay ang mas masakít na hindi mo ipaglaban ang nararamdaman mo. Hindi ko alam kong magkakaran pa kami ng pagkakataon ni **mokong**, pero umaasa ako, umaasa ako!. “The worst feeling in life is the feeling of being incomplete”.

-- April Acuin, Signing off.

\*The End\*

\*Vote and Comment po kung gusto (walang pilitan! Tandaan: wag pilitin ang ayaw, baka pumayag)\*

.....Copyright © 2012 by KrixZeroEight.....  
.....KrixZeroEight, Signing Off.....